

BAKIT LABAN AKO SA INORGANISANG RELIHIYON



Salamat sa iyo, Kapatid na Neville.

Maaari nang makaupo. Una, lubos akong naging abala sa araw na ito hanggang sa hindi ko na naharap ang ilan sa mga tawag ng maysakit. Mayroong ilang mga tao na pribado ang kaso na ipananalangin, na kakatagpuin ko sana. Ngunit ngayon ang ilan sa . . . isa sa mga naturang grupo, sa paniwala ko'y sinabi ni Billy na nanggaling sa Canada, dalawa o tatlong iba't ibang lugar. Ngayon, nagpupunta sila rito, alam n'yo na, at tumitigil sa mga hotel at mga motel palagi sa tuwina. At nagpupunta ako't kinakatagpo sila, nakikipagkita sa kanila at ipinananalangin sila na nanggaling pa sa lahat ng dako mula sa buong mundo, at Asya, Europa at sa lahat ng dako. Araw-araw, tuwing narito kami, dumarating ang mga tao. Mahigit pa sa anim na raan ang nasa listahan, na naghihintay para sa mga pribadong pakikipanayam, at kaya nagiging medyo mahirap ito. Ngunit ang mga tao na malubha ang sakit at mga kailangang-kailangang maipanalangin, naku, sinisikap kong makipagkita sa kanila.

² Sadyang, buweno, simula nang maparoon ako kasama ng kapulungan ng mga katiwala, sa isang munting pagpupulong kasama ang aking kapulungan ng mga katiwala dito sa iglesya, kinailangan naming magpulong ilang minuto pa lang ang nakararaan. At sa loob ng sandaling 'yon ay umubos ako ng isang oras at kalahati, at may ilang mga tao na dapat sana'y narito sa oras na 'yon para maipanalangin. Kung narito sila, gusto kong magkaroon ng pananalangin para sa kanila sa oras na ito. Kaya, kung magagawa nila, ang mga taong iyon na dapat sanang naipanalangin, buweno, kung makakapunta na sila dito ngayon habang ang piyanista, kung sino man ito, ay pumunta at—at bigyan tayo ng isang munting tipa ng "The great Physician now is near, the sympathizing Jesus." Ngayon 'yung mga ipapanalangin, kung magagawa nila, kung ilan ay di ko alam. At kayo ang mga kapatiran, sa palagay ko. Mga kapatid, labis akong naghirap sa sarili kong katawan. Dinala ni Jesus sa Kanyang katawan, ang paghihirap, upang Siya'y maging isang karapat-dapat na Tagapamagitan, sapagkat Siya bilang Diyos ay nagkatawang-tao upang magawang magpakasakit. Nararamdaman Niya ang mga hapdi ng karamdaman. At 'yan ang dahilan kung bakit Siya pumarito upang gumawa ng katubusan. At sa ganito Niya itinalaga ang Kanyang Iglesya na ipagpatuloy ang Kanyang gawa.

³ At mayroon ako—mayroon akong mataas na pagpapahalaga para sa propesyong medikal, pag-opera at iba pa, na—na may mga kakayahan na ipinagkaloob ng Diyos sa kanila upang gumawa ng mga ganoong bagay sa katawan, upang mag-opera at mag-alis ng mga nasirang ngipin, at iba pa. Pinahahalagahan ko iyan. Ngunit dumarating ang mga pagkakataon na ang mga iyon ay lagpas na sa kanilang—kanilang kaalaman, sila—hindi na nila alam kung ano ang gagawin. Kita n’yo? At sa palagay ko, kung magkagayon, ay mayroon tayong isang ganap na karapatan, na gaya rin naman sa natural, kung nagpunta na tayo sa ating pampamilyang doktor, marahil isang—isang doktor doon sa lalawigan, isang mabuting matandang doktor na nagdadala ng ilawan at naglalakad sa bukid sa gabi, upang hanapin ka, para gamutin ka. At kung mabigo man siya na malaman, magtutungo siya sa isang medyo mas mataas nang kaunti sa kanya. Ipadadala niya kayo sa isang espesyalista. At ngayon kung hindi alam ng espesyalista, ako—nagagalak ako na may isa pa tayong takbuhan, ang dakilang Manggagamot.

⁴ At hindi Siya nabibigo, hindi ang Isa na ito, sapagkat Siya Mismo ang Manlilikha. At gumawa na Siya ng paraan para sa atin. Ngayon, kung mayroong anumang kapangyarihan ng pagpapagaling sa sarili ko upang magawa ito, ako—magpupunta ako doon at gagawin ito. Ako—talagang magagalak akong gawin. Pero, kung kapangyarihan ng pagpapagaling, wala ako, walang ibang tao na may kapangyarihan ng pagpapagaling. Ngunit inatasan tayo, kita n’yo, mula kay Cristo, na manalangin para sa mga maysakit, Na idineposito na ang kapangyarihan ng pagpapagaling. Kita n’yo? At dumudulog lang tayo, na para bang, upang magsulat ng tseke para diyan. “At anumang inyong hingin sa Ama sa Aking Pangalan,” iyan ’yung pinirmahan nang blangkong tseke, “anuman ang inyong hingin sa Ama sa Aking Pangalan, ay yaon ang Aking gagawin.” Kaygandang pangako! Hindi talaga mabibigo. At natulungan ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae, sa buong mundo, na gawin ang mga depositong ito. . . o mag-withdraw mula sa mga papel de bangko na ito sa Bangko ng Diyos, sa dugo ni Jesus Cristo. At lubos itong naging matagumpay. Di Siya nabibigo palagi, at sapagkat naroon na nga ang deposito, nakita ninyo. “Siya—Siya—Siya *ay* nasugatan dahil sa ating mga pagsalansang, sa pamamagitan ng Kanyang mga latay *ay* nagsigaling tayo.” Kita n’yo, tapos na itong lahat. At masaya kami ngayong gabi dahil sa inyong pananampalataya.

⁵ Sa palagay ko’y sinasabi ni Billy sa akin na ang isang kapatid na lalaki ay nagbuhat pa sa Canada o sa kung saang lugar. At tama ba ’yon? Ikaw ba ’yung kapatid na galing ng Canada? At—at taga-saan ka, kapatid? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Sa hilaga lamang ng Fort Wayne, sa Kendallville.”—Pat.] Kendallville, Indiana, mula sa Fort Wayne. Ikinasal ako noon sa

Fort Wayne. Naaalala ko pang mabuti. Nagkaroon ng maraming pagtitipon doon sa Redigar Tabernacle. Sa palagay ko'y alam n'yo kung saan 'yon. At naaalala ko, habang isang munting kabataan pa, nauupo noon sa may paanan ni Paul Rader, sa Redigar Tabernacle, habang isa lamang batang ministrong mag-aaral. Isa siyang dakilang lalaki, si Kapatid na Paul, at gayon din si Kapatid na Redigar, mga lalaki ng pananampalataya. Namamahinga na ang kanilang kaluluwa ngayong gabi. At ngayon, habang munti pa akong kabataan, sinisikap kong ipagpatuloy kung ano ang kanilang iniwan, kung ano ang iniwan ni Jesus sa Kanyang Iglesya mula pa noon.

⁶ Ngayon, sampu ng lahat ng pananampalatayang taglay ko, lumalapit ako upang manalangin para sa inyo. At ako—hindi ako lumalapit para lamang magbaka-sakali. Hindi natin nais na lumapit dito sa ganyang paraan. Hindi, hindi tama 'yan. Lumalapit tayo, na sumasampalataya na makakamit natin kung ano ang ating hiniling, kita n'yo, nalalaman na ipinangako ito ng Diyos. At lumalapit tayo na may katiyakan sa ating puso na si Cristo ang nangako, at kayo mga kapatid ay nagsikap na ilagay ang inyong pananampalataya sa altar, ginawa na ang lahat ng inyong makakaya, lumalapit ako upang ilakip ang sa akin kasama ninyo sa gabing ito. Kita n'yo?

⁷ At, ngayon, mayroon tayong isang dakilang altar na umaabot hanggang sa kalangitan, at sa ibabaw ng altar na 'yon ay nakahimlay ang ating Hain, ang Anak ng Diyos. Kita n'yo? Ito 'yung duguang Hain. Hindi makatitingin ang Diyos nang lampas doon nang hindi Ito kinikilala, kita n'yo, sapagkat Iyon ang Kanyang Salita, "Ito ang sinisinta Kong Anak, Siya ang inyong pakinggan."

⁸ Hihilingin ko kay Kapatid na Neville, na ating elder, na kung maaari'y lumapit siya sa unahan ngayon kasama ko habang nagpapatuloy tayo. Nais ko na ang buong iglesya... Paano kaya kung ito ang inyong kapatid, asawa ninyo, anak n'yo, tatay n'yo? Ito'y sa iba, alalahanin. Tayo'y, sampu ng lahat ng katapatang mayroon tayo, lumapit sa Diyos ngayon para sa mga kapatid na ito.

Iyukod natin ang ating mga ulo.

⁹ Mahabaging Makalangit na Ama, dinadala po namin sa Iyong Presensiya ngayon, sa pamamagitan ng altar ng biyaya, na bagama't kami'y nakatayo sa tabi ng isang munting upuang kahoy, kung paano ito noon, dito sa lupa, ngunit ang aming pananampalataya ay umakyat na po doon sa dakilang altar na nagliliyab, kung saan si Jesus (ang Tagapagligtas na mabango ang Samyo sa harap ng Diyos, ang Haing Dugo mula sa Kalbaryo) na Siyang nanagumpay sa lahat ng sakit, lahat ng karamdaman, kamatayan, impiyerno, at sa libingan, at bumangong muli at umakyat sa Langit, upang umupo sa kanang

kamay ng Kanyang Kamahalan. At kami, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay lumalapit, na itinataas ang aming mga sarili doon sa biyaya ng Diyos, upang sabihin dito sa altar, sa dakilang Lumikha ng mga Langit at lupa, “Tanggapin Mo po kami, Panginoon, habang kami ay lumalapit sa Pangalan ng Panginoong Jesus.”

¹⁰ Narito ang aming mga kapatiran, at ang isa sa kanila ay nanggaling doon sa itaas ng Fort Wayne, dito sa mga estado, ang isa naman ay nanggaling pa doon sa Canada papunta dito, nagpunta para dito sa pinakamataimtim na sandaling ito. Ito’y sa pagitan ng kamatayan at buhay, Panginoon. Narito po ang dalawang lalaki, na mga bata pa, marami pang natitirang paglilingkod sa kanila para sa Iyo, Panginoon, dalawang sundalo, na mga Cristianong sumasampalataya sa Iyo. At ang kaaway ay naghagis ng sibat, at yaong may lasong sibat ay tumama sa kung saan sa kanilang katawan, at sila’y bumalik, nagbalik sa ospital ng biyaya ng Diyos, para sa pakikipagkasundo, para sa kagalingan, upang muli silang makalapit sa inyo, na nakataas ang kalasag, patungo sa pakikipaglaban. Nagpunta sila upang makiisa sa mga puwersa ng panalangin kasama namin, Panginoon. At humahayo po kami upang harapin ang kalaban.

¹¹ Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pakawalan mo sila. Inuutusan ka namin sa Pangalan ni Jesus Cristo, palayain mo sila.

¹² Sila ay mga mandirigma ng labanan. At, bilang Iyong lingkod, sumusulong ako ngayon upang magpatong ng mga kamay sa kanila, na may pananampalataya, nananampalataya na, “Lalaki ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya,” sabi ng aming Panginoon, na aming dakilang Punong Kapitan ng labanan, “kung kanilang ipapatong ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, ang mga ito’y magsisigaling.”

¹³ Ginagawa ko ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Nawa ang kapangyarihan ng karamdaman na gumagapos sa katawan ng kapatid na ito, ay pakawalan siya, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Ang kapangyarihan ng karamdaman na gumagapos sa katawan ng kapatid na ito, ay pakawalan siya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, lumisan nawa ito.

¹⁴ Makapangyarihang Diyos, Maylikha ng mga Langit at lupa, May-akda ng walang hanggang Buhay, at Tagapagbigay ng lahat ng mabuting kaloob, dalhin ang Iyong mga biyaya sa mga ito na aming pinagpala. At nasusulat po sa Mga Kasulatan, na, “Kung sabihin ninyo sa bundok na ito, ‘Malipat ka,’ huwag mag-alinlangan sa inyong puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi ninyo, ay kakamtin ninyo kung ano ang inyong sinabi.” Sumasampalataya ako na lumisan na ang kanilang karamdaman sa kanilang katawan. Ngayo’y nasabi na ito; ngayo’y hayaan itong maganap. Amen.

15 Sa Pangalan ng Panginoong Jesus nananampalataya ako na malaya ka na. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo nananampalataya ako na malaya ka na. Amen.

Sumasampalataya rin ba ang iglesya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Maganap ito kung gayon.

16 Ngayon, mayroon bang iba na narito na nagnanais na maalala sa panalangin, maaari ba ninyong itaas ang inyong kamay? Sige, lumapit na tayo sa Kanya ngayon habang ipinapatong ninyo ang inyong mga kamay sa isa't isa diyan. "Lalakip ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya."

17 Kabanal-banalang Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya'y nakikita namin si Jesus, naniniwala kaming naririto Siyang nakatayo. Binabantayan Niya ang Kanyang Salita. At sinabi Niya, "Kung saan ang dalawa o higit pa ay nagkakatipon sa Aking Pangalan, ay nasa gitna nila Ako." Ngayon, Makalangit na Ama, hayaang ang kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ay hipuin ang mga taong ito, Panginoon, habang ang kanilang mga kamay ay magkakahawak sa isa't isa, nakapatong sa isa't isa. Ang huling tagubilin na sinabi Mo po sa iglesya, "Lalakip ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya. Kung kanilang ipapatong ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, ang mga ito ay magiging...ang mga ito'y magsisigaling." Ipinangako Mo po ito, at sinasampalatayanan namin ito. Kaya ngayo'y naganap na ito, at pinupuri Ka po namin para dito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

18 At sa Pangalan ni Jesus Cristo nawa ang kapangyarihan ng Diyos ay pahiran ang mga panyong ito sa mga maysakit at sa nangangailangan. At habang ipinapadala ang mga ito at ipinapatong sa maysakit, maganap nawa na sila'y magsigaling. Nabasa namin sa Biblia na nagsikuha sila mula kay San Pablo, ng mga panyo, mga tapis; nilisan ng masasamang espiritu ang mga tao, at nagsigaling ang mga karamdaman. At, Ama, alam po naming hindi kami si San Pablo, ngunit alam namin na Ikaw pa rin si Jesus. At dalangin po namin na Iyong ipagkaloob ang kahilingang ito para sa Iyong kaluwalhatian. Amen.

19 Hindi ko alam kung mayroong...ang mga teyp ay nakabukas na ba, o hindi. Nakabukas na ba sila? Kung hindi pa, nais kong buksan na nila ang mga ito ngayon. Sa palagay ko'y naitaas na ang switch. Ngayon, sana'y hindi ko kayo mapagod ngayong gabi. Magsisimula ako ng mga kalahating oras o tatlumpu't limang minuto nang maaga. At ngayon, isa itong pang-Sunday school na aralin, at naisip ko na marahil siguro'y makabubuti ito kung maipateyp ko ang nasa aking puso. At papadako na tayo sa isang—isang panibagong yugto, bagong tabernakulo, lahat bago.

²⁰ At ngayo'y nais kong bumasa ng ilan sa Mga Kasulatan. Kung kayong mga tao'y nais akong samahang bumasa, nais kong bumasa mula sa Unang Samuel, sa ika-8 kabanata, at nais nating simulan sa ika-4 hanggang sa ika-10 talata; at pagkatapos, para makatipid sa oras, ika-19 hanggang sa ika-20. At mayroon akong ilang pahina ng Mga Kasulatan at siping pinagbatayang nakasulat dito, na kung kayong mga tao ay may panulat at lapis, o anuman, papel, na gusto ninyong magbatay sa mga ito o isinop ang mga ito, makukuha ninyo ang mga ito, o, magkakaroon si G. Maguire ng—ng—ng teyp.

²¹ At nais kong ihandog itong teyp sa mga ministro, sa mga kapatiran ko, sa mga ministro na hindi ako naunawaan, lalo na sa mga kapatid mula sa mga iglesyang denominasyonal. At halos lahat ay mga denominasyonal.

²² At ang paksa ko ngayong gabi ay: *Bakit Laban Ako Sa Inorganisang Relihiyon*. At magbabasa ako ngayon para sa isang batayan, o pagbasa ng Kasulatan, upang matiyak na ayon nga ito sa Kasulatan, nais kong bumasa mula sa Unang Samuel 8:4-10, saka 19-20. Sa mga tagapakinig ko na nakikita, umaasa akong kapag umuwi kayo sa inyong tahanan ay isusulat ninyo ang Mga Kasulatan ito at basahin ang mga ito nang mabuti. At sa mga kapatiran na makikinig sa teyp, umaasa ako na hindi rin ninyo basta ihihinto ang teyp kapag may nasabing isang bagay na hindi marahil ninyo sinasang-ayunan, kundi hahanapin ang Diyos dito, titingnan kung ayon nga ito sa Kasulatan. Sa palagay ko'y tungkulin natin ito sa sarili natin at sa Mensahe sa panahon na ito.

²³ Naniniwala ako na lahat ng mga iglesya ay may mga Cristiano sa kanila, at tiyak na hindi ako nangungusap laban sa mga Cristiano. Ngunit ang dahilan na ginawa ko kung ano ang nagawa ko na, at sinabi kung ano ang nasabi ko na, ay dahil sa inspirasyon ng Espiritu Santo sa Salita.

²⁴ Ngayon basahin natin sa Unang Samuel, sa ika-8 kabanata, simula sa ika-4 na talata, at basahin ang ika-10 talata, magkalakip, muna.

Nang magkagayo'y nagpipisan ang mga matanda ng Israel, at naparoon kay Samuel sa Rama,

At kanilang sinabi sa kaniya, Narito, ikaw ay matanda na, at ang iyong mga anak ay lumalakad hindi . . . hindi lumalakad sa daan: ngayon nga'y lagyan mo kami ng isang hari upang humatol sa amin gaya ng lahat ng mga bansa.

Nguni't hindi minabuti ni Samuel, nang kanilang sabihin, Bigyan mo kami ng isang hari upang humatol sa amin. At si Samuel ay nanalangin sa PANGINOON.

At sinabi ng PANGINOON kay Samuel, Dinggin mo ang tinig ng bayan sa lahat ng kanilang sinasabi sa iyo:

sapagka't hindi ikaw ang kanilang itinakuwil, kundi itinakuwil nila ako, upang huwag akong maghari sa kanila.

Ayon sa lahat na gawa na kanilang ginawa mula nang araw na iahon ko sila mula sa Egipto hanggang sa araw na ito, sa kanilang pagiiwan sa akin, at paglilingkod sa ibang mga dios, ay gayon ang ginagawa nila sa iyo.

Ngayon nga'y dinggin mo ang kanilang tinig: gayon ma'y tatanggi kang mainam sa kanila, at ipakikilala mo sa kanila ang paraan ng hari na mamumuno sa kanila.

At isinaysay ni Samuel itong buong salita ng PANGINOON sa bayan na humihingi sa kaniya ng isang hari.

- 25 Ngayon ang ika-19 na talata at ika-20 para sa kongklusyon.

Nguni't tinanggihang dinggin ng bayan ang tinig ni Samuel; at kanilang sinabi, Hindi; kundi magkakaroon kami ng hari sa amin;

Upang kami naman ay maging gaya ng lahat ng mga bansa; at upang hatulan kami ng aming hari, at lumabas . . . sa unahan namin, at ipakipaglaban ang aming pakikipagbaka.

- 26 Ang Panginoon ang magdagdag ng Kanyang pagpapala sa pagkakabasa ng Kanyang Mga Salita. Ngayon, bilang isang klase na pang-Sunday school, nais kong sabihin na gusto natin na sikaping maging—maging mapakinig sa abot ng makakaya natin sa Salita.

- 27 At alam natin na—na minsa'y nasasabi ang mga bagay, (at ilang mga iglesia), na nakakatisod sa isa na naturuan ng taliwas sa kung ano ang kanilang . . . naririnig. Halimbawa, isang lalaki ang nagsabi sa akin noong isang araw, na isang kaibigan ko na nariritong nakaupo ngayon, sabi niya, “Noong sabihin mo, Kapatid na Branham, napakalaki man ng tiwalang mayroon ako sa iyo, at naniniwala, nang sabihin mo na walang ‘walang impiyerno na Walang Hanggan,’” sabi, “para bang gusto kong mahulog mula sa upuan ko. At sabi ko, ‘Siguradong mali’yung tao.’” At saka sinabi, “Hinayaan mo kaming manatili nang matagal-tagal. At saka mo sinabi, ‘Mayroon lamang iisang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at nagmumula’y an sa Diyos.’” At iyan ang hinahanap nating lahat, kita n’yo.

- 28 At walang Kasulatan na nagsasabing mayroong Walang Hanggang impiyerno. Dahil, hindi kailanman nagpasimula ang Walang Hanggan, ni magwawakas man ito. Kaya sinabi ng Biblia na “nilikha ang impiyerno para sa Diablo at sa kanyang mga anghel,” kaya hindi ito Walang Hanggan. May panahon noon na wala ito, at darating ang panahon na mawawala ito, muli. Ngunit maaaring parusahan sila doon, sa pamamagitan

ng apoy at asupre, at ng mga hukay ng apoy, nang mahabang-mahabang panahon, ngunit sa huli'y magwawakas ito sapagkat ang impiyerno'y hindi Walang Hanggan. At kung mayroon mang Walang Hanggang impiyerno, kailangang magkaroon ka ng Buhay na Walang Hanggan upang mabuhay sa isang Walang Hanggang impiyerno. At kung Walang Hanggan ito, ito'y dati nang namamalagi, at nasa impiyerno ka na sa tuwina noon pa at mapapasaimpiyerno ka sa tuwina. Kita n'yo, kaya walang ganoong bagay.

²⁹ Kaya, nakita ninyo, ang *Walang Hanggan* ay “wala kailanmang pasimula o katapusan.” At mayroon lamang iisang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at iyan ay sa Diyos, nagmumula sa salitang Griyegong *Zoe*, na nangangahulugang “Sariling Buhay ng Diyos.” At kapag tayo'y ipinanganak na muli ng Espiritu ng Diyos, magiging Walang Hanggan tayo kasama ng Diyos, sapagkat mayroon tayong bahagi ng Kanyang Buhay, na sa atin ay nagpapaging mga anak na lalaki't anak na babae ng Diyos, kung gayo'y may Buhay na Walang Hanggan tayo. At ang Buhay na nasa atin, ibabangon ng Diyos ang katawan kasama ng Buhay sa huling araw, ngunit ang Espiritu ng Diyos na nasa atin ang babangon, dahil ito ay Espiritu ni Cristo na na kay Cristo, na bumubuhay sa katawan natin at magbabangon din sa atin, kasama Niya, upang maupo sa—sa—sa Kaluwalhatian at magharing kasama Niya.

³⁰ Ngayon sa paksa, ngayon, marami na akong napagdaanan sa haba ng mga taong ito, at nanatili pa rin ang tabernakulong ito. Bagaman, naitalaga ako sa isang iglesyang Missionary Baptist, ni Doctor Roy E. Davis, mga tatlumpu't tatlong taon na ang nakakaraan, dito sa Jeffersonville. Ngayon ako, mula noon, nasa organisasyon ako nang maikling panahon lamang, ilang buwan, hanggang sa dumating ang isang bagay na hindi ayon sa Kasulatan sa iglesya, at sinabi ko sa kanya na hindi ko mapapayagan iyon. At kaya ako ay, siyempre, inutusan na “gawin ito o kung hindi,” at nag-kung hindi ako. Kaya isa 'yang bagay na pinaniniwalaan ko, na ito ang Salita ng Diyos. At sinabi ko doon sa tao na isang—isang dalubhasang guro, “Kung maipapakita mo sa akin 'yan sa Salita ng Diyos!”

“Pero ito nga,” sabi niya, “iyan ang katuruan natin.”

Sabi ko, “Pero gusto ko na galing ito sa Salita, kita mo, sa Salita ng Diyos.”

³¹ At hindi dahil sa hindi ako kabilang sa isang organisasyon kaya laban ako sa organisasyon, sapagkat nagpapasalamat ako sa mga kapatiran ko, kung kanino ako nangungusap ngayon, na mayroon akong mga paanyaya sa, sa palagay ko, halos lahat ng denominasyon, lalo na sa mga hanay ng Full Gospel, at maging sa maraming iba pang mga iglesya. Nahilingan ako na sumama sa kanilang pagtitipon at makianib sa kanila, ngunit nanatili

akong nagsasarili. Dahil, kung ano man ang impluwensiya na mayroon ako, hindi ko nais na ilagay ito sa isang grupo ng mga tao. Hangad ko na ilagay kung ano ang ibinigay sa akin ng Diyos, isang panalangin para sa maysakit, na mapakinabangan ng lahat ng anak ng Diyos sa bawat organisasyon. Hindi Siya kailanman tumutol sa akin na huwag manalangin, o para sa isang ito dahil kasapi sila ng *Ganito-at-ganyan*, hinahatulan ng Diyos ang puso ng tao.

³² At ngayon, upang pasimulan, ang dahilan na hindi ako sumapi sa kanila at nangusap nang laban dito, ay, una, ay dahil hindi ako naniniwala na ang pag-oorganisa ng Cristianismo ay ayon sa Kasulatan. Naniniwala akong hindi ito ayon sa Kasulatan. At iyan ang sisikapin ko, ngayong gabi, sisikapin sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, na mapatunayan sa inyo na hindi ito ayon sa Kasulatan, hindi katanggap-tanggap na magkaroon ng isang organisasyon.

³³ Ngayon, unang-una na, tinatawag natin itong “relihiyon,” ang salitang *relihiyon* ay “isang pantakip,” nangangahulugan na takpan ang isang bagay. Ngayon, nagkaroon ng isang relihiyon si Adan, ngunit talagang ginawa niya mismo ito, mula sa mga dahon ng igos, at hindi ito umubra. Gumawa siya ng kanyang sariling teorya at sumubok na gumawa ng isang paraan ng pagtakas, upang makahanap ng kaligtasan sa isang bagay na ginawa niya mismo, at tinanggihan ito ng Diyos, mula kay Adan sunud-sunod hanggang sa huling organisasyon. Hindi kailanman, at sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ay patutunayan natin ito ngayon sa pamamagitan ng Biblia. Isang pantakip ang relihiyon. Iginawa ni Adan ang kanyang sarili ng isang pantakip mula sa mga dahon ng igos, ginawa ito, mismo, para subukang gumawa ng isang bagay sa kanyang sarili.

³⁴ Ngunit nangailangan ang Diyos ng kamatayan, ng isang pantubos. Ngayon, may malaking pagkakaiba sa pagitan ng relihiyon at kaligtasan, kita n’yo, kaligtasan. Ang relihiyon ay pantakip. Kita n’yo? Ang kaligtasan ay Kapanganakan, isang kaloob ng Diyos. Ang kaligtasan ay isang Kapanganakan, isang kaloob ng Diyos, at hindi ito maaaring makamit ng kahit sinong tao o alinmang grupo ng mga tao. Ang indibidwal iyon na siyang binibigyan ng Diyos ng kaloob na ito. At ang mga kaloob na ito ng Buhay na Walang Hanggan ay itinalaga ng Diyos sa bawat indibidwal bago pa man tayo nagkaroon ng mundo, ayon sa Mga Kasulatan. Sinabi ng Biblia, sa Apocalipsis, na ang anticristo na darating sa ibabaw ng lupa, ay dadayain ang lahat ng naninirahan sa ibabaw ng lupa, na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. Kita n’yo? Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang paunang-kaalaman, ay nakita na kung sino ang lalapit at kung sino ang hindi lalapit, bumaba si

Cristo upang gumawa ng daan para sa mga magsisilapit. Kita n'yo, nalalaman ang mga iba.

³⁵ Kung Siya ay Diyos, ngang talaga, Siya dapat ay walang katapusan. At kung wala Siyang katapusan, hindi Siya maaaring maging walang katapusan nang hindi nagiging pinakamakapangyarihan. Hindi Siya maaaring maging pinakamakapangyarihan nang hindi sumasa lahat ng dako. Hindi Siya maaaring maging nasa lahat ng dako nang hindi nababatid ang lahat ng bagay. Kaya, nakita n'yo na, lahat ng iyan ay nagpapaging Diyos sa Kanya.

³⁶ Kaya, alam Niya ang wakas mula sa simula. Alam Niya kung sino ang lalapit at kung sino ang hindi, at alam Niya na marami ang lalapit, kaya isinugo Niya si Cristo upang gumawa ng katubusan para doon sa mga lalapit. Ngayon, walang anumang bagay na ginagawa natin ang maaaring magkaroon ng anumang kinalaman dito. Sinabi ni Jesus, “Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama,” ibinigay, pangnagdaan, “ay magsisilapit sa Akin. At walang taong makalalapit maliban na ilapit siya ng Aking Ama.” Kita n'yo? Ngayon, kita n'yo, lahat ng ito ay nasa kaalaman ng Diyos.

³⁷ Sasabihin mo, “Kapatid na Branham, pasok na ba ako?” Hindi ko alam. Umaasa ako na ako nga. Pinagsisikapan natin ang ating sariling pagkaligtas na may takot at panginginig. Ngayon, itinalaga ang Iglesya na salubungin ang Diyos nang walang bahid o kulubot. Ngayon, kung tayo'y nasa Iglesyang 'yan, itinalaga tayo kasama ng Iglesyang iyan. Ngayon suriin n'yo ang inyong sarili sa pamamagitan ng Salita, kung ganoon ay malalaman ninyo kung gaano na tayo kalayo.

³⁸ Ngayon, ngayon, hindi maibibigay ng makaorganisasyong Cristianismo ang ganyang katiyakan. Hindi. Sinabi ng ilan sa kanila, “Lumapit ka at ipahayag na si Jesus ay ang Cristo at magpabautismo sa iglesya.” Ginagawa rin ng Diablo ang gayong bagay. Naniniwala siya, mismo, na si Jesus nga ang Cristo, at nanginginig pa. Kita n'yo, tama 'yan.

³⁹ Hindi kailanman iniutos ng Diyos, wala saan man sa Kasulatan, na magkaroon kahit kailan ng anumang organisasyon. Walang dako sa Biblia para riyon. Nagsimula si Adan ng isa at nabigo ito.

⁴⁰ At pagkatapos ay sinubukan ni Nimrod na gumawa ng organisasyon. Kung isa kang mananaliksik ng kasaysayan, at alam mo ang kasaysayan ng Babilonia, basahin ang *Dalawang Babilonia* ni Hislop, makakasumpung ka ng isang napakalaking liwanag. Iyang, si Nimrod, itong makasalanang tao, ay pinagsama-sama ang Babilonia at ang lahat ng maliit na iglesyang kasama nito, o mga lugar sa palibot, na isang tipo ng—ng pagtalikod ng Cristianismo sa huling panahon na ito, at gumawa ng isang malaking lugar at ang lahat ng iba pa sa

kanila ay gumanap . . . ay pinarangalan ito. At nagtayo siya roon ng isang tore at sinubukan na organisahin nang sama-sama ang mga tao, ngunit nabigo ito. Nabigo ito. Nabigo 'yon.

⁴¹ Si Kora, sa Mga Bilang 16:1, kung nais ninyong basahin, sinubukan ni Kora ang mismong ganoon ding bagay. Pinagsama-sama niya ang lahat ng mga Levita, at kinuha niya ang . . . ilan sa mga bantog na tao, ang matataas na tao, tanyag na mga tao, banal na mga tao, at siya at si Dathan ay nagsama at nagsabi, “Hindi tama ito, isang tao na nagsisikap na mamuno sa ating lahat.” At kaya sinubukan nilang pasimulan ang isang organisasyon na magkakasama, at lumapit sila sa harap ni Moises at ni Aaron, na silang pinili ng Diyos para sa gawain, at sinabi sa kanila na lubha silang nagmamalabis sa kanilang sarili, na banal naman daw ang buong kongregasyon, at mayroon silang karapatan na . . . “Sa karamihan ng mga payo ay may kagalingan,” siyempre, sabi nga nila. Hindi 'yan magagamit sa Cristianismo. Iya'y sa digmaan. Pansinin, isang napakalaking kaibahan.

⁴² Maaari kayong kumuha ng isang Kasulatan, at sabihin, “Si Judas ay yumaon at binigti ang kanyang sarili” at “gayon din ang gawin ninyo,” kung nais ninyo, subalit hindi niyon pinagiging tama ito.

⁴³ Pinili ng Diyos si Moises at pinili ng Diyos si Aaron, at iyon ang mensahe sa panahong iyon. At gaano man kabuti tingnan ang kabilang panig, ito'y taliwas sa isipan ng Diyos. At dapat nating hayaan ang pag-iisip ng Diyos na maging pag-iisip natin. “Magkaroon kayo sa inyo ng pag-iisip na na kay Cristo.” At inihahayag ng Bibliang ito ang pag-iisip ni Cristo. At ang buong Aklat ng Mga Kapahayagan, na tinatawag na Apocalipsis, ay ang Kapahayagan ni Jesus Cristo. At makikita natin kung gaano Niya kinokondena ang naturang bagay, kung paano Niya ito isinasantabi, at dadako tayo rito pagkatapos ng isang saglit. Sige.

⁴⁴ Si Kora, naniniwala akong tapat siya sa kanyang gawa. Naniniwala akong 'yung tao ay hindi–hindi sinasadyang makagawa ng mali. Naniniwala akong iyon ay ang kamangmangan ng tao na hindi nakita ang kamay ng Diyos na kumikilos at nalaman ang Mga Kasulatan, at iyan ang dahilan kaya dinala lamang niya ito sa pangangatwiran.

⁴⁵ At iyan ay halos nasa siyamnapung porsiyento ng suliranin ngayon, na sinusubukan nating ipasok sa programa ng Diyos, ang ating kaisipan. At hindi naman dapat tayo mag-isip, man lang. Siya ang gumagawa ng ating kaisipan. Dapat nating isuko ang ating kaisipan sa Kanyang kalooban. Nauunawaan na ba ninyo ngayon?

⁴⁶ Si Kora, na may mabuting hangarin, ay nagpalaganap ng isang bulaang doktrina, sinasabi dito sa mga kapatid, at

ipinapakita sa kanila sa pamamagitan ng pangangatwiran, na hindi lamang si Moises ang pinagpala ng Diyos, ang propeta, ang mensahero, at siya lamang ang pinagpala, kundi, “Ang buong kongregasyon ay banal,” sabi niya, “at may karapatan ang buong kongregasyon ngayon na gawin ang *ganito*, at may karapatan ang buong kongregasyon na gawin ang *ganoon*.” At kaya may mabubuti silang mga tao, mga Levita. Ngayon, iyan ang pinili ng Diyos, na kung tatawagin ngayon, “ang mga ministro,” ang Levita ang ministro sa templo. Hindi ba’t tinawag sila ni Moises para dito? At, dito, hindi siya kailanman nagtungo rito nang wal- . . . walang pagpipitagan. Sinabi niya sa kanila na kumuha ng mga suuban, at sidlan ito ng banal na apoy, at patungan ito ng kamangyan, at iwagayway itong banal na kamangyan, na siyang iniutos ng Diyos. At sila’y nagtipong gumawa ng isang pangkat ng mga kalalakihan upang pamahalaan ang iglesya, kung saan isang tao ang inutusan ng Diyos na gawin ang gayon.

⁴⁷ At, nang gawin nga nila ‘yon, nagpatirapa si Moises sapagkat alam niya na itinalaga siya ng Diyos sa gawaing iyon. At sinabi ng Diyos, “Pagdalahin mo sila niyaong mga suuban dito sa harap ng tabernakulo.” At kaya nang kanilang simulang iwagayway ang kanilang mga suuban na puno ng apoy, at kumakalat ang kamangyan, sinabi ng Diyos kina Moises at Aaron, “Humiwalay kayo sa kanila! Umalis kayo sa kanila!” Sapagkat, kalauna’y tinawag Niya silang “mga makasalanan, mga di-mananampalataya.”

⁴⁸ At ang kasalanan ay kawalan ng pananampalataya sa Salita ng Diyos. Nagnanakaw ka dahil hindi ka nananampalataya. Nagsisinungaling ka dahil hindi ka nananampalataya. Nangangalunya ka dahil hindi ka nananampalataya. Kung isa kang mananampalataya, hindi mo gagawin ang ganyan. May dadalawa lamang na balabal, ‘yan ay alinman sa pananampalataya o kawalan ng pananampalataya, kinokontrol ka ng isa o nung isa pa.

⁴⁹ Ngayon, ang Diyos, sa pasimula, ay ang Salita, at nagkatawang-tao Siya at nanahang kasama natin. Siya nga ang Salita, Siya ang Salita! At kapag nananahan sa inyo ang Diyos, ito’y ang Salita ng Diyos na nananahan sa inyo, na magagawa ninyong sang-ayunan ang lahat ng bagay na Kanyang sinasabi ng “Amen.” Iyan ang Diyos na nananahan sa inyo.

⁵⁰ Ngayon kung mapapansin ninyo, itong mga inosenteng tao na may mga suuban sa kanilang kamay, may hawak na banal na apoy sa kanilang kamay, pinabuka ng Diyos ang lupa at nilamon sila, at inihiwalay sila kay Moises dahil inihiwalay ni Moises ang kanyang sarili sa kanila. At binalaan ni Moises ang kongregasyon, “Huwag kayong makihalubilo sa ganyang uri ng grupo. Magsilayo kayo sa kanila!” Ngayon, alam ninyo ang Mga Kasulatan, basahin ang ika-16, ika-17, ika-18, maging, kabanata, at makikita ninyo ito. “Humiwalay

kayo sa mga makasalanang ito, mga makasalanang walang pananampalataya. Magsialis kayo sa kanila, sapagkat patungo na sila sa pagkapahamak, at ang lahat ng bagay na mayroon sila.” At nang sila’y . . . nabungkal ang lupa at gumuho habang hawak-hawak ng mga taong ito ang banal na apoy na ito. Mga inosenteng tao na nadaya ng tao.

⁵¹ Gayun din ngayon! Maraming mga inosenteng tao ang nahuhulog sa patibong ng tradisyon, na hinahawakan sa kanyang kamay ang Banal na Salita, at ipinapalagay na nangangaral mula Dito. Nakita ko ang pagpapahiwatig na nagdaan sa mukha ng isang ministro noon, isang ministrong Methodist, isang dating Methodist na ministro hanggang noong nakaraang Linggo ng gabi. At nang tumingin siya, sa palagay ko’y napakahalaga nito sa iyo, kapatid, na makalabas.

⁵² Ngayon, kita n’yo, hawak-hawak ang mga suuban, sinusunog ng apoy ang humahalimuyak na mabangong samyo sa harap ng Diyos, at hawak-hawak iyon ng mga kamay na iyon, gayunma’y namatay na ang mga suuban ay nasa kanilang kamay, dahil sinisikap nilang gumawa ng isang bagay na may katapatan, na ganun pa man, ay taliwas sa Salita ng Diyos, na sinisikap gumawa ng isang organisasyon. Sabi, “Lubha kang nagmamalabis sa iyong sarili. Sino ka ba para sabihin na nasa iyo ang lahat ng Salita ng Diyos?”

⁵³ Nabigo silang makita na si Moises ang—ang mensahero ng panahong iyon. Kita n’yo, mayroon siyang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Walang sinuman sa lupa na gaya niya. Nasa kanya ang Mensahe, at nabigo ang mga tao na makita Ito. At si Moises ay ganap na mayroong GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sigurado. Siyanga.

⁵⁴ Ngayon nakikita natin ang gayun ding bagay sa araw na ito, mga mabubuting tao, mga dakilang tao, mahahalagang tao na sinisikap na ipangaral ang Salita ng Diyos (sa kanilang kamay) sa pamamagitan ng kung anong tradisyong gawa ng tao. Pinuputol *dito*, at binabawasan *diyan*, at ginagawa itong *ganito*, at “halika’t umanib ka sa iglesya at palitan ang kinaaaniban mo,” at mamatay sa espirituwal na nasa kanilang kamay ang Salitang iyan! Kita n’yo?

⁵⁵ Hindi nila mapaniwalaan ang mensahero ng Diyos o ang Kanyang Mensahe sa panahon na ’yon. Hindi nila maunawaan kung bakit ayaw ng isang dakilang Diyos na gumawa sa pamamagitan ng isang buong pangkat ng mga tao, at inilagay lamang iyon sa iisang tao.

⁵⁶ Ilan sa kanila ang nakausap ko ngayon, “Ano ang gagawin namin, Kapatid na Branham? Alam naming tama ka, pero ano ang gagawin namin? Paaalisin kami ng organisasyon, wala na kaming ibang lugar na mapupuntahan.” Nalulungkot ako para

sa kanila; ngunit may isang Lugar. Sasabihin ninyo, “Buweno, mamamatay kami sa gutom.”

⁵⁷ Sinabi ni David, “Minsan ako ay bata, at ngayo’y matanda na ako, at kailanma’y hindi ko nakitang pinabayaan ang matuwid, ni ang kanyang mga anak na mamalimos ng tinapay.”

⁵⁸ Iya’y eksaktong nasa gayon ding batayan kaya nila tinanggihan si Jesus. Lubos na nakatuon ang kanilang pansin sa kanilang denominasyon, at mga banal na pari at mga banal na gusali, at mga banal na iglesya at mga banal na templo, hanggang sa nabigo na silang makita ang Diyos sa templo Niyang tao. “Ikaw, na isang tao, ginagawa Mong Diyos ang sarili Mo.” Kita n’yo, masyado nang nakatuon ang kanilang pansin dito! Lubha nang nakatuon ang pansin ng mga taong ito na si Dathan at sila na ang tama. Masyado nang nakatuon ang pansin ni Nimrod na makakamit niya ang isang bagay na magawa niyang hindi matakot ang mga tao sa poot ng Diyos. Sigurado si Adan na kung tinakpan niya ang kanyang kahubaran ay hindi na ito makikita ng Diyos. Hindi ninyo ito maaaring takpan, ang Diyos ang dapat magtakip dito. Kita n’yo? Kita n’yo? Ang programa ng Diyos ang magtatakip dito, hindi ang sa inyo. Ganyan na ito noon pa, nabigo silang makita si Jesus sa Kanyang templo, ang Diyos na nahayag sa laman.

⁵⁹ Ngayon medyo pinasasama nito ang pakiramdam ko kapag nakikita ko ang Mga Salita ng Biblia na lubos nang pinagputol-putol ng mga tradisyon. At ang mga taong may tapat na puso na tumatayo diyan at nakikinig sa Salitang iyan, at alam nilang Ito ang Katotohanan, ngunit ayaw nilang mangahas na gumawa ng hakbang, dahil iba ang itinuturo sa kanila ng kanilang tradisyon. Hugasan ang mga palayok at mga kawali, kung ganoon, mga kapatid, magpatuloy kayo. Ngunit para sa amin, at para sa akin at sa sambahayan ko, pinipili namin si Cristo, ang Salita. Kita n’yo?

⁶⁰ Kuhanin lang natin sandali ang Juan 3, si Nicodemo, isang guro at pinuno ng isang malaking denominasyon na tinatawag na Sanhedrin. Tinipon nila ang kanilang mga sarili na magkakasama, at ginawa nila ang kanilang mga tradisyon. Ang—ang isa sa mga Fariseo at ang isa sa mga Saduceo, at nagkaroon sila ng kanilang denominasyon noon, ng kanilang mga pagkakaiba, at kaya sila . . . Isang guro ang lalaking ito, isang pinuno nitong dakilang Sanhedrin, isang kamanghamanghang tao sa pagtuturo. Alam niya ang Mga Kasulatan, inakala niya. Alam niya iyon sa pamamagitan ng kanilang tradisyon. Hindi ba’t sinabi ni Jesus, “Kayo, dahil sa inyong sali’t saling sabi, ay niwalan ninyo ng kabuluhan ang Salita ng Diyos?”

⁶¹ Nakita ninyo, dahil sa kanilang mga tradisyon! Ano iyon? Inilalagay ang sarili nilang pagpapakahulugan sa Salita, sa halip

na hayaan lamang Ito, kung ano ang sinasabi Nito. Sinasabi nilang hindi ganito ang kahulugan Nito. Napansin ba ninyo, na iyan din ang tinig na ginamit noon ng Diablo kay Eba, upang pasimulan ang unang organisasyon, kita n'yo. "Tunay, na magiging *ganito* ito. Hindi gagawin 'yan ng Diyos, alam mo." Kita n'yo, ganyang bagay din ito. Ganyang bagay rin ito ngayon.

⁶² Ngayon napansin natin na lumapit itong pinuno kay Jesus. Ang unang bagay, ngayon, lumapit siya sa paghahanap ng Buhay na Walang Hanggan, lumapit siya sa paghahanap ng kaligtasan. Kahit na, isang lalaki na nasa kanyang katayuan, isang guro sa Israel, ngunit isang guro sa Israel na lumapit sa isang Lalaki na wala tayong nakatala na nagkaroon ng isang araw man sa paaralan. Isang may katandaan nang lalaki, matandang saserdote, pantas, na lumapit sa isang bata pang Lalaki. Mga aristokrata sila, mayamang tao na lumapit sa isang Pulubi na walang dako na mapaghimlayan ng Kanyang ulo, upang itanong sa Kanya ang daan tungo sa kaligtasan at Buhay. Unang-una, silang mga mula sa Sanhedrin na iyon, na inihayag nga ni Nicodemo, nakita nila kay Jesus ang isang bagay na hindi taglay ng ibang mga tao sa kanilang organisasyon. Nakita nila na may isang bagay sa Kanya, dahil sinabi niya, "Rabi, nakikilala Ka namin." "Kami," oo, hindi nila sasabihin ito, sapagkat mapapatalsik sila. Kita n'yo? "Nalalaman namin na Ikaw ay isang Guro na nagbuhat sa Diyos, sapagkat walang taong makagagawa ng mga bagay na ito na Iyong ginagawa maliban na sumasa kanya ang Diyos. Alam namin 'yan!" Oh, naku! Organisasyon!

⁶³ Ngayon, napansin natin na si Jesus ay isang kahayagan ng Diyos. Ngayon, "Walang tao na makagagawa ng mga bagay na ito maliban na sumasa kanya ang Diyos." Alam nila na may isang bagay na kakaiba doon sa Tao. Siya ang Ilaw ng araw na iyon. Siya ang Saksi ng Diyos.

⁶⁴ Ganyan ding bagay ang nakita ni Kora kay Moises. Wala silang tao nang panahong iyon na tulad ni Moises. Siya ang Makalangit na saksi ng Diyos, ng panahong iyon, sa kapangyarihan ng Diyos. Nakita ito ni Kora at ng kanyang pangkat kay Moises. Napag-unawa nila na hindi maaaring ito'y si Moises; hindi makakaya ni Moises na pabukahin ang Dagat na Pula, hindi makakaya ni Moises na magpadala ng mga salot sa ibabaw ng lupa. Ang Diyos iyon na na kay Moises, at, dahil ikinakatawan ng Diyos ang Kanyang Sarili sa isang saksi o isang liwanag ng panahong iyon, nabigo silang makita Ito. Ninais ni Kora na gumawa ng isang buong pangkat ng mga kalalakihan, magpasok ng anumang bagay.

⁶⁵ Sa ganyan magaling ang organisasyon, magpasok ng lahat ng kung anu-anong mga kalat na mayroon, at tawagin ito na "Cristianismo." Papag-aralin ang isang kabataang lalaki na di hihigit ang nalalaman tungkol sa Diyos kaysa sa nalalaman

ng isang Hottentot tungkol sa isang Egyptian night, ipapadala siya doon at bibigyan siya ng edukasyon at tuturuan siya ng sikolohiya, at bibigyan siya ng Ph.D., at isang digri sa pagkadoktor o batsilyer sa sining, o isang bagay o iba na gaya niyan. At isusugo siya upang ipangaral ang Ebanghelyo, na ni hindi pa nga kailanman naligtas, na tatanggihan ang birheng kapanganakan at ang muling pagkabuhay, tatanggihan ang Makalangit na pagpapagaling, tatanggihan ang Kapangyarihan ng Diyos, tatanggihan ang pinaka simulain na pinagbuwisan ni Jesus ng buhay, tatanggihan na kinasihan ang Marcos 16, tatanggihang “lalakip ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya,” gayong sinabi ni Jesus Mismo ang mga Salitang ito, tatanggihan ang Mga Gawa 2:38, tatanggihan ang alinman sa iba pang Mga Kasulatan na kinasihan. At ipipilit kuhanin ang sali't saling turo ng tao na ni wala silang nalalaman, at uulit-ulitin ito. At kapag sinabi mo sa kanila ang Katotohanan at ipakita sa kanila ang Katotohanan, nahihiya silang kumilos, dahil sa kanilang organisasyon.

⁶⁶ Ganyan din ang ginawa ni Kora. Nakita niya ang Diyos kay Moises. Nakita niya na ito ang Kinatawan ng Diyos na gumagawa sa kanya. At nakita ni Nicodemo ang Diyos kay Cristo, “Walang tao na makagagawa ng mga bagay na ito maliban na sumasa kanya ang Diyos.” Nasa organisasyon na noon si Nicodemo, na sinisikap na makalabas. Nasa labas si Kora, sinusubukang gumawa ng isa para makapasok doon. Iyan ang kaibahan. Sinisikap ni Nicodemo na makasumpong ng kaligtasan, na makalabas sa naturang bagay; naroon na siya mula pa sa pagkabata, nagsawa na siya rito. Ninais niyang maligtas. Ngunit sinisikap ni Kora na igawa ang sarili ng isang— isang lugar kung saan maaari siyang maging isang bigatin.

⁶⁷ Ganyan sa mga tao ngayon. Iyan ang problema sa Cristianismo, napakarami nating mga bulaang panggagaya. At ang mga taga-Pentecostal natin, pagpasensiyahan na ang salita, ay palpak dito, karnal na panggagaya! Hayaang magpalitaw ang Diyos ng isang tao at bigyan siya ng isang bagay, at lahat na sa buong bansa ay susubukang gayahin ang taong 'yan. Hindi ba ninyo naiisip na pinapatay n'yo ang sarili ninyong koponan? Kapag naglalaro kayo ng football. . . “At ang biyaya,” gaya ng kung paano ito sinabi ni Pablo, “ating takbuhin itong takbuhin nang may pagtitiis.” Yaong taong may dala sa Bola, huwag n'yo itong agawin sa mga kamay niya, sikaping bantayan siya. Ngunit sa halip na ganyan, dahil hindi siya kasapi sa organisasyon ninyo, sinisikap agawin Ito sa kanya. Ang isang kung sinong taong napakalampa, na hindi niya kaya, matitisod nga siya sa mga bulaklak sa isang alpombra, at pagkatapos susubukang agawin Ito sa iyo. Tama 'yan. Ngayon, sa espirituwal na pangungusap, ibig kong sabihin. Pasensiya na't, ako. . . Buweno, matitisod siya sa isang maliit na bagay gaya ng Mga

Gawa 2:38, siguradong matutumba siya. Kung matitisd man siya sa Marcos 16, paano pa niya magagawa ito? Kita n'yo? Sa pinakapangunahing mga aral ni Cristo. At ang mismong bagay na tinalakay sa Konseho ng Nicaea, natitisd pa rin sila dito matapos ang lahat ng mga taong ito.

⁶⁸ Nagsisikap, sinisikap ni Kora na makagawa ng isang organisasyon, upang makapasok dito. At nasa loob na nito noon si Nicodemo, na nagsisikap namang makalabas mula rito. Tinanggap si Nicodemo, at nakalabas. Napahamak si Kora dito, sa kanyang pagsisikap, napahamak siya sa sarili niyang pagsisikap. Oh, naku!

⁶⁹ Ang organisasyon na pinasukan ni Nicodemo, ay alam na si Cristo ay isinugo ng Diyos, ang nagsabi ng gayon. Si Nicodemo, sa ika-3 kabanata rito, ay ipinahahayag ito, "Rabi, nalalaman namin na Ikaw ay isang Guro na nagbuhat sa Diyos, sapagkat walang tao na makagagawa ng mga himalang ito na ginawa Mo maliban na sumasa kanya ang Diyos." At ang siya ring grupo, dahil sa kanilang organisasyon, ay tinawag Siyang "Beelzebub," dahil sa Kanyang kapangyarihan na magpalayas ng mga demonyo, at sinabi, "Dinadaya Niya ang ating mga tao sa pamamagitan ng Kanyang Aral." Gayon ding bagay ito ngayon. Dinadaya ang ano?

⁷⁰ Sinabi ni Jesus, "Ginagawa Ko lamang iyan na nakalulugod sa Ama, tinutupad Ko lamang ang Mga Salita ng Diyos," dahil Siya ang Salita. Wala na Siyang magagawang anumang iba pang bagay kundi ang Salita.

⁷¹ Pero, dahil sa kanilang organisasyon, dahil sa kanilang pamamaraan, iginapos nila ang mga tao. Batid nila ito sa kanilang mga puso, ngunit hindi sila hahayaan ng kanilang organisasyon na tuparin ito. Kaya, upang makagawa ng isang paraan ng pagtakas, upang mapigilan ang mga tao sa pag-alis sa organisasyon ("lahat ng tao ay nagsisisunod sa Kanya"), upang mapigilan ang mga tao sa pag-alis sa organisasyon at pagsunod sa Katotohanan ng Diyos (na Siya ang Katotohanan "Ako ang Katotohanan, ang Ilaw"), upang mapigilan sila sa pagsunod Diyan, sinabi nila na dinadaya Niya ang mga tao. Isipin n'yo nga iyon! Ang isang lalaki, na batid sa kanyang puso na Siya ang Diyos, na nasa Kanya ang Diyos ("walang tao na makapagsasabi ng mga bagay na ito, o makagagawa ng mga bagay na ito, maliban na nasa kanya ang Diyos"), nababatid 'yan at sinasabi 'yan at ipinahahayag 'yan, at saka tatalikod at tatawagin Siyang "Beelzebub, at isang mandaraya ng mga tao," kanilang mga tao, "sa pamamagitan ng Kanyang Aral." Oh, naku!

⁷² Batid ni Nicodemo na isa Siyang Propeta. Ngayon, isa 'yan na nasa organisasyon na minahal ang Diyos nang sapat at may takot sa Diyos nang sapat, at nakilala sa pamamagitan ng Lumang Tipan na ang Lalaking ito ay taglay ang mga

katangian at napatunayan at napagtibay, na isang Propeta na isinugo buhat sa Diyos. Ang lalaking iyon, pararangalan ko siya kung nagpunta man siya nang gabi, nakarating siya roon. Mas nakahihigit pa siya kaysa sa maraming mga guro natin ngayon, hindi talaga sila magpupunta. Dumating sa wakas si Nicodemo. Kaya, huwag n'yo siyang hatulan, kung hindi pa kayo nakakarating. Alam ni Nicodemo na isa Siyang Propeta, kaya may takot siya sa Diyos. Hindi niya hahayaan na makalayo sa kanya ang Tao na 'yon, ang Ilaw ng araw na iyon. Gaano man Ito kataliwas, gaano man sabihin ng kanyang organisasyon na Ito ay taliwas, nakita niyang pinagtibay ng Diyos ang Taong iyon at alam niya na isa Siyang Propeta. At kung isa Siyang Propeta, ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa propeta, at alam Niya kung ano ang Kanyang sinasabi. Kita n'yo? Kaya nagpunta siya kay Jesus, gusto niyang malaman kung paano magkaroon ng kaligtasan. Kung Propeta ang Lalaking ito, ang Salita ng Diyos ay sumasa Kanya, at malalaman Niya ang daan ng kaligtasan.

⁷³ Pero kung ano ang dapat matutuhan ni Nicodemo noon ay kung ano ang marami sa mga tao ngayon, ng mga denominasyon sa araw na ito, ay dapat na matutuhan. Ang dapat sanang nabatid ni Nicodemo noon, ay ang dapat sanang nabatid ng mga tao sa ngayon, ng mga denominasyong ito. Higit pa Siya sa isang Propeta. Nagpunta siya sa Kanya upang malaman, sabihin sa Kanya na sabihin sa kanya kung alin ang daan ng Buhay, at si Jesus Mismo ang Buhay. Ang sinuman na taglay ang Anak ay taglay ang Buhay. Kaya hindi siya, hindi dapat magpunta upang subukang malaman ang isang aral, dapat siyang magpunta upang tanggapin ang Persona. Ganyan ito ngayong gabi! Muling tinanggihan ang Pangulong Batong-panulok. Ano ang Pangulong Batong-panulok? Ito'y ang Salita, siyempre. Si Cristo, Siya ang Salita.

⁷⁴ Kinailangan niyang matutuhan ang isang bagay. Naisip niya, "Buweno, ngayon, isang Propeta ang Lalaking ito, talagang isa Siyang Propeta."

⁷⁵ Kaya, napansin n'yo ba, hindi kailanman sinagot ni Jesus ang tanong niya, sinaway lamang Niya siya sa kanyang kabulagan. Higit pa sa isang Propeta, Siya ang Salita at ang nagliliwanag na Ilaw ng Salita! Siya ang Diyos na nagliliwanag sa pamamagitan ng isang kasangkapan, pinatutunayan na ito ang Diyos na nasa naturang Tao. Siya ang Salita. Ang Unang Juan, sa unang kabanata . . . Ang San Juan, unang kabanata, pala, ay nagsasabi, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin." At narito ang Salita ng Diyos na nagliliwanag dito sa maliit na mahinang pangangatawan ng isang Lalaki, at binulag nito ang organisasyon. Ngunit dumating Siya upang kumuha ng mga indibidwal. Higit pa sa isang Propeta, Siya ang Salita! Siya ang Buhay. Hindi . . . Hindi Niya kayo kinailangang

turuan ng isang Buhay na darating, Siya Mismo ang Buhay na iyon! Siya ang Buhay. Siya ang Liwanag. Siya ang Buhay. Siya ang Buhay na Walang Hanggan, nasa Kanya, at Siya lamang ang nag-iisang Tagapagbigay ng Buhay na Walang Hanggan. “Ang sinuman na taglay ang Anak ay taglay ang Buhay.” Kaya mayroon kayong. . . hindi lamang Salitang nagtuturo patungkol sa Kanya ang dapat ninyong taglayin, kailangang mapasa inyo Siya.

⁷⁶ Sasabihin mo, “Oh, nauupo ang mga tao at natututunan iyang Biblia at lahat ng Griyegong mga salita, at kung ano ang mga kahulugan, at ang mga bantas, at iba pa.” At hindi hihigit ang nalalaman tungkol sa Diyos kaysa wala! Kita n’yo? Hindi! Siya na mayroon—siya na mayroon ng—ng—ng anyo, siya na mayroong plano? Ito’y siya na taglay ang Anak, na taglay Siya, ang Persona. Siya Yaong mayroong Buhay.

⁷⁷ Batid ni Nicodemo na alam Niya ang tungkol sa Buhay, pero hindi niya nalaman na Siya ang Buhay na Walang Hanggan. Iyon ang Tao na kinakausap niya noon, ang Mensahero, ang Liwanag ng araw na iyon, ang Ilaw ng sanlibutan. “Ang Ilaw ay lumiliwanag sa kadiliman, at ito’y hindi napag-uunawa ng kadiliman. Siya’y isinugo sa Sariling Kanya, at Siya’y hindi tinanggap ng mga Sariling Kanya.” Bakit? Bakit? Dahil lubos na silang naorganisa, itinayo sa paghuhugas ng mga palayok at mga kawali, at mga sali’t saling sabi, na nabigo silang makita ang Salita na nagkatawang-tao.

⁷⁸ Naulit ito. Naulit itong muli. Inuulit ng kasaysayan ang sarili nito nang madalas. Oo, alam niyang mayroon Siyang—alam Niya ang tungkol sa Buhay, ngunit hindi alam ni Nicodemo na Siya ang Buhay. Ganyan ito ngayon. Napakaraming tao ang nagsisikap gawin si Jesus na, oh, isang dakilang Guro, sinasabi pa nga nila na isa Siyang Propeta. Pero kapag sinubukan mong sabihin na Siya ang Diyos, sobra na ’yon. Kita n’yo? Ngunit Siya’y ang Diyos, at Siya ang Diyos, at mananatili Siyang lagi na Diyos. Iyon lang. Tama ’yon.

⁷⁹ Pansinin, hindi Niya kailanman sinabi kay Nicodemo, ngayon, noong magpunta siya sa Kanya, hindi Niya kailanman sinabi, “Ngayon, Nicodemo, mayroon Akong malaking paggalang sa iyo, na ikaw ay isang—isang—isang guro sa Israel. Sasabihin Ko sa iyo kung ano, hinahanap mo ang Buhay na Walang Hanggan, marahil ay dapat mo pang pagbutihin ang iyong kaalaman. Hindi mo sinasabi nang tama ang mga salita mo.” Walang saysay. “O, marahil dapat ka pang maghanap ng mas mataas-taas na katungkulan sa inyong denominasyon, para magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan.”

⁸⁰ Ganyan ang sinisikap gawin ng napakaraming mga tao ngayon, uh-huh, isang mas mataas-taas na katungkulan, gusto nilang maging mula sa isang—isang pastor patungo sa isang

pang-estadong ministro, o—o sa isang obispo o bagay na gaya niyan. Iya'y walang anumang kinalaman sa Diyos higit kaysa wala.

⁸¹ Masdan kung ano ang ginawa Niya sa harapan ng taong ganoon. Sinaway Niya siya para sa kanyang hindi pagkaalam ng oras na kanyang kinabubuhayan, “Ibig mong sabihin sa Akin na isa kang guro sa Israel at hindi maunawaan ang mga bagay na ito, kapag,” sabi Niya, “dapat maipanganak na muli ang isang tao?”

⁸² “Aba,” sabi niya, “ako na isang matanda nang tao, papasok sa mga sinapupunan ng aking ina?”

⁸³ Sabi Niya, “At isa kang obispo, isang kardinal, isang pang-estadong ministro sa iglesyang Pentecostal,” o iba pang tao, “isang malaking tao sa organisasyon, at hindi mo alam ang Kasulatan?”

“Oh, mayroon kaming Moises.”

⁸⁴ “Kung inyong nakilala si Moises, nakilala na rin sana ninyo Ako, sapagkat siya yaong nangusap tungkol sa Akin.” Kita n’yo? Ngunit hindi ayon sa kanilang mga tradisyon, sa kanilang—kanilang organisasyon, iba ’yon. Ngunit pinatungkulan nga Siya ni Moises, at Siya Yaong tinukoy ni Moises, at gayunma’y hindi nila ito nalaman. Bakit? Masyado na nilang iginapos ang kanilang sarili sa mga tradisyon, hindi nila ito nalaman.

⁸⁵ At mga kapatid ko na nagbabasa, na kumukuha nitong teyp, huwag n’yo itong patayin ngayon. Sandali lamang, hayaang tingnan natin ang bagay na ito mismo nang mukhaan. Mahal ko kayo, kayo’y isang pastor. At hindi ko sinisikap maging isang alam-ito-lahat. Kung lumilikha man ako ng ganoong impresyon, kung gayo’y ihinto ninyo ang teyp at ipanalangin n’yo ako. Sinisikap ko lamang na dalhin sa inyo ang isang bagay na Totoo. Huwag ninyo itong palampasin.

⁸⁶ Ngayon, iginagalang ko ang kaayusan ng tao, at iba pa, ngunit kapag bumubuo kayo nitong mga organisasyon... Tingnan n’yo ang mga Fariseo, ay ayaw makiisa sa mga Saduceo, dahil hindi naniniwala ang mga Saduceo sa—alinman sa anghel o—o espiritu, o sa muling pagkabuhay, o anumang bagay, at tinaglay ng mga Fariseo parehas, at may pakikipag-alit sila sa isa’t isa. Ngayon naniniwala ang oneness doon sa isang bagay, naniniwala naman ang trinity doon sa isa pa, at ang Methodist naman doon sa isa pa, at ang Presbyterian doon naman sa isa pa, at gumagawa kayo ng munting harang. At ano ang nakuha ninyo? Isang paghihiwalayan ng pagkakapatiran. Siyanga pala, makikita natin ’yan sa Biblia sa ilang saglit, kung ano ito, at kung ano ang sinabi ng Diyos dito.

⁸⁷ Ngayon, hindi, hindi Niya kailanman sinabi sa kanya na pagbutihin pa. Sinaway lamang Niya siya dahil sa hindi pagkaalam sa bagay na totoo. “Isa ka bagang guro sa Israel,

at hindi nalalaman ang mga bagay na ito? Kung sinabi Ko sa iyo ang mga bagay na makalupa, at hindi mo ito mapag-unawa. . .” Isipin! “Isang guro, isang mataas na katungkulan sa isang kinikilalang iglesya, obispo, kardinal, at ni hindi mo maunawaan ang sanggol na anyo ng mga natural na bagay na sinasabi Ko sa iyo, paano mo pa mauunawaan ang mga espirituwal na bagay mula sa Langit?”

⁸⁸ Ngunit ang isang mangmang na matandang mangingisda na ni hindi maisulat ang sarili niyang pangalan, ay naunawaan Ito, kita n’yo, at ginawang pinuno ng iglesya sa Jerusalem, si Pedro. Kita n’yo? Oh, “Lahat ng ibinigay ng Ama sa Akin, siya ay lalapit.” Kita n’yo? Nakikita nila Ito. Sinasampalatayanan nila Ito. Nagsisigawa sila Dito, nalalamang walang anumang makapipigil sa kanila.

⁸⁹ Katulad lamang ng magsasaka. Hindi maganda na maglagay ng isang biro, ngunit para magsalarawan lang. Sabi nila na may isang magsasaka na nagpalimlim ng isang inahing manok, at wala silang sapat na mga itlog, naglagay siya ng isang itlog ng itik sa ilalim nito. Nang mapisa na ang munting itik, siya ang pinakakakatwang bagay na tingnan na nakita ng mga manok na iyon. Mayroon siyang isang mahabang kakatwang mukha, at nagpapatuloy siya sa pag-kwak-kwak sa halip na klak-klak, at— at lahat ng mga manok ay kumakain at patuka-tuka sa loob ng bakuran. At hindi ganoon ang pagkain niya, talaga. Kaya isang araw ay inakay siya ng matandang inahing manok sa likod ng kamalig, upang manghuli ng ilang mga tipaklong, at doon sa may burol ay may isang—isang lawa. At nangyaring nanggaling ang hangin mula sa lawa, at naamoy niya ang tubig. Ito talaga ang kanyang kalikasan. Sinabi ng matandang inahing manok, “Klak, klak, klak, klak, bumalik ka!”

⁹⁰ Sabi niya, “Kwak, kwak, kwak,” tuluy-tuloy na patungo sa tubig. Bakit? Isa siyang itik, sa simula pa lang. Gaano man magklak-klak ang inahing manok, itik pa rin siya.

⁹¹ At ganyan din ito sa isang taong itinalaga sa Buhay na Walang Hanggan. Kapag nakita na niya ang Liwanag ng Diyos, walang sapat na mga organisasyon sa mundo upang i-klak-klak siya pabalik dito. Wala. Bakit? Kalikasan niya ito. Maaaring kumakain siyang kasama nila sa mahabang panahon, at kinakain ang kanilang mga basura’t pakikipagsosyalan, ngunit dumating siya sa lugar na nakita niya ang isang bagay na naiiba, kaya alam niya ito. “Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig,” sinabi ni Jesus, “sa iba’y hindi sila magsisisunod.” Maaaring sumusunod sila sa isang bagay na kakatwa, ngunit sa kanilang kalooban-looban ay may isang bagay na kakaiba. Hayaang marinig nila minsan ang Katotohanan, at masdan sila. “Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisisalapit.”

⁹² Oo, sinaway Niya siya sa hindi pagkaalam. “Isa kang guro sa Israel, at hindi nalalaman ang mga bagay na ito? Dapat kang maipanganak na muli!” Ngayon, ang taong natural, nais kong . . . pansinin ninyo ang isang bagay dito, “Dapat kang maipanganak na muli.”

⁹³ Ngayon, sa natural na buhay, kung mayroon tayong natural na buhay, upang maging aktibo tayo dito sa natural na buhay, sa mga bagay na natural, kinakailangang magkaroon tayo ng natural na kapanganakan. Hindi ka nila basta na lamang hinahaltak mula sa isang puno sa kung saan, kita n’yo, hugutin ka sa isang kung anong paraan. Sinubukan nila ito, ngunit hindi ito gumana. Kailangang maging aktuwal na kapanganakan ito, natural na kapanganakan, upang magawa ninyong mabuhay upang magkaroon kayo ng limang pandama, maglakad, magsalita, makakita, makalasa, makadama, makaamoy, makadinig, makagalaw-galaw, at iba pa, dahil isa ka nang tao, at ika’y—ika’y saklaw ng lahat ng mga bagay na ito dahil dumadaan sila sa natural na buhay.

⁹⁴ At, sa ganyang kapanganakan, minsa’y nagiging napakatalino natin sa makasanlibutang karunungan o sa mga bagay ng sanlibutan, nagiging mga Presidente at—at magagaling na mga iskolar, at mga dalubhasa sa mekaniks at mga siyentipiko, at iba pa. At alam ninyo sa tuwina, mula pa sa pasimula, mga anak ni Cain ang nagtataglay ng ganyang uri ng karunungan; hindi kay Set, sila’y mabababang tagapag-alaga ng mga tupa. Ngunit ang mga anak ni Set ay mga taong maka-Diyos. Ngunit ang mga anak ni Cain sa tuwina ay matalino, mataas, sa agham, mga doktor at tanyag na tao. Tama ’yan. Sinabi mismo ng Biblia, alam ninyo, nagtuturo Iyan ng ganyan. At napakarelihiyoso, ngunit napahamak sa huli. Nagiging matalino tayo sa pagpunta sa paaralan, nagpapakadalubhasa sa pag-aaral, at iba pa, nagiging napakatalino na natin, magaling, at kayang gawin ang mga bagay at sabihin ang mga bagay, at minsa’y nahihigitan sa pananalita ang isang tao na puspos ng Espiritu. Hindi nga ba’t sinabi ni Jesus, “Ang mga anak nitong sanlibutan ay higit na marunong kaysa sa mga anak ng Kaharian”? Sigurado, dahil sila, sa pamamagitan ng kanilang mga isip na kaya nilang—kayang mangusap at mahigitan sa kaalaman at mahigitan sa pananalita, at gamitin ang Mga Kasulatan at pilipitin Ito upang papagsalitin Ito ng mga bagay na hindi naman Nito sinasabi.

⁹⁵ “Oh, hindi talaga ganyan ang ibig sabihin Nito.” Kapag sinasabi ’yan ng isang tao, lumayo kayo sa kanya. Binabantayan ng Diyos ang Kanyang Salita, alam ninyo na, sinabi ng Biblia. Sadyang isinulat Ito sa paraan na dapat Nitong maging. Kita n’yo? Ngayon, inilagay Ito sa isang paraan upang makapandaya, o para magawa na matisod Dito ang matalino. Napakapayak

Nito, iyan ang dahilan kaya sila natitised Dito. Kita n'yo? Siyanga.

⁹⁶ Lahat ng karunungan ito at mga bagay na kanilang mapagsasama-sama, gayun pa man, ngunit mula ito sa... ang kapanganakang 'yan ay mula sa ibaba, sa mundong ito. Mula ito sa mundo, at laban ito sa Espiritu ng Diyos. Ang unang kapanganakan, upang tayo'y mabuhay dito, ginawa tayong mortal na tao, dahil sa gawang kasalanan sa hardin, nagawang maparito ang tao sa sanlibutan sa pamamagitan ng babae. At ang taong ipinanganak ng babae ay kaunti lang ang araw, ngunit ang taong ipinanganak kay Cristo ay Walang Hanggan. Sinabi ni Job, "Ang isang taong ipinanganak ng babae ay kaunti lang ang araw at lipos ng kabagabagan." Pansinin, pero ang tao na ipinanganak kay Cristo, ay kailangang ipanganak mula sa Itaas. Ngayon, ngunit ang taong ipinanganak sa mundo, ay nagiging matalino at halos kayang lumamang sa karunungan.

⁹⁷ Tingnan kung gaano katuso ang Diablo, nilinlang niya ang bawat saserdote na dumating sa mundo. Nagawa nga talaga niya. Nanlinlang siya, ginagawa pa rin niya ito. Oo, tiyak nga. Matalino siya, ngunit binangga niya ang kanyang katunggali, isang araw, na Siyang tumalo sa kanya. At ang tanging bagay na dapat nating gawin ay sumandig sa Kanya, tinalo na Niya siya. Kita n'yo?

⁹⁸ Ngunit mula sa ibaba, at ito, itong karunungan na natipon ng tao upang patunayan at ipakita ang lahat ng mga bagay na ito kung bakit kailangan ng tao na gawin *ito* at kailangan ng tao na gawin *'yon*, ay taliwas at pakikipag-alit (ang karnal na pag-iisip) sa Diyos. Sinabi nga ng Kasulatan. Tama. Gaano man katalino, magagawa nila itong balukutuin. Gusto kong ipakita sa akin ng sinuman kung saan nagkaroon kailanman ang Diyos ng organisasyon o nag-utos ng isa, kundi kung ano ang tinutuligsa mismo dito sa Biblia. Gaano man nila sikaping maging marunong, taliwas ito! Gaano man magawang tumindig ng karunungan at mahigitan kayo sa pangangatwiran, at magawang ipadama na *ganyan* kayo kaliit sa pamamagitan ng pagsasabi sa inyo ng tungkol dito, ngunit taliwas ito sa Mga Kasulatan.

⁹⁹ May isang nagsabi sa akin, "Kapatid na Branham, mayroon akong isang bagay na laban sa iyo." Sabi, "Isa kang Jesus Only."

Sabi ko, "Hindi ako. Hindi ako kasapi sa anumang organisasyon."

¹⁰⁰ Pinadala ng isang ministro ng isang estado, noong isang araw, at sabi, "May nakapagsabi sa akin na isa kang Jesus Only, Kapatid na Branham."

Sabi ko, "Salungat 'yan. Mali 'yan."

¹⁰¹ Sabi, "Sabi nila sa akin na naniniwala ka raw sa malayang pag-ibig, na dapat iwan ng mga kalalakihan ang kanilang asawa

at maghanap. . .” Ngayon, kita n’yo, kasinungalingan lamang ’yan ng Diablo. Alam n’yo ’yan.

¹⁰² Sabi ko, “Lubos akong laban sa mga ganyang bagay na hindi nasusulat! Naniniwala ako sa kabanalan at kalinisan. Naniniwala ako na nakatali ang lalaki sa kanyang asawa habang nabubuhay sila.” Hindi mo siya dapat kuhanin nang hindi muna ipinapanalangin.

¹⁰³ At ang Jesus Only, ang grupo ng Jesus Only, walang anumang laban sa kanila, kasingbuti rin sila ng alinmang grupo, para sa akin. Pero mali silang magbautismo, nagbabautismo sila sa pagbabagong-buhay. Naniniwala ako na binabago ang buhay natin sa pamamagitan ng Espiritu Santo, hindi sa pamamagitan ng tubig. Aking ginagamit ang Pangalan ni Jesus Cristo sa bautismo, at walang iba pang Kasulatan sa Biblia na susuporta. . . upang palabasin itong salungat. Walang sinuman sa Biblia ang nagbautismo kailanman sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo.” Gusto kong lumapit ang sinuman para ipakita sa akin ang isang dako na ang isang tao ay nabautismuhan nang ganyan. Kung gayon, kung hindi ito nasusulat, tumigil sa kakagawa nito!

Sasabihin n’yo, “Wala namang anumang kaibahan ito.”

¹⁰⁴ Mayroon ito kay Pablo. Inutusan niya sila na magpabautismong muli, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at saka tanggapin ang Espiritu Santo. At sinabi ni Pablo, “Kung ang isang anghel mula sa Langit,” Mga Taga Galacia 1:8, “ang dumating, magturo ng anomang Ebanghelyo na iba,” kaysa doon sa itinuro niya, “hayaan siyang matakawil.”

¹⁰⁵ Nakita ninyo, ito’y salit’ saling turo. Nakipag-usap ako sa isang kilalang tao hindi pa katagalan. Sabi, “Kapatid na Branham, hindi ko kaya. Alam kong tama Iyan,” sabi niya, “pero ano’ng magagawa ko tungkol Dito?”

Sabi ko, “Sundin mo Ito!”

Sabi niya, “Aba, ako—kinikilala ako ng mga tao namin.”

¹⁰⁶ Sabi ko, “Pero gusto ko ng pagkilala ng Diyos, kaya sundin ang Salita Niya. Kailangan mong mamili, maglilingkod ka ba sa Diyos o sa tao?”

¹⁰⁷ Pero pinipili nila ang organisasyon nila, ipinatutupad sa kanila ang mga pahayag na ito, sinusunod lahat. Ang unang beses na ginamit ’yon ay sa iglesyang Romano Katoliko. Tama ’yan. Gusto kong ipakita sa akin ng sinuman ang isang bagay na iba. Binasa ko ang kasaysayan, din, alam n’yo. Kaya alalahanin, bautismo ’yan ng Katoliko, at bawat isa na binautismuhan sa ganyang paraan ay binautismuhan sa pakikisama sa Katoliko. Patutunayan ko ito bago matapos ang gabi, kung loloobin ng Panginoon. Tama ’yan. Iyan ang dahilan kaya dapat kayong bumalik.

108 Hindi ang Jesus Only. Ngayon, maraming mabubuting tao sa iglesyang Jesus Only. Maraming mabubuting tao sa Assemblies of God, sa Church of God, Methodist, Baptist, Presbyterian, at Katoliko. Pero wala sa kanila ang Iglesya, wala isa man sa kanila. Mayroong mga indibidwal doon na kasama sa Iglesya. Pero hindi iyang denominasyon na mayroon sila ang nagpapaging Iglesya sa kanila, gaya ng sinusubukan ng mga taong gawin ito nang ganyan. Mali iyon. Isang saglit lang at tutungo na tayo sa pagbibigay sa inyo ng ilang Kasulatan sa ilang sandali.

109 Oo, para mabuhay sa mundo, kailangan ninyong ipanganak nang natural para mabuhay, at ang ganyang kapanganakan ang nagpapatalino sa atin gaya nga ng sinabi ko. Kita n'yo? At nagiging matalino tayo, karunungan, ang karunungan natin ang nagbibigay sa atin niyan. Ngunit alalahanin na ang kapanganakang 'yan, ang pinakasimula nito, ay taliwas. Makamundo ito at taliwas sa Salita ng Diyos, kamangmangan sa Diyos at sa Kanyang plano, walang pagkaalam sa plano ng Diyos. Kung hindi ganun, higit pa sana ang alam ni Nicodemus kaysa sa pagkaalam ni Jesus tungkol Dito. Kita n'yo? "Ikaw baga'y guro ng Israel?" Kita n'yo? Kita n'yo kung saan patungo ang mga denominasyon ninyo, kung saan ang inyong tanyag na marurunong na tao na nagtitipong magkakasama at gumagawa ng kanilang mga plano, at nag-aayos?

110 Hayaang sabihin ko ito sa inyo. Sa tuwing nagpapadala ang Diyos ng Ilaw sa sanlibutan, ng isang bagay na nasa Kasulatan, tatakbo agad silang kasama ito. At sa sandaling mawala na ang taong 'yon, gumagawa na sila ng organisasyon mula rito. At sa sandaling organisahin nila ito, gusto kong tanungin ang sinomang nagsasaliksik ng kasaysayan (na nandirito ngayon, o nasa mga teyp man) na pumunta at ipakita sa akin. Sa alinmang panahon na ang tao ay nag-organisa ng isang iglesya, namatay ito kaagad mismo doon at hindi na muli pang bumangon. Taliwas ito sa Diyos. Taliwas ito sa Mga Kasulatan. Kung kaya't laban ako rito, anumang bagay na laban ang Diyos. Kung nasa akin ang Diyos, kung gayo'y laban ako sa ano mang laban ang Diyos. Ang kaaway Niya'y kaaway ko. Ang Iglesya Niya ay Iglesya ko. Ang Buhay Niya ay Buhay ko. Ibinigay Niya ang Buhay Niya, Siya'y naging ako upang sa pamamagitan ng Kanyang biyaya ay maging tulad Niya ako. Kita n'yo? Nagpalit kami ng kalagayan. Naging makasalanan Siya na tulad ko at namatay para sa akin, kapalit ko, upang maging isa akong anak ng Diyos na gaya naman Niya.

111 Ngayon nakita n'yo na kung nasaan na ang mga denominasyon ninyo? (Hindi pa tayo nagsisimula.) Matalino sa makamundong karunungan ngunit patay sa plano ng Diyos! Ngayon tumingin tayo pabalik, tumigil dito sandali.

112 Taliwas si Adan sa plano ng Diyos, dahil sinuway niya ang Salita. Sinubukang gawan ang kanyang sarili ng pantakip, isang

relihiyon. Nabigo ito, at dati na itong bigo lagi, kung ano ang sinusubukang gawin ng tao. Nagkamali si Nimrod. Napahamak si Kora. Ano ba ang sinusubukan nilang gawin? Ang gumawa ng isang organisasyon.

¹¹³ At pagkatapos niyan, nang sa wakas ay nakapag-organisa na sila ng kanilang sarili, nasumpungan sila ni Jesus, na mga patay na! Sabi, “Mayroon kayong mga mata at hindi kayo makakita. Mayroon kayong mga tainga at hindi kayo makarinig.” Kita n’yo? Sabi, “Kayo’y bulag, na umaakay sa bulag. Kung inaakay ng bulag ang kapwa bulag, hindi ba’t parehas silang mahuhulog sa hukay?” Sabi Niya, “Isa ka bagang guro sa Israel, at ni hindi mapag-unawa kung ano ang bagong kapanganakan? Gayong, kung lumayo ka sana mula sa mga sali’t saling turong iyan, at nanghawakan sa Salita, napag-alaman mo sanang paparito Ako upang bigyan ang mga tao ng bagong kapanganakan. Nalaman mo sana ang Aking araw. Kung nakilala mo si Moises, nakilala mo na rin sana Ako. Nangusap si Moises tungkol sa Akin at kanyang sinabi na darating Ako, at narito na Ako! At kung hindi Ko ginagawa ang mga bagay na sinabi ni Moises at ng mga propeta na gagawin Ko, kung gayo’y huwag nga Akong paniwalaan. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Diyos, kung gayo’y huwag Akong paniwalaan. Ngunit kung hindi ninyo Ako masampalatayanan, na isang Tao, at kung hindi ninyo Ako masampalatayanan dahil Ako’y isang Tao at ginagawa ang mga gawa ng Diyos, sampalatayanan n’yo ang mga gawa sapagkat ang mga ito ang nagpapatotoo ng bagay na ginagawa Ko.” Kita n’yo?

¹¹⁴ Ngunit ganoon pa man, gaya rin ngayon, kung nabuhay Siya sa mundo ngayon, mayroon marahil isa ang Assemblies of God, mayroon marahil isa ang Oneness, at lahat marahil ay may isang Jesus. Sigurado, kailangang dala talaga ng denominasyon nila ang bola. Kita n’yo? Kung hindi ngang ganito, kung ganoon hindi nga sila sasama. Pinaghihiwalay na ang pagkakapatiran.

¹¹⁵ Naalaala ko ang isang batang lalaking nagngangalang “Little David.” Isa siyang lalaki, kasal na ngayon, sa palagay ko’y may pamilya na. Naalaala ko noong bago pa lang siyang nagsisimula. Nagtungo ako sa St. Louis. Narinig ko na noon ang tungkol sa mga munting batang mangangaral, na tumatayo siya roon at nagsasabi, “Si Jesus, isang paslit na bata, na ipinanganak sa sabsaban. Nanay, ano na nga po ba ang iba pa ninyon?” Ngunit hindi ang munting batang ’yon. Inihagis niya ang kanyang balabal, kumuha ng isang teksto at nangaral. Ngunit ano ba siya? Nangyaring isa siyang Jesus Only. Ang tatay niya, si G. Walker, ay kasapi sa Jesus Only. Aba, hindi matagalan ’yon ng Assemblies. Kailangan din nilang magkaroon ng isang munting David. Aba, kinailangan na ring kumuha ang lahat ng iba pa sa kanila ng isang munting David nila. At minsan nang magdaos ng isang pagtitipon ang batang lalaki doon sa Florida,

tinawagan niya ako para magpunta at tulongan siya. At binasa ko at ni Kapatid na Moore ang dalawang pahina ng harapang bahagi ng pahayagan, na wala nang iba pa kundi ang tungkol sa mga munting David, bawat iglesya ay may isa nang munting David. Oh, talaga naman! Aba, kung kinilala lamang ng lupon ng mga matatanda ng Diyos ang kaloob na naroon sa munting tao, nadala na sana niya ang libu-libong mga kaluluwa sa Kaharian, kita n'yo, hanggang sa makalimutan niya ang kanyang tradisyon tungkol sa tao at ito na gaya niyan. May kaloob ang Diyos sa buhay niya, gamitin ito!

¹¹⁶ Noong unang ipakilala ang Makalangit na pagpapagaling, lahat na ay may pakiramdam sa kanilang mga kamay at kayang umamoy ng mga karamdaman. At, oh, naku! Bakit? Kailangan nila itong gawin, nahuhuli na sa takbuhan ang kanilang organisasyon. Kita n'yo, nauuna ang mga organisasyon ninyo sa plano ng Diyos, iniisip ninyo na ganito. Ngunit ipinagpapatuloy ng Diyos ang Kanyang Iglesya nang gayun pa rin, isang mistikal na Katawan. Hindi ninyo sinasalihan Iyan, ipinanganak kayo Dito.

¹¹⁷ Matalino sa karunungan ng sanlibutan, ngunit patay naman sa mga plano ng Diyos. Sabihin n'yo sa akin, kung ganoon. Sabihin n'yo sa akin, kung ganoon. Masasabi mo sa kanila at mapatutunayan sa kanila na mali sila, sa pamamagitan ng Salita at pangako ng Diyos, at gayunma'y hindi nila ito makikita. Kaya kong maupo at kuhanin ang Salita at ipakita sa inyo na mali ang pagdedenominasyon. Kaya kong ipakita sa inyo na iyang mga kredo na mayroon kayo ngayon ay mali, kita n'yo, itong mga kredo ng iglesya. Ipakita na mali ito, at sasabihin nila, "Buweno, tinuruan kami na paniwalaan ang *ganito*." Nakita ninyo, sa palagay ko, ito'y—ito'y wala, kung alam ninyo kung ano ang sinasabi ko, walang kuwenta. Oo, tama 'yan. Hindi sila makakita. Sinabi ni Jesus, "Kayo, kayo—hindi kayo makakita, para makalapit kayo sa Akin at magkaroon ng Buhay."

¹¹⁸ Naroon si Nicodemo, isang kagalang-galang na tao, isang kilalang tao, isang obispo sa kanyang iglesya, bantog na tao, mahal ng lahat, at nagpunta kay Jesus at hindi hihigit ang alam tungkol sa buhay kaysa—kaysa sa wala. Napakamangmang niya Dito nang sawayin siya ni Jesus dahil dito, ngunit sapat ang katapatan niya para pumunta. Ni ayaw ngang pumunta ng iba pa sa kanila. Nananatili pa rin sila kasama ng mga punong saserdote at kasama ng *Obispo Ganito-at-ganyan* at *Ganito-at-ganyan*. Kita n'yo? Nananatili pa rin sila kasama nila, mas tinatanggap ang kanilang mga sali't saling turo ng kanilang matatanda kaysa pakinggan ang Salita ng Diyos.

¹¹⁹ Ngayon, masasabi ninyo sa kanila, hindi nila ito pakikinggan. Talagang magagawa ninyo... Makikini-kinita n'yo ba... May gusto akong itanong sa inyo. Hindi ko ibig na maging kalapastanganan ito. Ngayon, mga kapatid na nakikinig

sa teyp, hindi ko ibig na maging kalapastanganan ito. Makikini-kinita n'yo ba ako na papunta rito, at—at tatanungin ako ng isang buko na nasa puno, “Paanong sa mundo nagagawa mong maglakad-lakad na gaya ng ginagawa mo? May buhay ako, isa akong buko sa punong ito”? Kaya niyang patunayan na may buhay siya, pero maling uri ito. Kung gusto niyang maglakad-lakad, ang tanging paraan na makapaglalakad-lakad siya, makakita, makalasa, makadama, makaamoy at makarinig, kung makapagsasalita siya at masasabi sa akin at maitatanong 'yon, ang tanging paraan, kailangan niyang ipanganak na gaya ng paraan ng pagkapanganak sa akin. Amen. Hindi niya ito kailanman mauunawaan sa anomang iba pang paraan. Pero kung ipinanganak siya na gaya ng pagkapanganak sa akin, kung gayon ay malalaman niya ang mga bagay na alam ko. Amen. Oh, naku! Siyanga, po. Hindi mo masasabi sa isang buko sa puno kung paano tayo nakakagalaw at nakakakilos, kakailanganin nitong matanggap ang uri ng buhay natin para maunawaan ito. Gayon din sa Espiritu! Gayon ding bagay sa Espiritu, kung hindi ay di ninyo Ito mauunawaan. Hindi na kailangang pag-aralan pa lahat Ito, lumapit lamang muna sa Kanya. Sapagkat, “Maliban na muling maipanganak ang isang tao, ay hindi man lang niya makikita ang Kaharian,” sabi Niya, iya'y, “maunawaan Ito.” Kailangan mong maipanganak na muli para malaman Ito.

¹²⁰ Buweno, sasabihin mo, “Ipinanganak akong muli.” At itinatangi ang Salita? Paano ka nga naging ganun? Ang sarili mong buhay ang nagpapatunay sa iyo patungkol dito, ang sariling grupo na kinabibilangan mo, sa mga ibon na magkakatulad ang balahibo. Kita n'yo? Hintayin hanggang sa makarating tayo sa mga bagay na iyon sa ilang sandali, kita n'yo.

¹²¹ Dumarating sa pamamagitan ng Espiritu. Paano mo sasabihin sa mga tao ang mga bagay ng Espiritu na hindi naman ipinanganak ng Espiritu? Kailangan mong ipanganak ng Espiritu upang maunawaan mo ang mga bagay ng Espiritu. Ang... Sinabi ni Jesus, “Humihihip ang hangin kung saan niya ibig, hindi mo nalalaman kung saan ito nanggagaling o kung saan ito naparoroon.” Kita n'yo? Gayon din ang bawat ipinanganak ng Espiritu, hindi nila masabi sa inyo. Ang isang taong ipinanganak ng Espiritu ay hindi na nag-iisip, hinahayaan niyang ang Diyos ang mag-isip.

¹²² Sa palagay n'yo ba ay makatatayo ako dito sa entablado, mag-iisip at sasabihin sa isang tao diyan sa likuran, “Ang pangalan niya ay *John Doe* at nagmula siya sa *ganito-at-ganyang* lugar, ginawa niya *ito*. At pinakasalan niya ang isa pang babae doon, dalawampung taon na ang nakakaraan, at nagkaroon siya ng mga anak sa babaeng ito. Kailangan niyang ibalik ang bagay na *ito*, at gawin *iyon*,” sa tingin ninyo, sa pag-iisip, ay magagawa ko 'yan? Walang ganyang karunungan sa

ganitong kapanganakan dito sa mundo para diyan. Lagpas ito diyan. Kailangan itong manggaling sa Itaas. Pagkatapos kapag ipinanganak ka ng Espiritu, sa Itaas, ang Buhay na nasa Kanya na Siyang gumawa ng mga bagay na 'yon, sabi, "Ang mga gawang Aking ginagawa, ay gagawin rin naman ninyo."

¹²³ Ang kapanganakan ninyo ay kailangang mabago. Nadaya kayo. Maaaring nagsalita kayo sa iba't ibang mga wika, maaaring nagtatalon-talon kayo, maaaring napahiyaw kayo, maaaring nagawa ninyo lahat *ito, iyan*, ang *iba*, maaaring kayo'y naging isang—isang tapat na kasapi. Ganoon din si Nicodemo, kita n'yo, ngunit kulang siya sa kapanganakan. At kapag ikinaila ninyo ang Salita, sinubukang ilagay Ito sa kung saan pang lugar at gumawa ng isang bagay Dito, at ikalat Ito nang ganyan. Kung ganoon sinabi ni Jesus, "Lalakip ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya. Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng kinapal." Hangga't ipinapangaral ang Ebanghelyo, lalakip ang mga tandang ito. Sabihin sa akin kung saan inalis Niya ito kailanman mula sa iglesya. Ipakita n'yo sa akin ang Kasulatan kung saan Niya sinabi, sinabi kailanman, "hanggang ganito lamang katagal." Sabi Niya, "Sa buong sanlibutan at sa lahat ng kinapal!"

¹²⁴ Oo, kailangan n'yong tanggapin ang uri ng Buhay na mayroon Siya, upang maipamuhay ang Buhay Niya. At kapag nakita ninyo ang Buhay Niya, kung gayo'y malalaman ninyo ang Kanyang Salita. Tama 'yon. "Kung Siya," panghalip panao, hindi isang kaisipan, hindi isang likhang-isip, hindi isang sensasyon, kundi "kung Siya, ang Espiritu Santo, ay dumating, kukuhanin Niya ang mga bagay na ito na sinabi Ko sa inyo, at ipahahayag ang mga ito sa inyo, at ipakikita sa inyo ang mga bagay na darating." Iyan ang kapanganakan. Iyan ang pagpapatunay na Ito ang Salita. At kapag sinabi ng tao na taglay niya ang Espiritu Santo, at itinatangi ang Salita ng Diyos at inilalagay Ito sa kung saang lugar, paano itatanggi ng Espiritu Santo ang Sarili Niyang Salita? Ngayon ipakita n'yo sa akin ang isang organisasyon sa Salita. Hayan na. Kita n'yo? Siyanga.

¹²⁵ Maiisip n'yo bang ang isang negosyante... Ngayon heto kung gaano na kalayo napag-iwanan ang ating iglesya. Mapag-iisip-isip n'yo ba ang isang negosyante na nagsimula ng isang negosyo dito, ito'y isang... ito'y talagang isang umuunlad na negosyo, at kailangan niyang kumuha ng tulong kaagad-agad, at magpupunta siya sa isang pulutong ng mga patay na tao, mga bangkay, at magsasabi, "Maaari ba kayong magtrabaho para sa akin?" Wala silang magiging pakinabang sa kanya.

¹²⁶ Iyan ang dahilan kaya hindi na muling nakakabangon ang organisasyon. Kita n'yo? Isang lupon ng mga patay na walang pananampalatayang tinitipon ang kanilang mga sarili na tulad ni Nimrod, tulad ni Kora, tulad ng sa nagdaang panahon. Paano magagawa... Hindi Niya kailanman ito ginamit, hindi

kailanman ginamit ang isang organisasyon. Hindi Niya ito magagawa. Wala na ito sa kalooban ng Diyos, lagpas na ito doon. Lagpas na ito sa maaaring abutin pa, hindi na ito mahahanap.

¹²⁷ Paano kayo pupunta sa isang tao na hindi makagalaw, paralisado ang ulo, kamay at paa, sabihin sa kanyang gusto mo siyang makipagkarera para sa iyo sa isang takbuhang nakapaa, na takbuhin ang takbuhang ito nang may pagtitiis, isantabi ang . . . Kita n'yo? Paano niya magagawa ito gayong ang naturang tao'y hindi nga makagalaw, paralisado na siya? Kailangan ninyong alisin ang pagkaparalisa sa kanya, muna, saka siya makatatakbo.

¹²⁸ Iyan ang kailangan ng organisasyon, ay isang Makalangit na pagpapagaling. Oh, naku! Sana hindi ako masumpungan . . . na parang nanghuhusga. Kita n'yo, hindi ako humuhusga, pero kung hindi nakabaon ang pako'y madali itong nabubunot. Kita n'yo? Iyan ang dahilan kung bakit hindi magamit ng Espiritu Santo ang isang denominasyon. Sa sandali na ito . . .

¹²⁹ Alalahanin, naniniwala ako na may Espiritu Santo si Martin Luther. Talagang tunay at tiyak. Maaaring hindi sa bahagi Nito sa ngayon, dahil hindi pa Ito ibinibigay. Nadaanan na natin ito, kayong mga tao sa tabernakulo, dito sa pisara. Ngunit sumampalataya nga siya sa Diyos, "at siya na sumasampalataya ay may walang hanggang Buhay." Hindi ko inisip na may isang tao na naniniwala riyon na gaya ko, hanggang kaninang umaga, narinig ko si Charles Fuller habang pababa ako. Naniniwala siya, rin, na ang bagong kapanganakan ay hindi ang bautismo ng Banal na Espiritu. Ang bagong kapanganakan ay ang pagkapanganak. Ang Banal na Espiritu ay ang bautismo. Kita n'yo? Siyanga.

¹³⁰ Ngayon nakita natin na ang taong ito'y kailangang maipanganak na muli upang mabuhay. Siyanga, ang maipanganak sa laman, saka kayo magkakaroon ng kaalaman sa sanlibutan. At sinusunod ng makasanlibutang karunungan ang makalaman nitong guro. Tama. Iyon ang tumpak na dahilan kung bakit ang isang taong walang bagong kapanganakan, at sabihin sa kanya ang Salita ng Diyos, susundin pa rin nila ang kanilang obispo, ang kanilang ministro o ang kanilang organisasyon, sa halip na ang Salita ng Buhay. Bakit? Wala na itong ibang alam kundi 'yan. "Aba, alam n'yo, baka balang araw ay maging ministro ako." Aba, isang dalubhasang guro si Nicodemo. Higit pa 'yan sa isang ministro, higit pa 'yan sa isang—isang—isang pastor, higit pa 'yan, isa 'yang dalubhasang guro sa Israel. Kita n'yo? Oo, at isa siyang dakilang tao, kabilang siya sa grupong ito at hindi hihigit pa sa wala ang nalalaman tungkol sa Diyos. Kita n'yo? Ang alam lang niya ay isang kung anong kasaysayan.

¹³¹ Ano ang saysay ng isang makasaysayang Diyos kung hindi Siya ganoon pa rin ngayon? Anong buti ng Diyos ni Moises kung hindi Siya ang ganoon pa ring Diyos ngayon? Ano ang buti sa isang Diyos na kayang magligtas ng isang tao sa isang krus na hindi na kayang magligtas ng isa sa ganoong kalagayan ngayon? Gaya nga ng lagi kong sinasabi, “Anong buting magagawa nito na bigyan ninyo ang inyong ibong kanaryo ng mabubuting mga binhi at mga bitamina, para magkaroon siya ng mainam na malalakas na bagwis at magagandang balahibo, at ilagay siya sa isang hawla?” Hindi ko iyon makuha. Subukang sabihin sa kanya ang tungkol sa isang Diyos ng kapangyarihan at mga bagay, at ilagay siya sa isang organisasyon na ni hindi nga naniniwala sa ganyang bagay. Kita n’yo? Wala na lahat ito. Iyan ang dahilan na nabibigo ito, patay na siya. Hindi ninyo ito magagamit. Hindi kailanman ito ginamit ng Diyos.

¹³² Isipin lang, hindi kailanman ginawa ng Espiritu Santo, sa anomang panahon, na gumamit ng isang organisasyon, wala saan man sa Kasulatan o wala saan man na makasaysayan. Kung ang sinuman sa teyp, o naririto, ay makapagpapakita sa akin kung saan ginamit ng Espiritu Santo ang isang organisasyon at gumawa ng pagkilos sa mundo, pumunta’t sabihin sa akin. Gusto kong sabihin n’yo sa akin kung saang aklat ng kasaysayan ito nanggaling. Alam ninyong wala ito sa Kasulatan, kaya gusto kong ipakita ninyo sa akin ang kasaysayan na pinanggalingan nito. Hindi kailanman gumamit ang Diyos ng anumang bagay na gaya niyan. Isang indibidwal ang ginagamit Niya, sa tuwina.

¹³³ Buweno, ang maipanganak ng Espiritu. Ngayon, ang maipanganak sa laman, at magkaroon ng karunungan ng sanlibutan, susundin ng karunungan ang makalaman nitong tagapagturo. Ang maipanganak ng Espiritu ay ang sumampalataya at sumunod sa aral ng Biblia, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. At ang isang tao na ipinanganak ng Espiritu ay susunod sa Salita ng Diyos kahit na ano pa ang sabihin sa kanya ng anumang sali’t saling turo. Sadyang gayon lamang ito. Ipinanganak kang muli, iyan ang dahilan kaya nakakakita ka. Ang mapabilang sa isang organisasyon, ilagay ang lahat ng pag-asa mo diyan . . .

¹³⁴ Ngayon, hindi ko sinasabi na ang mga tao na nasa organisasyon ay hindi ipinanganak na muli. Ngayon, pupunta ako diyan sa ilang sandali, kung loloobin ng Panginoon. Sigurado, sila nga, pero mga indibidwal sila. Hindi ang organisasyon ang ipinanganak na muli; ang mga indibidwal na naroon ang ipinanganak na muli. Ngunit inihihwalay lamang siya ng organisasyon mula sa Diyos, iyon lang ang ginagawa nito, inihihwalay kayo. Tama nga. Kahit pa hindi isinasaalang-alang ang laman, itinuturo ng denominasyon ang laman, lagi itong taliwas sa kalooban ng Diyos.

135 Ang *maipanganak na muli* ay nangangahulugan na “ipinanganak mula sa Itaas.” Ang *muli* ay nangangahulugan ng “mula sa Itaas.” Sa palagay ko’y alam na ninyo ’yan, kita n’yo. Ang *maipanganak na muli* ay nangangahulugan na “ipinanganak mula sa Itaas.” Ngayon, makikita n’yo, maaari n’yo itong pag-aralan kung gusto n’yo, ang talasalitaan. Kita n’yo, nangangahulugang “isang kapanganakan na nagmula sa Itaas.” Dahil, naipanganak na kayo *rito*, ngayon para maipanganak na muli ay kinakailangan ninyong ipanganak mula sa itaas *Dito*, upang maipanganak na muli. Kung ganoon ang Kahariang ’yan ay lubhang higit na mataas kaysa sa kahariang ito, lubhang higit na dakila kaysa sa kahariang ito, hanggang sa ang kahariang ito ay maging kamangmangan Doon, at Iyo’y kamangmangan dito.

136 Gaya ng madalas kong sabihin, ako at ang asawa ko dito hindi pa katagalan ay nagpunta para bumili ng mga groseri, mga ilang buwan pa lang ang nakakaraan, at nakakita kami ng isang babae na nakasuot ng palda. At iyon ang pinakakakatwang bagay na nakita namin sa napakahabang panahon.

137 Buweno, kaninang umaga, hindi ko ito sinasabi nang may paglapastangan, narinig ko ang isa sa mga kilalang organisasyon. At ang anak kong babae at ako ay nakikinig ng radyo habang papunta kami upang ihandog ang isang iglesya. At isang awit na inawit nila, isang uri ng kung ano pa man ni *Ganito-at-ganyan*, ilan sa awiting klasikong iyon na sa pandinig ko’y parang mga kababaihang pinipigil ang kanilang paghinga hanggang sa mangasul na ’yung mukha nila, at saka iisiping pag-awit ’yon. Paglangitngit ’yan. Gusto ko ang magandang lumang pag-aawitang pentecostal, na nagmumula mismo sa inyong puso. Hindi n’yo madala ang himig sa isang timba ng uling, pero ganoon pa man umaawit kayo, nagkakaingay na may kagalakan sa Panginoon. Sa palagay ko’y espirituwal ’yan. Gusto ko ito. Pero iyon na pinipigil ang paghinga n’yo hanggang sa mangasul na talaga ang mukha n’yo, at hihinto at babalik pagkatapos, sino. . . Ni hindi n’yo alam sa sarili ninyo kung ano ang inaawit n’yo. Paano n’yo pa aasahan na malalaman ng iba? Iyan ’yon. Sinabi ni Jesus, “Kami ay nagsasalita tungkol sa mga bagay na nalalaman namin.” Tama ’yan. Tama iyan. Ang dapat nating gawin ay awitin natin kung ano ang alam natin sa puso natin, kung ano ang nadarama natin.

138 At nang matapos na sila, nag-aaral ng musika ang anak kong babae, at sabi niya, “Kapatid,” sabi niya, “talagang isang klasiko ’yon.”

139 Sabi ko, “Oo, pero ilan mula sa choir na ’yan na nasa mga limampung katao ang sa palagay mo’y may sigarilyo sa hininga nila? Ilan sa choir na ’yan ang sa palagay mo, kagabi na Sabado ng gabi, ang hindi nakainom ng kaunti sa sosyalan? Ilang kababaihan diyan ang maikli ang buhok?

Ilan ang may pinta, noong sabihin ng pastor ng iglesya ilang araw pa lang ang nakakaraan, ‘Ginawa ng Diyos na mas maganda ang mundo nang likhain Niya ang pangkulay’?” Gayong, alam natin na may isang babae sa Biblia na nagpinta ng kanyang mukha, at ipinakain siya ng Diyos sa mga aso. At tayo, sinuman na nakakaalam ng anuman tungkol sa iglesya at tungkol sa mga pagano, ay nalalaman na ang pagme-make-up ay isang kaugaliang pagano, noon pa man. At, gayunman, ginagawa ito ng mga kababaihan. At ang lalaki naninigarilyo, umiinom, nagpapatuloy ng ganoon. At tumatayoroon at umaawit, mga tinig na gaya niyan. Dadako tayo rito sa ilang sandali dito mismo. Buweno. Kabilang sa isang isipang makadenominasyon, gayong, magkakaroon ng kabiguan sa Paghuhukom, sa palagay ko.

¹⁴⁰ Ang maipanganak ng Espiritu, ay ang manampalataya at kumilos nang wasto sa sarili ninyo sa Espiritu, ay ang maunawaan at sampalatayanan nang buong puso ninyo na si Jesus ang Cristo at Ito ang Kanyang Salita, na wala nang iba pang mga salita ang maaaring idagdag Dito o ibawas Dito nang hindi inaalis ang pangalan ninyo sa Aklat ng Buhay. Mabigat ang isang ’yan. Kung magdadagdag kayo ng isang bagay Dito, sa inyong sali’t saling turo, o magbabawas ng isa mula Rito, buweno, sinabi ni Cristo, Mismo, “Buburahin ang inyong pangalan sa Aklat ng Buhay.” Ngayon, maghanap ng organisasyon, ng denominasyon sa Biblia. Tataakbo kayo mula rito! Siyanga. Kahit pa hindi isinasaalang-alang ang laman, ang turo ng denominasyon ay taliwas sa Biblia. Oo. Ang *ipanganak na muli* ay nangangahulugang “isang bagong Kapanganakan na nagmula sa Itaas; ipinanganak mula sa Itaas.” Saka tayo mabubuhay sa mga bagay na nagmula sa Itaas. Oh, naku! Sapagkat Ito ay Siya mismo na kumikilos sa Kanyang Salita sa pamamagitan ninyo, na sanga Niya, sa Puno.

¹⁴¹ Iyan ang dahilan kaya sinabi ni Jesus, “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, ay huwag Akong sampalatayanan.” Oh, tiyak nga! Sabi Niya, “Walang umakyat sa Langit kundi Ang nanggaling sa Langit.” Masdan ang pagtutuwid Niya kay Nicodemo dito, nang si Nicodemo... Alam ninyo, inisip nila, na Siya bilang isang Tao, hindi Siya maaaring maging Diyos. At sinabi Niya, at doo’y sinabi Niya, “Walang umakyat sa Langit kundi Ang nanggaling sa Langit, sa makatuwid baga’y ang Anak ng tao na nasa Langit ngayon.” Labis na iyon para sa kanya. Paano nga Siya, na Anak ng tao, makabababa mula sa Langit; bumaba mula sa Langit; ay ang siya ring umakyat sa Langit; at ang siya ring Isa na nakatayo rito sa itaas nitong bahay, na kinakausap si Nicodemo, ay nasa Langit ngayon? Buweno, dapat sana’y nakita na niya na ang Diyos iyon. Siya’y nasa lahat ng dako, kahit saan! Kita n’yo? Pero siya, sa kanyang mga sali’t saling turo, ay hindi alam ’yon. Hindi

espirituwal ang kanyang pag-iisip. Ang makamundong kaisipan, at hindi ito makuha.

Sabi Niya, “Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino Ako na Anak ng tao?”

“Anang ilan, buweno, ‘Siya’y ang Anak ni David.’”

¹⁴² Sabi Niya, “Kung gayo’y bakit tinawag Siya ni David sa Espiritu na ‘Panginoon,’ sabi, ‘Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, “Maupo Ka sa Aking kanan, hanggang sa Aking gawing tungtungan ang Iyong mga kaaway”?” Kung paano na Siya ay kapuwa Ugat at Supling ni David; Siya na bago pa si David, Siya’y noong si David, at pagkatapos ni David. Kita n’yo? “Siya ang Ugat at Supling ni David,” sinabi nga ng Biblia, kapuwa Ugat at Supling ni David. Paano Siya magiging Kanyang Anak kung gayon? Paano Siya magiging Kanyang Panginoon? Sinabi ng Biblia, “Hindi na sila nagtanong sa Kanya mula noon.” Sa palagay ko isa itong mabuting bagay, din. Siyanga, po. Buweno.

¹⁴³ Ipinanganak na muli buhat sa Itaas. Kung gayon tayo’y buhay, buhay sa mga bagay mula sa Itaas, at, sapagkat ang Buhay Niya ay nasa atin, na ang Kanyang Salita na pinatotohanan ang Salita Mismo. Ang Espiritu na nasa inyo ay ang Salita na nagkatawang-tao sa inyo. Ang Espiritu ay iniisip ang Salita, at kumikilos sa pagpapatotoo sa Salita.

¹⁴⁴ Ngayon, hindi kumikilos ang Espiritu sa anomang denominasyon. Hindi ito interesado sa pagbuo ng organisasyon, dahil ang Espiritu Mismo ay taliwas sa organisasyon. Tumitingin ang organisasyon sa mga bagay na makasanlibutan, ang kaisipan ng sanlibutan, at gumagawa sila ng malalaking templo at magagandang bagay, at naglalakihang magagandang organisasyon, magagaling na mangangaral, at iba pang ganyan, at ang pinakamahusay na uri sa lungsod. Samantalang, naghahanap ang Espiritu ng tapat na mga puso kung saan ang Espiritu ay nananabik na magpahayag at magpatunay na Totoo ang bawat Salita ng Diyos. Paano nga kayo, paano nga makakakilos ang Espiritu sa isang organisasyon gayong tumatanggi ito, na tinatanggap ang mga kredo sa halip na ang Salita? Hindi ito magagawa. Kaya, nakita n’yo, patay ito. Hindi nagtutungo ang Diyos sa mga ganoong uri ng lugar upang hanapin ang Kanya, isang—isang pangkat ng tao na gagawa para sa Kanya, dahil patay na nga sila. Hindi sila mananampalataya sa Salita, kung hindi ay di sana napunta doon. Kita n’yo? Ngayon, nabubuhay tayo sa mga bagay na buhat sa Itaas. Ngayon, ang Salita ang iniintindi ng Espiritu. Ngayon, tama ’yan, dahil ang Espiritu ay nagbibigay ng Buhay sa Salita. Kita n’yo? “Ang titik ay pumapatay; ang Espiritu ay nagbibigay ng Buhay.”

145 Ngayon, papunta ako ngayong araw, tinitingnan ang mga malalaking naggagandahang mga puno doon sa kagubatan, ang malalaking burol, kayumanggi, dilaw, may tulduk-tuldok na luntian sa kanila. Sabi ko, “Alam mo kung ano ’yon?” Sabi ko, “Nagkaroon lamang tayo ng kamatayan, at inilabas ng Diyos ang Kanyang pumpon ng bulaklak, inilalagay ang mga iyon doon sa mga burol. Ito’y mga bulaklak ng patay. Bumalik na ang buhay sa alabok. Inilibing lamang ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga binhi mula sa mga bulaklak at ganung mga bagay, balik silang inilibing, at pinamukadkad lamang Niya ang Kanyang pumpon ng bulaklak. Nakatunghay siya sa mundo sapagkat ito’y mga bulaklak ng patay. Pero sa muling pagsikat ng araw, muling magkakabuhay ang binhing ’yan.” Amen. Buweno.

146 Interesado ang Espiritu sa pagpapatotoo sa Salita. At kung tinanggap ninyo ang sali’t saling sabi sa halip na ang Salita . . . Ngayon, sasabihin ninyo, “Buweno, pinaniniwalaan namin ang lahat ng Ito, pero, Kapatid na Branham, alam kong hindi namin pinaniniwalaan *Ito*.” Kung gayo’y diyari na mismo kayo huminto.

147 Sinabi sa akin ng kapelyan minsan na siya . . . na isang—sinabi ng isang kapitan, o sa palagay ko’y isa itong komandante, sabi, “Kapelyan, pumunta ka doon, may isang kapitang nag-aagaw-buhay. Napuruhan siya ng machine gun.”

148 Nagpunta siya doon, at nahihirapan na ang kapitan. Dinala nila ito sa isang tolda ng Red Cross, at sinabi niya, “Kapitan.”

149 Tumingala ito sa kabila ng bumubulubok na dugo, at sinabi nito, “Oo, ginoo.” At sabi nito, “Ikaw ang kapelyan.”

“Oo.” Sabi niya, “Nag-aagaw-buhay ka na, kapitan.”

Sabi nito, “Alam ko ’yon.”

Sabi niya, “Cristiano ka ba?”

Sabi nito, “Dati akong ganoon.”

150 Sabi, “Saan mo Siya iniwan, kapitan?” Sabi niya, “Masumpungan mo Siya kung saan mo Siya mismo iniwan.” Tama.

Sabi ng kapitan, “Hindi ko maisip.”

151 Ang sabi ng kapelyan, “Maiging isipin mo na, wala ka nang nalalabi kundi mga ilan pang minuto, sa paraan ng pakikipagbuno mo.” Bumubuka na ang bibig, lumalabas na ang dugo sa bibig niya at mga tainga, at mga bala ng machine gun sa kabuuan niya. Sabi, “Magmadali ka na, napupuno na ’yung mga baga mo.”

152 At nagsimulang mag-isip ’yung kapitan, nakahimlay doon habang siya’y nakikipagbuno. Isang ngiti ang bumadya sa kanyang mukha, sabi, “Alam ko na ngayon.”

Sabi, “Saan mo Siya iniwan? Magsimula ka doon.”

153 Sabi niya, “Ngayo’y hihimlay na ako para matulog.” Doon niya Siya iniwan, doon niya Siya nasumpungan.

154 Kapag nagtuturo ang organisasyon ninyo ng isang bagay na taliwas sa Salita, iniwan n’yo Siya roon mismo. Balikan agad, sapagkat kumikilos Siya sa pagpapatunay at pagpapaging totoo sa Salitang iyan. Iyon si Jesus, ginagawa sa tuwina ang kalooban ng Ama. Kita n’yo? Siyanga.

155 Kaya, kita n’yo, ang pang-unawang pang-organisasyon ni Nicodemo ay walang kabuluhan sa Diyos. Ngayon, kahit ba isa siyang bigatin, gaya ng tawag natin dito, sa organisasyon, isang guro sa Israel, lahat ng kanyang pinag-aralan at pagkaunawa ay hindi nangahulugan na [Pinitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] noong tumayo siya sa harapan ni Cristo, isa lamang pagsaway sa kanya. Ngayon, nakikini-kinita kong sabi ng lahat ng tao, “Banal na amang, Nicodemo. Banal na amang, Nicodemo. Yumuyukod kami sa iyo, ginoo.” Ngunit nang si Jesus, tumayo siya sa harap ng Diyos, sinaway Niya siya sa kanyang kamangmangan. Kaya, nakita n’yo kung saan humahantong ang lahat ng ’yan, kalimutan na ’yon! Halina kayo, magtungo tayo sa Diyos. Tama ’yan. Sige.

156 Ni ang dakilang pagkaunawa ni Kora ay nangahulugan ng anuman, o ang kay Adan man, bawat isa’y itinataggi ang pinatunayang Mensahe ng Diyos. Ngayon makinig tayo nang mabuti ngayon, tutungo na tayo sa ilang matataas na tubig sa isang saglit. Kita n’yo, bawat isa sa kanila, ang dahilan na napunta sila sa kaguluhan, sina Nicodemo, Kora, Nimrod, at iba pa, ay sapagkat hindi nila kinilala ang mensahero ng Diyos na taglay ang pinatunayang Salita ng panahong iyon. Ngayon, alam ’yan ng kahit sino. Ngayon, puwede tayong tumigil diyan nang matagal. Ngunit inihuhula ng Diyos at nagsasabi na ang isang bagay ay magaganap; bubuo ang tao ng mga organisasyon, maglalagay ng tao nang sadyang ganoong-ganoon. Naniniwala silang may darating na Mesiyas. Oh, silang mga Judio, oh, naku, sigurado! Pero nang dumating si Jesus sa paraang dumating Siya, sinabi nila, “Hindi maaaring maging Siya ’yon.” Nabigo silang maunawaan ang Salita. Ngayon, hindi dumating si Jesus na taliwas sa Salita (Siya ba?), kundi dumating Siya na taliwas sa pagkapaliwanag ng organisasyon sa Salita. Hindi dumating si Moises na taliwas sa Salita, dumating siya na tumpak sa Salita; pero nabigo si Kora na makita ito. At lahat tuluy-tuloy hanggang dulo ay naging ganoon na ito.

157 Ngayon tingnan. Itong Mensahe sa panahon na ito ay hindi lamang isang bagay na nagsasabing “nasa atin ang Katotohanan at nasa atin *ito, iyon,*” kailangang una nang sinabi ito sa Kanyang Salita! At saka pagkatapos na maihayag na ang Salita, kailangang mapatunayan ito nang tama sa pamamagitan ng Salita.

158 Pinatunayan nang tama ng Diyos si Jesus, sa pamamagitan ng Salita. Sabi Niya, “Kung inyong nakilala si Moises, ay nakilala na rin sana ninyo ang Aking araw.” Mainam ang pagkasabi ng mga propeta tungkol sa Kanya, mainam ang pagkasabi ng mga propeta kung ano nga Siya. At gayun ma’y binulag sila nito, hindi nila ito maunawaan. Kita n’yo? Pero si Jesus ay . . . Ngayon huwag . . .

159 Gusto ko itong sabihin para sa teyp, at para sa inyo, rin. Kita n’yo, ang mensahero na taglay ang Mensahe sa panahon!

160 Ngayon, kung magtutungo kayo, sasabihin ng Seventh-day Adventist, “Nakuha na namin siya, basta ganapin lang ang Sabbath!” Ipakita n’yo sa akin ’yan sa Mga Kasulatan. Sinabi ni Binibining Eddie Baker na nakuha na niya ito. Ipakita ito sa akin. Sabi ng Saksi ni Jehovah na nakuha na nila ito. Ipakita ito sa akin. Kita n’yo? Sinabi ng Methodist na nakuha na nila ito. Ipakita ito sa akin. Sinabi ng Baptist na nakuha na nila ito. Ipakita ito sa akin. Ipakita sa akin ang anumang mga organisasyon. Patutunayan ko sa inyo na sila, bawat isa, ay wala sa kalooban ng Diyos. Taliwas ang bawat isa sa kanila, na itinuturo ang mga tradisyon ng tao sa halip na ang Salita ng Diyos. Wala akong alam na isa man sa kanila na tatanggap ng mga bagay na talagang nakasulat sa Biblia sa kung ano lang Ito. Tama ’yan. Pero kapag may kung sinong nagdaan at nagsabi, “Nasa akin ang Mensahe sa panahong ito,” dapat muna siyang makita nang tama at una nang sinabi na darating.

161 Nang maglakad doon si Juan Bautista, sabi nila, “Ikaw ba ang Cristo?”

Sabi niya, “Hindi ako.”

Sabi, “Ikaw—ikaw—ikaw ba si Elias?”

Sabi niya, “Hindi ako.”

Sabi nito, “Sino ka ba?”

162 Kaya niyang ipakilala ang sarili niya, nasa kanya ang Mensahe sa panahon na iyon. Sabi niya, “Ako ang tinig ng isa na sumisigaw sa ilang, gaya ng pagkasabi ng propeta Isaias. Ngayon, kung ang aking kapanganakan at buhay ay hindi tumutugma diyang, huwag—huwag akong tanggapin.”

163 Nang dumating si Jesus, ay gayun ding bagay, ganoon din. Ang mensahero na may Mensahe, dapat ay Mensahe na pauna nang sinabi ng Diyos. At pagkatapos ang Diyos, na nangungusap sa pamamagitan nitong mensahero, ay pinatutunayan na ito ang Katotohanan. Naririnig n’yo ba ito? Nauunawaan n’yo ba ito? Unawain ito! Dapat muna itong maging **GANITO ANG SABI NG PANGINOON**, una nang sinabi. At saka ang mensahero na dala ang Mensahe, ay dapat na maging tugmang-tugma sa kung ano ang sinabi ng Diyos na magaganap sa panahon na ’yon.

164 Ganyan ang kay Moises. Iyon ang dahilan kaya nagpatirapa siya sa harap ng Diyos, at sinabi, “Diyos, Iyong sinugo ako.”

Sabi Niya, “Humiwalay ka sa pangkat na 'yon.”

165 Nakita n'yo ba kung ano ang ibig kong sabihin? Noon pa'y ito na ang bagay na nagpapabaluktot sa isipan ng tao, inalis sila sa kalooban ng Diyos. Ngayon alalahanin, una nang sinabi sa pamamagitan ng Kanyang Salita at pinatunayan nang tama sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Ngayon, sinabi ni Jesus, “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa, ang sa Diyos, kung gayo'y huwag n'yo Akong sampalatayanan. Nakita ninyo, kung hindi Ko nagawa . . . Sabihin, sino sa inyo ang makahahatol sa Akin ng kasalanan? Sino sa inyo ang kayang magpakita sa Akin na isa Akong di-mananampalataya?”

166 Sinabi ni Nicodemo, “Batid naming Ikaw . . . Guro, nagmula Ka sa Diyos, sapagkat walang makagagawa ng mga bagay na 'yon libang sumasa kanya ang Diyos.” Kita n'yo? Kaya nagpakita ito na isa Siyang mananampalataya.

167 Ngayon, sa atin na nakakaalam ng kasaysayan ng iglesya. Ngayon isuot ang mga sombrero ninyo ng pag-iisip. Hindi pa ito huli, kita n'yo, kaya makinig lang nang mabuti ngayon at sisikapin ko na madaliin sa abot ng makakaya ko. Ako—gusto ko . . . Makinig nang mabuti sa teyp. Ngayon, sinoman na nakabasa na ng kasaysayan ng iglesya, ay alam na ang kauna-unahang pagkakataon na naorganisa ang Cristianismo, ay ang iglesyang Romano Katoliko. Ngayon, kung may mga nangyari man bago 'yan, gusto kong dalhin ng sinoman ang naturang kasaysayan at ipakita sa akin. Isa akong malapit na kaibigan ni Paul Boyd, ng maraming mahuhusay na tagasaliksik ng kasaysayan. Mayroon ako doon sa silid-aralan ko na, *The Post Nicene Council, The Nicene Council, The Nicene Fathers*, lahat ng mga sagradong kasulatan ng iglesya, na alam ko. Tatlumpu't tatlong taon ko silang pinag-aralan, siniyasat ang mga ito. Wala kailanmang organisasyon. Ang iglesyang Katoliko ang ina ng pag-oorganisasyon. Alam natin na iyan ang katotohanan. Hindi kailanman naorganisa ang iglesya, na nagkaroon ng isang denominasyon, hanggang sa iglesyang Katoliko. At ang salitang *katoliko* ay nangangahulugang “pangkalahatan.” At gumawa sila ng isang pang-estado-na-iglesyang relihiyon, at ginawa ito sa lahat ng nasasakupan ng Roma, at nagawa nito na halos ang—ang pinakamainam na bahagi ng mundo ay masakop nang panahong iyon. Ito noon ang iglesyang pang-estado, at yaong mga hindi susunod dito ay papatayin. Ang Konseho ng Nicaea, labinlimang araw ng madugong labanan, nang ang mga tunay na propeta ng Diyos, nang manindigan sila doon sa mga . . .

168 Ang iglesyang Katoliko, bakit ito unang nagsimula, aba, alam nating lahat ito, naituro ko na ito dito. Kung paanong, talaga, sina Aquila at Priscila ang pastor, si Aquila ang pastor

ng—ng iglesya sa Roma. Nang bumaba ang Banal na Espiritu noong Pentecostes, bumaba ito sa mga Judio mula sa bawat bansa sa ilalim ng langit. Ngunit ilang araw pagkatapos niyon, nagkaroon ng pangitain si Pedro sa itaas ng bahay, na magpunta doon kay Cornelio, na isang Romano, isang matuwid na tao, at nanalangin siya at bumaba ang Banal na Espiritu sa kanya. Hindi nagtagal ay nagsimula na itong tanggapin ng mga dignitaryo. Nagpunta sina Aquila at Priscila sa—sa Roma at nag-organisa sila, o, hindi nag-organisa, kundi inilagay sa kaayusan ang unang iglesya sa Roma. At, nang gawin nila, nagkaroon sila ng kanilang—kanilang mga kapatid at mga kapatirang babae.

¹⁶⁹ At si Claudio, sa kanyang paghahari, ay itiniwalag ang lahat ng mga Judio mula sa Roma. At 'yun mismo ang panahon na sinabi ng iglesyang Romano Katoliko na nasa Roma daw si Pedro. Magpakita nga sa akin ng isang Kasulatan na nagsasabing naparoon si Pedro sa Roma, o kahit anong kasaysayan na nagsasabing naparoon nga siya. Hindi siya, ayon sa Salita ng Diyos, at Iyan ang pinaniniwalaan ko. At paano na si Pedro, na isang Judio, ay matatanggap ang idolatriya at bagay na mayroon sila, na pagsamba sa mga diyos-diyosan at ganung mga bagay? Saan... Kita n'yo? Paano siya magiging laban sa sarili niyang aral dito? Walang kabuluhan. Hindi rin hihigit pa riyang ang Protestante. Sandali lang, dadako tayo diyan sa ilang sandali, maya-maya, kung lolobin ng Panginoon. Pansinin. Pansinin ngayon, natuklasan natin na ang panahon mismo na sinabi ng iglesya na nasa Roma daw si Pedro, sinasabi ng kasaysayan na si Claudio (at sinabi maging ng Biblia) ay nag-utos na palayasin ang lahat ng mga Judio palabas ng Roma.

¹⁷⁰ At nagdaan si Pablo sa Efeso at nagpunta doon sa bandang itaas na mga baybayin, nadatnan niya ang mga alagad na ito, at doo'y naroon siya na dinadalaw sina Aquila at Priscila. Matapos nilang lumisan, pagkatapos ang mga Romanong kapatiran sa iglesyang ito ay nagsimulang bumuo ng sarili nilang mga ideya, at idinagdag nila ang pagsamba sa mga diyos-diyosan. At pagkatapos pagdating kay Constantino, na 'yung kanyang ina ay isang tunay na Cristiano at umaasang magiging ganoon din ang anak nito, subali't isa siyang pulitiko. At nakita niya na karamihan sa Roma, o ang malaking bahagi nito, na mula sa mahirap na pangkat, ay tumanggap na ng kaligtasan sa pamamagitan ni Cristo. At pagkatapos ay nagsimula na silang makilala nang husto, dahil ibinababa na nila si Venus at itinataas si Maria, at ibinababa si Jupiter at itinataas si Pedro, at iba pang gaya niyan at—at ang mga alagad, at isa na itong napakatanyag na relihiyon. At matatapang sila. Sila, ang mga Cristianong 'yon ay kayang ibuwis ang buhay!

¹⁷¹ At sinabi ng iglesyang Katoliko, “Kami ang pasimula.” Talagang katotohanan nga iyan, nagsimula ang iglesyang Katoliko sa Araw ng Pentecostes. Pero ito ang kung ano ang

nagpalabas sa kanya, nag-organisa siya at nagpasok (mula sa Salita) ng mga dogma. At ang pinakabagong dogma, kayong mga tao na lampas sa sampung taong gulang ay maaalaala pa ang pinakabagong dogma, ang pag-akyat sa langit ni Maria, mga sampung taon na ang nakakaraan. Isa pang dogma na idinagdag sa iglesya. Sa halip na Kasulatan, ito'y dogma! At ibibigay nila sa inyo para maunawaan na ngayon, na sila'y "walang pakialam kung ano ang sinasabi ng Kasulatan, ito'y kung ano ang sinasabi ng iglesya."

Sila, sinabi sa akin ng pari na 'yon, sabi, "Ang Diyos ay nasa Kanyang iglesya."

Sabi ko, "Ang Diyos ay nasa Kanyang Salita."

¹⁷² Sabi niya, "Buweno, ang Bibliang 'yan ay isa lamang kasaysayan ng sinaunang iglesyang Katoliko."

¹⁷³ Sabi ko, "Kung ganoon isa akong sinaunang Katoliko." Sabi ko, "Mas ginagawa akong isang Katoliko niyan kaysa sa iyo, na isang pari." Kita n'yo? Sabi ko, "Kung ganoon nga ito, kung ganoo'y ganyan ako." Sabi ko, "Nakita mo, pinaniniwalaan ko nang eksakto kung ano ang itinuro ng mga apostol. Pinaniniwalaan mo kung ano ang isiningit dito ng tao." At ganoon nga mismo ang nangyari dito. Tiyak, ito nga. Nangyaring ganoon, ganap sa ganoong paraan.

¹⁷⁴ Ngayon pansinin ang kasaysayan. Pagkatapos ay nagsimula silang magdagdag ng mga dogma, dogma. At nang dumating si Pablo, alam natin, ayon sa kasaysayan, na ni hindi niya dinalaw ang unang iglesyang 'yon, sapagkat hindi niya kayang matagalan ang idolatriya. At dinalaw niya ang ikalawang iglesya na siyang itinatang nila, ang ikalawang iglesya sa Roma.

¹⁷⁵ At noong dumating 'yang Konseho ng Niceaea, kung saan nakita ni Constantino ang ideya na pag-isahin ang kanyang kaharian. Ang siya mismong bagay na ginawa ni Ahab kay Jezebel, nagpakasal doon. Kita n'yo? At nang makakita siya ng pagkakataon na pagkaisahin ang kanyang mga tao at gumawa ng isang malaki't makapangyarihang bansa mula rito, naisip niyang gamitin ang kanilang relihiyon, kaya ginawan niya sila na isang relihiyong pang-iglesya-estado. At nang magkaroon sila ng Konseho ng Niceaea na iyon, at naglabasan ang mga tanong na ito kung mayroon bang isang Diyos, o tatlo; kung dapat ba silang magbautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, o Ama, Anak at Espiritu Santo; lahat nitong iba pang mga katanungan ay dinala sa—sa isang paghaharap doon. At, nang mangyari nga ito, ang ilan sa kanila na matatandang propeta ay nagpunta doon na walang kahit na ano kundi balat ng tupa na nakabalot sa kanila, at kumakain ng mga gulay. Tama! Ngunit silang maiimpluwensiyang mga dignitaryo ay nagawa nang ipasok ang kanilang pamamaraan sa iglesya, pinatahimik sila sa pamamagitan ng makasanlibutang katalinuhan. Ngunit taglay

nila ang “GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Napunta siya sa makapaganong kadiliman nang mga isang libong taon.

¹⁷⁶ Pero nagsimula siyang muli, na mamukadkad. Tama 'yan. Hindi ninyo Ito mapapatay. “Aking isasauli, sabi ng Panginoon, ang lahat ng mga taon na kinain ng mga bagay na ito.”

¹⁷⁷ Nagdagdag ang mga denominasyong 'yon ng dogma. At para magawa ito, makapagdagdag ng dogma, ang tanging paraan ng alinmang iglesya, ang tanging paraan ng alinmang denominasyon para magawang makalayo sa Salita ng Diyos, ay ang magdagdag ng dogma sa halip na banal na Mga Kasulatan, ay ang subukang gumawa ng sali't saling sabi ninyo o ng doktrina ng inyong iglesya, kahit na taliwas pa ito sa Mga Kasulatan. Kung ganoon paano ninyo hahatulan ang iglesyang Katoliko, gayong ginagawa ninyo ang ganoon ding bagay na ginawa nila? Nauunawaan n'yo ba? Buweno. Gayong, ngayon isipin na lamang, hindi maaaring mabigo ang Mga Kasulatan! Ang mga dogma ay isang kasinungalingan, sa simula pa lang. At kapag tinanggap ninyo ang isang denominasyon, kumuha na kayo ng dogma, dahil isang bagay ito na idinagdag. Wala ito sa Kasulatan. Wala ito sa Kasulatan.

¹⁷⁸ Walang ganyang bagay na gaya ng organisasyon. Hindi kailanman sinabi ni Jesus, “Inaatasan Ko kayo na humayo sa buong sanlibutan, gumawa ng organisasyon.” Hindi, po, walang ganyang bagay! Ang gawin ito, ay ang tanggihan ang banal na Mga Kasulatan. Nang magawa na ito, binago ito mula sa “Iglesya sa pamamagitan ng kapanganakan” tungo sa “iglesya sa pamamagitan ng dogma at kredo.” Hindi *iglesya*, hayaang humingi ako ng paumanhin; samahan! Ipinanganak kayo sa Iglesya, pero umaanib kayo sa isang samahan. Hindi ito iglesyang Baptist, iglesyang Methodist, iglesyang Pentecostal. Ito'y samahang Baptist, samahang Pentecostal, at samahang Methodist, sumasali kayo sa kanila. Hindi kayo puwedeng sumali sa Iglesya. Walang ganoong bagay. Ipinanganak kayo papasok Dito. Sinabi 'yan kay Nicodemo. Kaya nakita n'yo na kung nasaan kayo? Oh, naku!

¹⁷⁹ Iyan ang dahilan kaya laban ako dito. Hindi laban sa mga tao na nasa loob nito; sa sistema ako laban. Dahil hindi nila . . . Isa sa kanilang matatanda o kung ano pa man, isa sa kanilang mga iglesya'y mangangaral ng isang bagay na nasa Biblia na taliwas sa ganyang doktrina, diyan sa charter na mayroon sila sa iglesyang 'yan, ititiwalag agad siya na gaya niyan. Siyanga, po. Napakagrabe ng iba sa kanila na hindi man lang nila hahayaan ang isang rebaybal na dumating sa ibang iglesya maliban na isa ito sa kanilang sariling mga tao. Aba, sila'y napaka . . .

¹⁸⁰ Minsan may isang tao na magbibigay sa isang mangangaral . . . Dito mismo sa bansa na ito, isang munting matandang mangangaral na nakatayo dito sa may kalye, na

umiiyak at nakikiusap na magsisi, at nagsasabi, “Magsilapit kayo, tanggapin n’yo si Cristo, mangapuspos ng Banal na Espiritu,” at mga bagay na gaya niyan. At isang tao mula sa isang organisasyong Pentecostal ang lumapit at nagbigay sa isang lalaki ng isang dolyar sa kanyang mga kamay, at kinailangang magsisi dahil nakagawa siya ng pangangalunya laban sa kanyang iglesya. Pag-usapan nga naman ang tungkol sa Katoliko! Tama ’yan. At alam ninyo kung ano ang sinasabi ko, rin; o alam rin ng iglesya na ito, ano’t ano man. Buweno.

¹⁸¹ Gawin ito, ang tanggihan ang Mga Kasulatan, kapag nagawa na ito, mababago na ito noon din kapag idinagdag ninyo ang dogma at umanib sa organisasyon, kusa na ninyong tinanggap ang una ninyong dogma, dahil hindi ito ayon sa Kasulatan, kaya isang bagay ito na idinagdag. At isang bagay na idinagdag ang dogma, “pumalit sa lugar ng,” ito’y pagpalit sa lugar ng kapanganakan. Kapag tinanggap ninyo ang denominasyon, nagdagdag na kayo ng dogma. Siyanga. Kapag nagawa na ito, kung gayo’y nabago na ito mula sa “Iglesya sa pamamagitan ng kapanganakan” tungo sa “samahan sa pamamagitan ng dogma o kredo.” Sapagkat, kita n’yo, dogma mismo ito sa sarili nito, bilang hindi ayon sa Kasulatan.

¹⁸² Ngayon, hindi kailanman sinabi ni Jesus, “Humayo sa buong sanlibutan at gumawa ng mga denominasyon, humayo’t organisahin nang sama-sama ang mga tao.” Sabi Niya, “Humayo’t gumawa ng mga alagad.” Pinaniniwalaan n’yo ba ’yon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Amen. Kaya, nakita ninyo, kayo’y ganap na nasa labas.

¹⁸³ Makinig, masdan dito. Isara natin ito sa isa pang bagay dito, ipagdiinang mabuti ang isang bagay sa mismong oras na ito. Ilan ang may Griyegong talasalitaan, ’yung Emphatic Diaglott mula sa matandang manuskrito, na Griyego? Sige. Basahin ito, kuhanin ang kahit na sinong iskolar na nais n’yo. Pumunta sa aklatan at kunin ang talasalitaan, Griyegong talasalitaan. Basahin ang Apocalipsis 17, at kapag bumasa na kayo roon, sinasabi dito ng King James Version, at ganito, “Ako’y Kanyang dinalang nasa Espiritu; at nakita ko ang isang babae na nakasakay sa isang hayop na pula, na puno ng—ng mga pangalang pamumusong.” Ngayon, ’yan ang kung ano ang sinabi ng King James. Pero ang sinabi ng orihinal na interpretasyon:

. . . *ako’y kaniyang dinalang nasa espiritu . . . at nakita ko ang isang babae . . . na puno ng mapamusong na mga pangalan, . . .*

¹⁸⁴ Mayroong napakalaking pagkakaiba sa pagitan ng “mga pangalang pamumusong” at “mapamusong na mga pangalan.” Ngayon masdan. Nauunawaan nating lahat at nalalaman na iyan ang iglesyang Romano na nakaupo sa pitong burol, na pinamamahalaan ang mga kapangyarihan sa mundo. At tinawag

siyang isang “patutot,” at siya ay isang “ina ng mga patutot.” Masdan! Ano ang patutot? Puwede ba itong maging lalaki? Kailangan itong maging isang babae. Kaya kung isa itong babae, kailangan itong maging iglesya; siya ang ina ng mga patutot, gaya rin naman niya. At tingnan, masdan, “Nasa kanya!” Hayaang bumaon ’yon. “Ang nasa kanya ay mapamusong na mga pangalan.” Ano nga ito? Ngayon, mga ministrong naririto at nasa teyp, huminahon lang kayo. Ano ba ’yung mapamusong na mga pangalang iyon? Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, mga Pentecostal, at iba pa. Mapamusong na mga pangalan, sapagkat mga organisasyon ito, na para sa Diyos ay pagpapatutot, na gaya nga niya.

¹⁸⁵ At sila, sa mga grupo na iyon, sinasabi ng mga tao, “Aba, isa siyang Methodist, at ginagawa ang *ganito*. Pentecostal siya, at gumagawa ng *ganito*. Presbyterian siya, at gumagawa ng *ganito*.” Ginagawa nila ang lahat ng bagay sa kalendaryo, alam n’yo ’yan. At ano ba ito? Ito’y mga pangalan na dapat sana’y maka-Cristo at tawagin sa pangalan na Cristiano, at ito’y mapamusong na mga pangalan! Hindi sila mga iglesya. Mali ang pagkatawag sa kanila na “iglesya.” Mga samahan sila! Nakita n’yo na ngayon kung bakit ako laban sa organisasyon, hindi sa mga tao? Ang sistema ng organisasyon, kita n’yo, mga pangalan, mapamusong na mga pangalan (masdan) ng mga samahan, na tinawag na mga iglesya nang hindi tama. Iglesyang Methodist, iglesyang Baptist, iglesyang Presbyterian, iglesyang Pentecostal, iglesyang Lutheran, iglesyang United Brethren, walang ganoong bagay. Hindi nasusulat ’yan.

¹⁸⁶ Mayroon lamang iisang Iglesya, at hindi kayo puwedeng sumali Dito. Ipinanganak kayo Dito. Itinalaga kayo Dito. Ang mitikal na Katawan ni Jesus Cristo . . . ang mistikal na Katawan, pala, ni Jesus Cristo dito sa lupa, na ang Salita ay inihahayag na. Mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos, hindi sila kabilang sa alinman dito. “Magsilabas kayo sa kanila,” sabi Niya. Oo.

¹⁸⁷ Masdan, mabilisan na ngayon. Hindi ko kayo gustong pagurin, pero kung bibigyan n’yo lang ako ng kaunti pang minuto ngayon, bibilisan ko na sa abot ng makakaya ko, pero gusto kong tiyakin ninyo na makukuha ninyo ito, nang sa ganoon ay hindi ninyo ito mapalampas. Kita n’yo?

¹⁸⁸ Alalahanin, ang inang Roma, ay nasumpungan sa kanya, na puno ng mapamusong na mga pangalan, isang ina ng mga patutot. Kung gayon, kung mga patutot sila, ano ang patutot? Ano ang babaeng kaladkarin? Bagay na gaya rin ng patutot. Isa itong babae na hindi namumuhay nang tapat sa kanyang sinumpaang kasal. At alinmang iglesya na nag-aangking Iglesya ni Cristo, at itinatangi ang Salita ng Diyos, hindi siya tapat sa kanyang sinumpaang kasal! Kung gayo’y nangangalunya siya sa pamamagitan ng pagdaragdag ng dogma, pagpapatutot sa

sanlibutan at sa kanyang karunungan, sa halip na tanggapin si Cristo at ang kapangyarihan ng Kanyang muling pagkabuhay, kapangyarihan ng Banal na Espiritu. At siya ang ina ng mga patutot na gumawa ng ganoon ding bagay. Hindi tinatawag ng palayok ang kawa ng “masebo,” alam n’yo na; kita n’yo, anim ng isa, at kalahati ng isang dosena sa kabila. Ilan sa mga tao na ito ay nagdaraan na ginagawa lamang na katatawanan ang Katoliko, at kabilang rin sila mismo sa isa sa ganoon ding bagay. Siya ang ina ng maling pagbabautismo sa tubig. Siya ang ina ng maling katibayan ng Banal na Espiritu, at sumusunod mismo kayo sa kanya. Ngayon tingnan natin.

189 “Totoo ba ’yan, Kapatid na Branham?” Huminahon kayo saglit lamang.

190 Kita n’yo, siya ang ina ng mapamusong na mga pangalan, ng mga samahan na sinalihan ng mga tao, at nagdadala ng kahihiyang, namumuhay sa anumang paraan, nagsusuot ng shorts, kababaihan na maikli ang buhok, nakakolorete, umaawit sa mga choir, naninigarilyo, nagkokomunyon, lahat na ng uri ng karumihan ng sanlibutan, at isa itong katitisan sa dimanampalataya. Hindi nga ba’t nangusap si Timoteo tungkol dito, ang Espiritu Santo? Masdan. Tingnan, siya, ang Roma, ay ang ina ng bawat isa sa kanila. Kita n’yo? Ginawa n’yo mismo sa inyong organisasyon ang tulad ng kung ano ang ginawa niya, nagpasok ng mga dogma sa halip na ang Salita, dahil inilagay ito nang sama-sama ng isang grupo ng mga tao, ang mga mangangaral at ang mga obispo at iba pa ay sinabi na kailangan itong maging *ganito*, at iyan mismo ang naganap sa Roma. At sinisikap mo, kapatid kong pastor, na tanggapin ang buong Salita ng Diyos, at, tingnan kung saan ka tungtong, doon mismo sa labas ng pinto! Ngayon makikita natin kung sinabi nga sa inyo ng Diyos, o hindi, sa ilang sandali. Kita n’yo? Sige.

191 Kita n’yo, siya ang ina ng bawat isa, dahil siya ang unang nag-alis ng mga nakasulat sa Kasulatan at nagdagdag ng dogma, sapagkat tinanggihan niya ang pinahirang mga propeta na siyang may pinatunayang buhay, sa Salita. Para sa kanilang katalinuhan, marunong na tao, mga Emperador na Romano, at iba pa, na tinanggap ang Cristianismo, subali’t nais... tanggapin ito sa sarili nilang paraan. Kita n’yo? Tama ’yan. Nais nila ito sa sarili nilang paraan.

192 Ninais ni Naaman na mawala ang ketong niya sa mga tubig ng sarili niyang bansa, hindi niya gusto ang maputik na mga tubig ng Jordan. Ngunit kung mangyayaring mawala ang kanyang ketong, kailangan niyang lumusong doon sa putik na eksaktong gaya lamang ng sinabi sa kanya ng propeta. Kita n’yo, ang Diyos ay walang itinatangi na tao.

193 Pansinin, siya ang unang denominasyon. Tingnan ang mga anak niyang babae, ginawa ang gayun ding bagay, nagdagdag

ng mga kredo at mga dogma sa halip na ang Salita. Huwag n'yong sabihin sa akin; ipakita n'yo sa akin ang isa na hindi lihis Dito. Ipakita sa akin ang isang pastor na tatanggapin ang Katotohanan, na hindi ka nila palalabasin dito, maliban na lang kung talagang sikat ka na, alam n'yo na, kailangan nilang manghawakan sa iyo dahil sa kasikatan mo o kung ano pa man. Ayos lang 'yan.

¹⁹⁴ Ngayon tingnan sa Apocalipsis 18, sa ilang sandali lang, ang sumunod na talata doon, ang sumunod na kabanata, pagkatapos na magalugad ng Apocalipsis 17 at—at ipinakita ang hiwaga nitong si Binibining Babilonia. Ang ika-17 kabanata ng Apocalipsis ang nagpapaliwanag na isa siyang iglesya na nakaupo sa pitong burol, ang Lungsod ng Vatican, na pinamamahalaan ang lahat ng mga hari sa lupain (iyan nga ang tiyak na tama), at maging ang mga Pangulo, at iba pa. Uh-huh. Kaya, subali't naroon siya, hinahawakan ang yaman ng kanyang mundo sa kanyang kamay. Tumpak nga 'yan. “Sino ang makababaka sa kanya?” Tama 'yan. Alam nating lahat 'yan. Pero bakit kayo magiging kabilang sa isang bagay na may kaugnayan sa kanya? Ngayon pansinin sa ika-18 kabanata, ang mismong kasunod na kabanata matapos na maipaliwanag ang kanyang hiwaga. “Nauupo sa templo ng Diyos.” Ngayon, dito, ang . . .

¹⁹⁵ Zella Braitman, nandito ka ba ngayon, Zella? Nagdala siya, naroon ito sa kuwarto ngayon, *Our Sunday Visitor*, ang pahayagan ng Katoliko. At sinasagot ng pahayagan ng Katoliko ang isang ministro. Sabi, “Sinasabi mo ba, reberendo, na ang . . . Sa numerong Romano doon sa Vatican, o doon sa trono ng Papa, ay nakasulat, ‘Vicarivs Filii Dei,’ na ang ibig sabihin nito, na ito sa Katolikong diyosesis roon, na iyon ay ang—ang bilang ng hayop ng Apocalipsis?”

¹⁹⁶ “Aba,” sabi niya, “tiyak, ito nga. Sakto ito, nababaybay ng anim na raan at animnapu't anim. Sakto nga ito.” At inaamin ito ng Romanong diyosesis, na ito nga. Pero heto ang sagot nila, matalino, lubos sa kaalaman, sabi, “Pero, alam mo, 'yang pangalan mo sa ibang wika ay maaari ring mabaybay nang ganyan.”

¹⁹⁷ Sinabi nitong tao, “Ang pangalan ko, halos ganoon ding bagay sa ibang wika.” Binaybay niya ito. Sabi, “Kita mo, halos anim na raan at animnapu't anim din ako.” Sabi, “May daan-daanan sa kanila.” Sabi, “Sa tuwing may lilitaw na anumang bagay, may isang taong taglay ang anim na raan at animnapu't anim.” At sabi, “Reberendo, alam mo ba na sa ibang wika ay maaaring mabaybay ang sariling pangalan mo na anticristo?” Sabi, “Bakit ka tumitingin sa ganyang mga bagay?” Tingnan n'yo nga ang karunungan.

¹⁹⁸ Subalit mas alam ng Espiritu Santo. Masdan. Maaari nga 'yan, maaaring bumabaybay ang pangalan ko ng anim na raan

at animnapu't anim, pero hindi ako tumutugma sa iba pang mga katangian. Hindi ako nakaupo sa ibabaw ng isang burol. Hindi ko sinasabi ang *ganitong* mga bagay. Hindi ako isang tagapamahala, nakita n'yo. Tama 'yan. Iyan yaong tinutukoy Niya. Kaya ang makasanlibutang karunungan mo'y mauwi sa wala, ginoo, tama 'yan, sa Presensiya ng Espiritu Santo. Hindi ako tumutugma sa lahat ng iba pa rito, kundi siya. "Nauupo sa templo ng Diyos, nagtatanyag sa kanyang sarili na siya ang Diyos, at nakaupo sa pitong burol." Hindi ako nakaupo sa pitong burol, kung bumaybay man ito ng anim na raan at animnapu't anim. Hindi ako tumutugma sa lahat ng iba pa rito, kundi siya. Kita n'yo, hayan na. Kita n'yo? Kaya umasa lang sa Espiritu Santo, "Huwag ninyong ikabalisa kung ano ang inyong sasabihin, sapagkat hindi kayo ang mangagsasalita; ito'y ang Ama."

¹⁹⁹ Kaya paano nga na ang inyong karunungan at ang inyong bagong Kapanganakan na buhat sa Itaas ay maikukumpara sa mga bagay na ito dito sa mundo, itong—itong magagaling na mga salamangkerong ito? Aba, alam nila ang bawat maliit na kurba at sulok. Paano makapananatiling mahinahon si Moises noong sinunod niya ang mga Utos ng Diyos, na ihagis ang tungkod niya at naging isang ahas ito, at naritong lumalapit ang mga salamangkero at ginawa rin ang gayong bagay? Subalit nanatiling mahinahon si Moises, nalalamang sinunod niya ang Salita ng Diyos, at kinain ng ahas niya ang iba pa sa kanila. Kita n'yo? Kaya kung sumunod kayo at nagawa... Ano ang magagawa niya nang akayin niya sila patungo sa lupang pangako, at naroon ang Dagat na Pula na pumipigil sa kanila, subali't ang landas ng Diyos ay dumaan mismo dito. Amen. Sabi, "Manatili kayo, at masdan ang Kaluwalhatian ng Diyos!"

²⁰⁰ Kapag nasa daan ito ng tungkulin, ng pagsunod sa Salita ng Diyos, tumayo roon at masdan itong bumukas. Amen. Limampu't tatlong taong gulang na ako, pinaglilingkuran Siya ng mga tatlumpu't tatlong taon na, sana mayroon akong sampung milyong taon upang paglingkuran Siya. Hindi ko pa Siya nakitang nabigo, kapag sinunod ang Kanyang Salita. Tama 'yan.

²⁰¹ Ngayon tingnan, pagkatapos na pagkatapos ng kanyang kasalanan, natuklasan ang kanyang mga lihim. Natalakay na natin 'yan noon, alam natin ito.

²⁰² Ngayon ang susunod na kabanata, tingnan ang Apocalipsis 18. Hayaang dumako ako dito sa isang saglit lang. Isa marahil itong mabuting bagay, hindi naman tayo magtatagal dito kundi ilang sandali lang, at maaaring mangahulagan ito ng isang munting bagay sa inyo. Hangad ko na ganun nga.

²⁰³ Ngayon nakikita natin dito, sa ika-17 kabanata, ang ika-5 talata.

... sa kaniyang noo ay nakasulat ang isang pangalan, HIWAGA, DAKILANG BABILONIA, INA NG MGA PATUTOT, ANG KASUKLAM-SUKLAM SA LUPA.

At masdan.

At nakita ko ang babae (iglesya) na lasing sa dugo ng mga banal, at sa dugo ng mga martir ni Jesus: ... nang aking makita siya, ay nanggilalas ako ng malaking panggigilalas.

²⁰⁴ Kita n'yo, sa pagkakita sa kanya, talagang isa siyang napakagandang bagay. At siya ang ina ng mga patutot, relihiyong patutot, mga denominasyon, ang eksaktong ginawa niya, kita n'yo, dahil nagpasok sila ng mga dogma na gaya ng ginawa niya. Ngayon tumingin, tingnan sa Apocalipsis ngayon, iyan ang ika-17 kabanata, na nagtatapos sa ika-18 talata. Ngayon masdan.

... pagkatapos ng mga bagay na ito, pagkatapos na matuklasan ang hiwaga niya, pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang ibang anghel na nananaog mula sa langit, na may dakilang kapamahalaan; ...

²⁰⁵ Ngayon, naritong dumarating ang isa pang mensahero na bumababa, kasunod na kabanata, natuklasan na ang hiwaga niya. Ngayon, ito na ngayon ang pagkatuklas sa hiwaga niya at sa hiwaga ng kanyang mga anak. Kita n'yo, nauunawaan na natin ngayon nang tumpak kung ano ang nagpaging patutot sa kanya: dahil nagkasala siya ng pangangalunya laban sa Salita ng Diyos. At iyan ang nagpaging organisasyon sa kanya. Hindi siya makapanatiling isang iglesyang maka-Biblia at tanggapin 'yon. At maging ang anumang organisasyon na hindi tumatanggap sa bawat Salita Nito (sa paraan ng pagkasulat Nito) ay hindi maaaring maging isang iglesyang maka-Biblia. At wala sa kanila ang ganyan, na may alam akong kahit na ano, wala isa man. Kaya hayan, kita n'yo, sa oras na nag-oorganisa na siya ng mga bagay na ginagawa niya, (kapuwa sa pamamagitan ng Kasulatan at ng katibayan) namamatay siya mismo doon, pagkatanggap niya sa dogma. Ngayon tingnan, ngayon ganyan ang nangyari.

²⁰⁶ Nagsugo ang Diyos, dito sa ika-18 kabanata, ng isang makapangyarihang anghel, matapos na mahayag ang hiwagang iyon, isang makapangyarihang anghel, o, isang mensahero. Masdan dito.

... pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang ibang anghel na nananaog mula sa langit, na may dakilang kapamahalaan; at ang lupa ay naliwanagan ng kaniyang kaluwalhatian.

At siya'y sumigaw...ng malakas na tinig,...ang dakilang Babilonia (kaguluhan) ay gumuguho,...at naging tahanan ng mga demonio,..kulungan ng bawa't espiritung karumaldumal, at kulungan ng

bawa't malinis at pagkasuklam...karumaldumal at kasuklamsuklam na mga ibon.

At dahil sa alak ng galit ng kaniyang mga pakikiapid ay nangaguho ang lahat ng mga bansa, at ang mga hari sa lupa...ay mga nangakiapid sa kaniya, at ang mga mangangalakal sa lupa ay nagsiyaman dahil sa kapangyarihan ng kaniyang kalayawan.

²⁰⁷ Tingnan, pagkatapos na pagkatapos na mahayag ang kanyang hiwaga, kung sino siya, ano siya, sino ang mga anak niyang babae, naipaalam na ang hiwaga, saka nagsugo ang Diyos ng anghel, isang mensahero upang (ano?) tumawag. “Mangagsilabas kayo!” Ang Mensahe sa panahon na ito!

...Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan ko, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga salot...

Susumpain Niya siya. Masdan.

²⁰⁸ Mangagsilabas kayo sa kanya! Nagsugo ang Diyos ng marami...makapangyarihang anghel, o, isang mensahero. At wala sa sulok ang kanyang Ilaw, Ito'y nangalat sa buong mundo. Mangagsilabas kayo sa kanya! Sa ano? Sa kanya, at sa kapatid niyang babae, rin. Upang liwanagan ang sanlibutan, at tawagin ang Kanyang bayan palabas sa kanya. Ngayon, alam ninyong 'yan ang Katotohanan. Isang mensahero ang isinugo mula sa Langit, upang tawagin ang bayan ng Diyos palabas sa Babilonia. At ang kanyang Ilaw ay niliwanagan ang sanlibutan, dakilang Espiritu Santo.

²⁰⁹ Pansinin, sinabi ng Biblia, “Isa siyang kulungan, at nakahuli ng mga karumal-dumal at kasuklam-suklam na mga ibon.” Hindi mga agila, ha, hindi, hindi, hindi, hindi. Mga buwitre, “karumal-dumal at kasuklam-suklam na mga ibon,” iyon ang mga ikinulong niya sa paligid niya. Isa siyang hawla na puno nila, isang punong-punong hawla. Ng ano? “Mapamusong na mga pangalan,” na taliwas sa Kasulatan. Sinabi sa Ikalawang Timoteo 3, nangungusap ang Espiritu Santo, “Sa mga huling araw sila'y magsisitalikod sa Pananampalataya at mangakikinig sa mga mandarayang espiritu.” Sinabi rin nito, ang Espiritu Santo ang nangusap na “Sa mga huling araw sila'y magiging matitigas ang mga ulo, mga palalo, kasuklam-suklam (‘Purihin ang Diyos, umanib ka sa amin, kung hindi ay wala ang pangalan mo sa aklat namin, mapapahamak ka’). Kasuklam-suklam! Karumal-dumal!” Hindi naman sana ako nakakasakit, umaasa akong mabuti ang ginagawa ko. Kasuklam-suklam, karumal-dumal na mga ibon, ikinulong niya ang mga ito.

²¹⁰ Alalahanin, ang Diyos ay isang agila. Tinawag Niya ang Kanyang Sarili na agila. At tinawag Niya si Jacob na agila. At tayo ang Kanyang mumunting mga agila. Amen. Tinawag Niya ang Kanyang mga propeta na “mga agila.” At bumaba ang anghel na ito upang magbunyang at tumawag!

211 Tulad ng munting mensahe ko tungkol sa *Niyuyugyog Ng Agila Ang Kanyang Pugad*. Sinusundan ng nakakalugod na munting agilang iyon 'yung matandang inahing manok sa palibot ng bakuran sa lahat ng oras, na kumukurok-kurok, subali't hindi niya makain ang mga bagay na iyon na mayroon ang manok, mga sosyalan, at mga kababaihang may pinta ang mukha, maiikli ang buhok, at shorts. Hindi niya kayang gawin 'yon. Pero wala siyang ibang alam kundi ang pagkurok nung matandang inahing manok. Ngunit isang araw ay natagpuan siya ng inang agila. Sumigaw ito, tinatawag siya, sabi, "Anak, hindi ka isa sa kanila. Lumabas ka sa kanya!"

Sabi, "Nanay, ano po ang magagawa ko?"

212 Sabi, "Ikampay mo ang iyong mga pakpak at magsimula ka." Ang unang lundag, tumama siya sa poste, doon mismo sa gitna ng organisasyon. Sabi, "Anak, kailangan mong lumundag nang mas mataas pa diyan kung hindi ay di kita masasaló. Kailangan mong maiangat ang paa mo mula sa lupa." Dadalhin siya nito sa isang paglipad. Natuklasan niya na kaya pala niyang lumipad. Dumating ito upang tawagin siya palabas. Tama 'yan.

213 Ngunit itong si Inang Babilonia ay nagkulong sa sarili niya ng isang pulutong ng mga manok, mga tusong sisiw, nakakolorete, maikli ang buhok, tinatawag ang kanilang sarili na "mga Cristiano." Mayroon siyang kulungan na puno nila. Kayong mga mangangaral na tumatayo sa pulpito at hinahayaan silang mga kababaihan na magpatuloy sa ganyan, mangahiya nga kayo, upang maparami pa ang inyong mga denominasyon. Sisingilin ng Diyos 'yan sa kamay n'yo. Mangagsilabas nga kayo dito! "Diringgin ng Aking mga tupa ang Aking Tinig." Isang kulungan ng kasuklam-suklam, matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos, mas pipiliin pang maging gaya ng sanlibutan kaysa maging gaya ni Cristo. Kapag nakakita kayo ng babae na napakaraming nakalagay na make-up, nagpapakita lang ito na wala siyang laman sa loob. Huwad siya sa loob. Tiyak na tiyak na tama 'yan. Kung ang babae. . . Nakakita ako ng isa noong isang araw, na may berdeng buhok, tama 'yan, ng lahat ng berdeng bagay na 'yon doon sa kanilang mga mata.

214 Ngayon, kung kayo—kung—kung kayo'y wala nang buhok, at—at gusto n'yong magsuot ng kaunting buhok, ayos lang 'yon, pero, magsuot ng isa na mukha namang pang-tao. At kung wala na kayong anumang kuko, at—at gusto n'yo na maglagay ng mga kuko, huwag kayong kukuha ng tulad nung mga talukap mula sa navy beans, kumuha—kumuha ng totoong mga kuko. Kung wala na kayo ng mga bagay na ito, ayos lang 'yon. Kung wala na kayong mga ngipin, kumuha kayo ng ganun kung igagawa nila kayo ng ganun, kumuha ng mga iyon. Pero huwag n'yong ipapabunot ang ibinigay na mga ngipin ng Diyos dahil lang medyo sungki ang mga ito, at mainam naman silang mga ngipin,

para kumuha ng iba. Huwag kayong magtina ng buhok, o kung ano pa man, at magmukhang kung anong bagay na lumabas mula sa kung saang pusali. Huwag! Kung wala kayong kulay, at gusto n'yong gawin ang sarili ninyo na parang may kulay naman kayo, ayos lang 'yon, nakikini-kinita ko na. Pero huwag n'yong gagawin ang sarili n'yo na kamukha ni Jezebel, na parang kamalig sa kung saan na pinipintahan.

²¹⁵ At kayong mga kapatid na Pentecostal, na hinahayaan ang mga kababaihang 'yan na putulin ang kanilang buhok, gayong sinabi ng Biblia na iyan ang kanyang kapurihan! At ni hindi nga ito nararapat sa kanya na manalangin na ganyan ang kanyang buhok. At gayunma'y hinahayaan siyang pumunta sa pulpito at ipangaral ang Ebanghelyo, umawit sa choir, magturo sa Sunday school. Mahiya naman kayo! Dapat kayong mahiya sa sarili ninyo. Bakit ba laban ako sa organisasyon? Palagay ba ninyo'y magagawa kong maglingkod sa isang bagay na tulad niyan? Alam ko ang dahilan kaya ginagawa ninyo 'yon, kapatid. Alam n'yo ang higit, pero kung magtuturo kayo ng laban diyan, madadala kayo sa tanggapan, at ititiwalag nila kayo. Purihin ang Diyos para sa inyong katapangan kung magagawa nga ninyo 'yon. Tama 'yan. Ikararangal kayo ng Diyos.

²¹⁶ Ano ang sinabi nitong anghel? “Mangagsilabas kayo sa kanya!” Siyanga, po. Pumarito itong anghel sa lupa, at dumating siya upang dalhin ang Ilaw, at pinagliwanag niya ang Ilaw sa buong mundo. Siya'y isang makapangyarihang anghel. At dumating siya upang ihayag ang mensaheng “Mangagsilabas kayo sa Babilonia! Huwag kayong magsihipo sa kanyang mga karumal-dumal na bagay!”

²¹⁷ Mayroong isang kulungang punung-puno nila, sabi, “Siya ang kulungan ng lahat ng mga karumal-dumal na ibon.” Oo, mayroon siyang isang kulungang puno na nila ngayon, ang World Council of Churches, o mga samahan. Naikulong na niya ang buong grupo ngayon, nagsasama-sama na silang lahat. Siya'y naging isang kulungan, siyanga, na puno ng mga kasuklam-suklam na mga ibon. Tama 'yan. Subukang makipag-usap sa isa sa kanila minsan, subukan lang ito, bata, matalino sa karunungan ng sanlibutan, pero hindi hihigit ang nalalaman tungkol sa Diyos kaysa sa alam ng isang kuneho tungkol sa sapatos na pang-niyebe. Tama 'yan. Sadyang, ganoon lamang ito, kita n'yo, ang alam lang nila ay isang kung anong karunungan na maaari nilang ilagay ang *ganito* at gawin ang *ganoon* doon. Pero pagdating na sa pagkakilala sa Kanya? Huh! Oo, nasilo sa kanyang kulungan sa pamamagitan ng kanyang mga dogma. Sinimulan na rin ng iglesyang Protestante ang ganyan, naging mga anak niya, naging sanhi nito sa pamamagitan ng pagtangga sa Salita ng Diyos. Iyan ang ginagawa niya. Tinatanggihan niya ang Salita. At kapag tinanggap ninyo ang isang bagay sa halip na ang Salita, itinanggi mo na Ito mismo. At kapag sumali ka sa isa

sa kanila, tinanggihan mo na rin ang Salita. Hindi gusto ng Diyos na maging ganyan kayo, walang dako nito para sa Kasulatan.

²¹⁸ Pansinin, ito ang anghel ng Liwanag, alalahanin, ang huling anghel, ito ang anghel sa kapanahunan ng iglesyang Laodicea. Ito ang mensahero ng Laodicea, na, ito na ang huli, dahil ang susunod na kabanata ay ang ika-19 na kabanata, na ang parating nang Nobya. At ito, sa Kasulatan, ang huling anghel na dumating upang magdala ng Liwanag bago ang pagdating ng Nobya upang salubungin si Cristo. Ito ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, kung ganun. Ano ang mensahero ng Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea? Tinatawag sila palabas sa Babilonia! Tingnan! Mga iglesya na nasilo sa kanyang hawla kasama niya, sa pamamagitan ng kanyang mga dogma, na itinatanggi ang Salita at tinatanggap ang mga dogma. Ito ang anghel ng Liwanag sa iglesyang Laodicea na tumanggi kay Cristo at sa Kanyang Salita, para sa dogma, at pinalabas Siya. At tumayo Siya sa may pintuan, na kumakatok, sinisikap na makapasok. [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito—Pat.] Kita n’yo? Ang kapanahunan ng iglesya ay tinanggihan ang Cristo, at si Cristo ang Salita, at tinanggihan Ito, at naroon na Siya sa labas. Ang tanging kapanahunan ng iglesya na mayroon tayo na si Cristo ay nasa labas na, kumakatok, sinisikap na makapasok. [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito.] At ang Mensahe ng anghel na ito, mensaherong mula sa Diyos, ay pinapaalingawngaw ang kanyang Mensahe sa lupa, na “Magsilabas sa Babilonia! Magsilabas sa mga organisasyon!” Ang Espiritu Santo ngayon, ang kahayagan ng Espiritu Santo ay ang sinisikap ng anghel na iyan na maibalik ang mga tao sa Salita, sapagkat pagtitibayin lamang ng Espiritu Santo ang Salita. Hindi Nito maaaring pagtibayin ang mga dogma, walang buhay sa mga ito. Siya ang Buhay. Pansinin, ikinaila Siya ng Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, tinanggihan Siya, at pinalabas nila Siya.

²¹⁹ Pansinin, ang anghel na ito ang huling mensahero bago dumating si Cristo sa ika-19 na kabanata ng Apocalipsis. Ang Tinig ng mensahero! Kung mapapansin natin, nang ibigay Niya ang Tinig Niya sa sanlibutan, mayroong Tinig na muling umalingawngaw sa Langit. Ika-4 na talata, kung gusto ninyo itong basahin. Buweno, ika-4 na talata, sa ika-19 na kabanata. Itong mensahero sa lupa ay lubos na nakahilig sa Diyos hanggang sa, noong sinalita niya ito sa lupa, pinaalingawngaw ng Diyos ang ganoon ding bagay sa Langit. Ano ang salin niyaong ika-4 na talata? Ano ang kahulugan nito? Ang Tinig ng Diyos na nangungusap sa Kanyang itinalagang bayan, nagsasabi, “Magsilabas kayo sa kanya!” Na tumpak kung ano nga ang Tinig! Mayroon Siyang mga tao na nasa lahat ng iyon, nasa buong Babilonia. “Magsilabas kayo sa kanya, upang huwag kayong mangaramay sa kanyang mga kasalanan,” siyanga, po,

lumabas sa dogma at mga kredo na 'yan, patungo sa Salita na ginawang Espiritu at Buhay. Amen.

²²⁰ Pansinin, ang ika-19 na kabanata ang kasunod, “Pagkatapos ng mga bagay na ito.” Napansin n’yo ba dito sa ika-19 na kabanata, “Pagkatapos ng mga bagay na ito”? Masdan ang ano? Pagkatapos ng ano? Pagkatapos ng Mensahe ng “Magsilabas kayo sa kanya!” “Pagkatapos ng mga bagay na ito,” masdan, “ay ang sigaw ng mga banal na Nobya, kasama ng Nobyo, patungo sa Kasal ng Kordero.” Gaano na tayo kalapit kung ganoon, kapatid? Ano ang huling pagtawag? Magsilabas kayo sa Babilonia!

²²¹ Ngayon, mga kapatiran ko, iyan ang dahilan kung bakit ako laban dito. Hindi ito nasusulat. Hindi ito katanggap-tanggap. Napatunayan na na mali ito. Wala dito ang Diyos, wala Siya noon pa man, hindi Siya magiging kahit kailan. Ngayon, hindi ko sinasabi na walang mga tao sa mga organisasyong ito, diyan ay kung saan nabubuo ang iglesya. Pero, hangga’t nananatili kayo sa sistemang ’yan, bahagi kayo nito.

²²² Kung mananatili ako sa Estados Unidos, isa akong Amerikano. Hangga’t isa akong mamamayan o isang miyembro nitong Estados Unidos, bahagi ako nito. Kung magpupunta ako sa Alemanya at itatanggi ang pagiging miyembro ko rito, o ang pagkamamamayan ko, kukuha ako ng pagkamamamayan sa Alemanya, hindi na ako Amerikano, isa na akong Aleman. At kung magpupunta ako sa Japan, o kahit saan, sa Rusya, magiging mamamayan ako doon.

²²³ At kapag sumali ka sa isang mamamayan . . . isang sistema, at maging isang mamamayan ng sistemang ’yan, ipinapakita mo kung ano ka. At sa mga huling araw na ito, tumatawag ang Diyos ng mga tao palabas dito. Sinabi nga ng Biblia, “Mangagsilabas kayo sa kanya, upang huwag kayong mangaramay na kasama niya, at tatanggapin Ko kayo. Huwag magsihipo ng kanyang karumal-dumal na mga bagay, nakita ninyo, at tatanggapin Ko kayo. At kayo’y magiging mga anak na lalaki at anak na babae sa Akin, at Ako’y magiging Diyos sa inyo.” Kita n’yo?

²²⁴ Iyan ang dahilan kaya nangusap ako laban sa iglesya, sa—sa samahan. Hindi ko ito matatawag na iglesya. May iisang Iglesya lamang, iyan ang Iglesya ng Katawan ni Cristo. Pero itong mga samahan na tinatawag na “iglesya,” sinasabi sa akin ng Biblia ko na ang mga iyan ay mapamusong na mga pangalan, lahat sila, lahat ng mga organisasyon. Ano ang ipinamumusong nila? Ang *pamumusong* ay “maging taliwas sa,” o, “magsalita nang laban.” Kapag sinabi ng Diyos “halika’t maipanganak” at sasabihin nila “halika’t umanib.” Kita n’yo? Kapag ang mga bautismo ng Espiritu ay pinalitan ng mali para sa isang ostiya sa iglesyang Katoliko, sa isang pakikipagkamay sa iglesyang Protestante, at sa isang emosyon sa iglesyang Pentecostal, sa halip na ang

Persona ni Cristo na naparito sampu lahat nung pagbubuo ng piramide na natalakay natin noong isang araw.

²²⁵ Idagdag sa inyong pananampalataya, ang kagalingan, at iba pa, lahat ng ito sa Unang Pedro, sa unang . . . Ikalawang Pedro, sa palagay ko, sa unang kabanata, kung saan idinagdag ang lahat ng ito sa inyong pananampalataya, lahat ng mga bagay na ito, ang pagiging maka-Diyos, at kalinisan, at kabanalan, at lahat na, at pagkatapos ay seselyuhan kayo ng Espiritu Santo.

²²⁶ Pero tulad lang ito ng isang tao na kanilang. . . inaangkin ng mga tao na mayroon sila nito gayong wala naman sila, dahil tinuruan sila ng mali. Nagkakaroon ang mga Methodist ng isang kakatwang pakiramdam, dati, at nanginginig nang kaunti, o—o nagsasayaw sa Espiritu. Ang mga Pentecostal ay nagsasalita ng mga wika, o—o gumagawa ng isang bagay na ayon sa emosyon. Naniniwala ako sa mga bagay na 'yon, tiyak nga, pero ang mga bagay na 'yon na wala ang iba pang ito ay walang saysay.

²²⁷ Gaya nga ng sinabi ko noong isang araw, para itong isang paboreal. . . o isang itim na ibon na nagpipilit maglagay ng mga balahibo ng paboreal sa sarili niya, o isang buwitre na sinusubukang gumamit ng balahibo ng kalapati. Hindi kailanman tumubo ang mga iyon doon, itinusok lang niya ang mga 'yon sa sarili niya. Itinanim sila, sila'y denominasyon. Ngunit kapag ang Diyos ang naglagay ng anomang bagay doon, ito'y likas. Ginagawa mong sabihin ng sarili mo, "Umanib ako sa iglesya kagabi. Hindi na ako makapagpapatuloy pa, hindi ko na magagawa pang uminom, hindi ko na magagawa ang *ganito*. Umanib na *ako* sa iglesya." Kita n'yo, sinusubukan ninyong maglagay ng balahibo ng paboreal sa inyong patay na buwitre. Tama 'yan. Kita n'yo? Kita n'yo? Kailangan ninyong maipanganak na muli! Kailangan ninyong tanggapan si Cristo. At kapag tinanggap ninyo si Cristo, hindi n'yo matatanggap si Cristo nang hindi tinatanggap ang Kanyang Salita, dahil Siya ang Salita. At kapag mayroon kayong anyo ng kabanalan, at itinatangi 'yan, kung gayon ay napapaisip ako. Kita n'yo? At maaari pa rin kayong maging kaanib sa lahat ng organisasyon na gusto ninyo at magkaroon ng isang anyo ng kabanalan, at wala pa rin Nito.

²²⁸ Ngayon, hayan na, mga kaibigan. Hayan na ang kabuuang bagay. Pagpalain kayo ng Diyos. Tulungan kayo ng Diyos. Hindi ko ito sinasabi para maiba. Ipinaliliwanag ko ang sarili ko. Ito ang mga araw ng pansamantalang pagtigil ng labanan, hindi ako pipirma ng kasunduang pangkapayapaan kasama ninyong mga ministro, hindang-hindi, sa palagay ko'y dapat kayong pumirmang kasama ko; hindi sa akin, kundi sa Diyos, ang Salita. Tama 'yan. Tama 'yan. Sabihin kung ano ang sinasabi ng Biblia, sabihin Ito kung paano Nito sinasabi Ito. Sapagkat sinabi ng Biblia "Sinoman ang magbawas o magdagdag dito." At nakita n'yo, hindi ayon sa Kasulatan ang organisasyon, at kapag

tinanggap ninyo ang unang dogma ay mabuti pang bumalik na lang kayo nang tuluyan, dahil tinawid n'yo na ang linya doon mismo. Kapag bumalik kayo sa bagong kapanganakan, kung gayo'y lalacad kayo sa Kasulatan.

²²⁹ At pupunta kayo sa isang denominasyon, sasabihin nila, “Alam ko, hindi kami naniniwala sa *Ganito*. Ang mga obispo namin sa iglesya namin ay itinuturo na isa kami sa pinakamatandang mga iglesya. Hindi kami nagtuturo. . .” Wala akong pakialam sa kung ano ang hindi nila itinuturo. Kung itinuturo ito ng Biblia, ang Espiritu Santo na nasa inyo ay kakainin Nito ang Salita. Gaano man katalino ang isang tao at gaano man niya sikaping ipaliwanag Ito palayo, kaya nilang magpaliwanag palayo. Ang isang hindi naniniwala sa Diyos ay kayang kuhanin ang Biblia at ipaliwanag nang palayo ang Dios sa inyo.

²³⁰ Kung ganoon, walang taong may karapatan na ipangaral ang Ebanghelyo malibang siya'y, gaya ni Moises, doon sa sagradong buhanginan kung saan siya at ang Diyos lamang ang naroroon, hanggang sa ang isang tao'y maipanganak na muli at nakatayo roon nang mukhaan sa Diyos, at makaalam. Walang ateista, walang sikolohiya, walang pagpapaliwanag, walang iskolar sa mundo ang makapaglalayo Niyaon sa inyo. Naroroon kayo nang maganap ito! Siyanga, po. Alam ninyo kung ano ang naganap.

²³¹ Saka ninyo sasabihin, “Nagkaroon ako ng ganyang uri ng karanasan, at may espiritu ako na nasa akin.” At kung itinatangi nito ang Salita sa anumang paraan, nakuha ninyo ang maling espiritu. Sasabihin ninyo, “Ako—hindi ko matanggap ang bagay na gaya Nito. Alam ko, pero ang iglesya namin. . .” Uh-huh, may maling espiritu. Hayan ang tanda ng inyong pagkakakilanlan. Cain, tinatakan ka na. Siyanga, po.

²³² Si Eba'y nag-alinlangan lang sa isang maliit na Salita; hindi sa lahat ng sinabi ng Diyos, isang maliit na Salita lang, at naging dahilan ito ng bawat sakit sa damdamin at kabiguan, at kamatayan, at kasalanan, at mga pakikipaglaban, at lahat na ng iba pang bagay, bawat libingan, bawat ambulansiyang sumirena, bawat ospital na itinayo para sa mga maysakit. Ang kanyang isang maliit na pag-aalinlangan sa isang maliit na Salita ng Diyos, ang nagdulot ng lahat ng ito. At pinalabas siya, gayong hindi naman dapat ito nangyari. Paano nga kayo makapapasok, na nag-aalinlangan sa isang Salita Nito? Sasabihin, “Alam kong sinasabi Nito *Iyan*, pero Ito. . .” Nangangahulugan Ito nang sadyang Ganoon!

²³³ Ngayon tumingin. Kailangang hatulan ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ng isang bagay. Hindi kayo maaaring magkaroon ng paghatol malibang magkaroon muna kayo ng isang batas. Kailangang mayroong isang bagay, kailangang labagin ninyo ang isang bagay para mahatulan. Kita

n'yo? At kung ganoon ay hindi maaaring magkaroon ng paghatol, nang tama, na walang parusa. Ngayon, kita n'yo, hindi kayo maaaring magkaroon ng isang batas sa bayan na nagsasabing "limang dolyar na multa para sa pagpapatakbo habang pula pa ang ilaw," at sabi ng kasunod na batas "hindi, malaya siyang makatutuloy." Kita n'yo, hindi ninyo puwedeng gawin 'yon. Kaya hindi maaaring magkaroon ng dalawang batas na umiiral sa iisang pagkakataon. At may iisang kautusan, iisang Diyos, iisang Aklat, iisang Cristo. Iyon lang. Isang Pananampalataya, isang pag-asa. Iyon lang. Iyan ang Biblia, si Cristo.

²³⁴ Pansinin ngayon, dito, kung may isang bagay man na idinagdag Dito, ito'y tiyak na idinagdag ng tao. Hindi ito maaaring higit pa kaysa . . .

²³⁵ At kung hahatulan ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ng isang iglesya, gaya nga ng sinasabi ng Katoliko, kung gayo'y sa pamamagitan ng anong iglesyang Katoliko Niya ito hahatulan? May ilan sa kanila; mayroong isa, na Romano; isa, na Griyego; at, oh, mayroong lahat ng iba't ibang uri. Sa pamamagitan ng aling iglesyang Katoliko Niya ito hahatulan? O, marahil ay hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng Lutheran? Buweno, kung ganoon, at marahil hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng Presbyterian? Kita n'yo? Ano'ng gagawin Niya? Hindi Niya ito hahatulan sa pamamagitan ng isang iglesya. Hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Buweno, kung ganoon, hindi Niya kailanman . . .

²³⁶ Kita n'yo, hindi Niya maaaring kunin ang isang pangkat ng mga tao, gaya ng pangitain ng isang kapatid na babae noong isang gabi, ibinuhos ang Espiritu Santo, nagtungo Ito doon mismo sa kahon. Sigurado, walang bagay na humahawak Doon. Ito'y indibidwal. Ibinigay Ito upang linisin ang iglesya, pero hindi nito mahahawakan Ito. Walang organisasyon ang makahahawak Nito. Iyon lang. Sadyang hindi nito magagawa ito. Mayroon na kayo ng lahat ng bagay doon, at hindi n'yo magagawa ito. Hindi ito magagawa ng organisasyon. Ngunit ang indibidwal ito na may Espiritu Santo. Ngayon pansinin.

²³⁷ Saka kung hahatulan ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ng Kanyang Salita, kung gayon tiyak na binabantayan Niya Ito at pinapanatiling mabuti ang kalagayan Nito. O, kung nakapag-aalinlangan na Itong lahat, paano Siya hahatol? Kita n'yo? Kailangang maging isang bagay ito. At hindi Niya kailanman sinabi, "Sinuman, sa pamamagitan ng iglesya." Sabi Niya, "Sinuman ang mag-alis ng isang Salita mula Dito, o magdagdag ng isang salita Dito, ang gayon din ay aalisin (ang kanyang bahagi) mula sa Aklat ng Buhay." Kaya, para sa akin, ito'y ang Diyos, ang Kanyang Salita at ang paghuhukom. Ngayon, kung hahatol ako at tatanggapin ang Salita, at makita na namatay si Cristo para sa akin, kung gayo'y hihilingin ko ang Kanyang Buhay para pumasok at gabayan ako. At kung ang

Buhay Niya ay ang Salita, at isinulat Niya ang Salita, paano nga mapapasa akin ang Buhay Niya, at nag-aangkin ako na taglay ang Espiritu Santo, at nagdaragdag ng isang dogma sa halip na ang Salita? Sadyang hindi ito uubra. Paano ako magdaragdag ng isang denominasyon gayong laban nga Siya dito, at pinatunayan ito, at ipinakita ito sa pamamagitan ng kasaysayan, na sa tuwing nagdedenomina sila ay namamatay sila, sa espirituwal? Oh, dumadami ang miyembro nila, sigurado. Tama 'yan. Dumadami ang miyembro nila. Pero, sa espirituwal, wala silang pinatutunguhan. Ipakita sa akin, sabihin sa akin sa kasaysayan kung saan kailanman na ang isang iglesya na... Matapos itong mag-organisa, ay namatay na ito doon mismo, nilisan na ito ng Espiritu Santo. Wala nang mga himala at mga tanda, at nagtungo siya mismo sa kaguluhan.

²³⁸ Ganyan mismo ang nangyari sa ating mga iglesyang Pentecostal. Ginawa nila mismo kung ano ang ginawa ng kanilang ina. Sa pasimula, lumabas sila, isang bayan na tumanggi sa mga denominasyon. Ngayon, ang ilan sa inyo mga kapatid na nakikinig dito sa teyp, ang ilan sa inyong matandang kalalakihan, ay nalalaman na ilang taon na ang nakakaraan, apatnapu, limampung taon na ang nakakaraan, kung nakipag-usap sila sa inyo tungkol sa isang organisasyon, tiyak na sasabihin ninyong pamumusong iyon. Pero ngayo'y kabilang na kayo sa bagay na noon ay inisip ninyong pamumusong. Kayong mga kababaihan na pinaiiksi ang inyong buhok at nagpipinta ng inyong mukha, tutol diyan ang nanay ninyo, yaong mabuting—mabuting matandang banal na pentecostal. Ano nang nangyari sa inyo? Sinabi ni Pablo, “Nagsitakbo kayong mabuti nang una, sinong gumambala sa inyo?” Kita n'yo? Noon malaya kayo sa bagay na iyan, pero ginusto na ninyo na maging gaya ng iba pa sa kanila.

²³⁹ Katulad na katulad ng sinabi ni Samuel. May Hari ang Israel, at iyon ang Diyos. At sabi nila, “Samuel, tumatanda ka na. Gawan mo kami ng isang hari, gusto naming maging gaya ng iba sa sanlibutan. Gusto naming maging gaya ng ibang mga bansa. Gusto namin ng hari na dadalhin kami sa pakikibaka, gusto namin ng isang hari na kayang ipakipaglaban ang aming mga laban.” At hindi ito ikinalugod ni Samuel.

²⁴⁰ Sabi niya, “Kumuha na ba ako ng anumang bagay mula sa inyo? Kumuha na ba ako ng salapi mula sa inyo? Humingi na ba ako sa inyo ng baka o anuman? May hiningi na ba ako sa inyo na anomang bagay?”

Sabi nila, “Hindi. Hindi ka sa amin kailanman nanghingi ng anuman.”

²⁴¹ O sabi, “Nangusap na ba ako ng anumang bagay sa inyo sa Pangalan ng Panginoon kundi kung ano lamang ang naganap?”

Tama ba? Sabi niya, “Kung gayo’y huwag ninyong tanggapin ang haring iyan, dahil mangangahulugan ito ng kaguluhan sa inyo.”

²⁴² Ngayon nais ko kayong tanungin ng isang bagay, ang Branham Tabernacle. Malapit na kayong maging isang malaking tabernakulo ngayon. Maaaring malayo ako nang sandali. Maaaring magtungo ako sa kung saan. Mahirap sabihin kung saan ako tatawagin ng Panginoon; marahil na mawala sa tagpo, marahil bumalik sa larangan, marahil ay tawagin Niya ako sa ilang. Hindi ko alam kung saan Niya ako tatawagin hanggang sa pagparito ni Jesus. Gusto kong magtanong sa inyo ng isang bagay. Nangingi na ba ako sa inyo ng anumang bagay? [Sinasabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Nanlimos na ba ako sa inyo ng pera? [“Hindi.”] Nagsabi na ba ako ng anumang bagay sa inyo, sa libu-libong mga bagay na sinabi ko na sa inyo sa Pangalan ng Panginoon, kundi, hindi ba ito naganap? [“Amen.”] Kung gayo’y huwag kailanman kayo sumali sa organisasyon. Laban ito sa Salita ng Diyos. Lumabas kayo rito kung nariyan na kayo, at humiwalay kayo at tanggapin ang Salita ng Panginoon.

Iyukod natin ang ating mga ulo.

²⁴³ Dakilang Diyos ng mga propeta, ang Diyos nina Abraham, Isaac, at ng Israel, magdagdag ng kagalingan, Panginoon, dito sa munting pinagputul-putol na Mensahe na nasa aking puso sa matagal nang panahon, upang makarating sa aking mga kapatiran. Marami sa mga naroroon, Panginoon, ang mayroong maling pagpapalagay sa akin. Iniisip nila na gusto kong maiba. Iniisip nila na sinisikap kong maging isang alam-ito-lahat. Sinabi nila sa mga tao na dinadaya ko raw ang mga tao, lalo na sa mga paksang gaya ng *bautismo sa tubig* sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at doon sa *binhi ng serpiyente*, ang *dakilang patutot*, at marami sa mga teyp na ’yon na lumabas na walang kahit na ano kundi ang purong Katotohanan. At tinanong ko sila, “Lumapit ang ilan sa inyo at ipakita kung saan ako nagkasala, o hindi nanampalataya o minali ang kapaliwanagan ng Salita.” At walang nagpakita. Dalangin ko sa Iyo, Ama, hayaang malaman ng mga kalalakahang ito na pinalalagpas nila ang oras. Lubos na mahuhuli sila sa paghihintay, kung hindi sila magbabantay. Nawa sila, bawat isa . . .

²⁴⁴ Panginoon, sigurado po ako dito, masasaktan ang puso ko kung ang Kasulatang ito’y hindi tunay sa akin, gayong sinabi Mo, “Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, ay lalapit. Diringgin ng Aking mga tupa ang Aking Tinig.” Kung gayon, Panginoon, sa palagay ko ang Kaharian ay tunay na gaya ng sinabi Mo, alam kong ito nga, gaya ito ng isang lalaki na kumuha ng isang lambat at nagtungo sa lawa, inihagis ang lambat at hinila ang bawat uri. Mayroon, walang duda, isdang scavenger, mayroong mga pagong, mga gagambang tubig, mga ahas, lahat ng nahuli ng lambat ng Ebanghelyo. Subalit sa wakas, maya-maya, bumalik na muli sa tubig ang ulang, himiwalay ang pagong, sumagitsit

ang ahas at bumalik sa putikang lungga, gaya ng isang aso sa suka nito o ng isang baboy sa lubluban nito. Ngunit may tunay na isda doon, Panginoon. At mayroon ako ng kasiyahang ito, ang pagkaalam, na bago pa man sila mahuli sa lambat, isda na sila noon pa man. Ipinanganak sila, itinalagang isda. At gayon din nga po ang lambat ng Ebanghelyo na nanghuhuli doon sa mga rebaybal. Alam Mo po ang Sariling Iyo. Ang tanging bagay na tungkulin ko, Ama, sa abot ng nalalaman ko, ay ang manatiling tapat sa Salitang Ito. Ikaw nga Yaong Iisang nagpapasya kung alin ang alin. At alam ko na yamang ang pagong ay di maaaring maging isang trout, ganoon din naman na ang isang lalaki o isang tao, na may binging mga tainga sa Ebanghelyo, ay hindi kailanman makauunawa ng Katotohanan. Sapagkat nakita na ito ng Ama, at Iyong ipinangako na lahat ng ipinagkaloob Niya sa Iyo ay lalapit.

²⁴⁵ Makalangit na Ama, dalangin ko po sa Iyo na bawat tao na makarinig nitong munting Mensahe, na ang Ilaw na naipangaral dito, at ang kahulugan na mayroon ako sa puso ko para sa aking kapwa tao, mga tao na Iyong pinagbuwisan ng buhay. At mga kalalakihan, na ang ilan sa kanila ay naroroon, Panginoon, gaya ng sa grupo ni Kora, tapat na mga tao, inakay nang mali, na may banal na suuban sa kanilang kamay, subalit napahamak. Aba, hindi man lamang nila mahayaan ang suuban ng apoy na pumasok kasama nila; ang anak ni Aaron, na si Eleazar, ay kinailangan pa itong tipunin. At gumawa sila ng isang palatandaan para sa altar mula sa mga suubang iyon, isang pananggalang, upang ipakita, at upang maging isang tanda ng kalunus-lunos na bagay na 'yon, na sinubukan ni Kora na bumuo ng isang organisadong pangkat laban sa mensahero ng Diyos. Malayo nawa sa amin ito, Panginoon. Nawa'y lagi kaming proteksiyunan ng Espiritu Santo.

²⁴⁶ Pinasasalamatan Ka namin, Panginoon, na ang aming munting iglesya, itong munting sagradong templo. Maraming taon na ang nakaraan, mga higit tatlumpung taon na, lumuhod ako sa maliit na lawa dito na puno ng mga damo at halumigmig, at inihandog namin ang lupang ito sa Iyo, itong munting istruktura. At doon sa sulok nitong tabernakulo'y nakalatag ang pangitaing iyon. Na naganap nang tumpak. Naroon pa rin. Hindi nila ito wawasakin, Panginoon, kanila lamang. . . tumatanda na ito, at pananatilihin lamang nila ito sa pamamagitan ng paglalagay ng isa sa ibabaw nito. Diyos, loobin na ang ginintuang Ebanghelyong ito na nakatala sa mga pahina rito, hindi nawa Nito lisanin ang munting iglesyang ito hanggang sa dumating si Cristo. Nawa ang bawat bahagi, ang bawat bahagi ng Katawan ni Cristo, nagpupunta sila dito mula sa bawat panig ng bansa at sa buong mundo, nawa tanggapin ng bawat isa sa kanila ang Ilaw, ang Ebanghelyo, at lumakad Dito pagkatapos at tanggapin si Cristo.

247 At maging napakatotoo nawa nito na ang Kanyang mga Salita ay maganap, “Ang mga gawa na Aking ginagawa, ay kanila rin namang gagawin. Siya na dumirinig sa Aking Mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan.” At kapag pumasok na ang Buhay na Walang Hanggan, ipinanganak na sila mula sa Itaas, at ang mga gawang buhat sa Diyos ay inihahayag ang sarili nila, sapagkat ito’y ang siya ring Buhay na nasa Kanya. Hindi Nito magagawa ang iba pang bagay.

248 Kaya, Ama, huwag pong hayaan na ilagak ng iglesyang ito ang kanilang Walang Hanggang paroroonan sa isang sensasyon, sa isang organisasyon, sa anumang bagay maliban kay Cristo Mismo na nabubuhay sa kanila, na pinatutunayan ang Kanyang Salita sa pamamagitan nila at ng Kanyang pangako. Nawa, magmula sa pinakamaliit na munting bata dito ngayong gabi, hanggang sa pinakamatandang tao, ay makatanggap ng karanasang ito. At nawa ang bawat lalaki o babae, batang lalaki o batang babae, na makakarinig ng teyp na ito, nawa’y maging gayon din ito sa kanila, Panginoon, at bigyan po sila ng pang-unawa na sinisikap ko lamang magbigay-babala at tumawag palabas, sapagkat ang oras na ito’y mas nalalapit pa kaysa sa iniisip namin.

249 At nakikita namin ang Babilonia, ang inang patutot, at ang lahat ng kanyang mga anak na patutot na tinitipong magkakasama ang kanilang mga sarili. Diyos, napagtatanto po naming sinabi ng Kasulatan na ang mga mapanirang damo mula sa bukid ng trigo ay unang bibigkisin, na nakabungkos. At nabigkis na sila sa mga bungkos, na tinatawag ang kanilang mga sarili ng mapamusong na mga pangalan na hindi talaga tumutukoy sa kanila, hindi ito tumutukoy sa Iglesya, rin; ito’y mga samahan, hindi mga iglesya. Mayroon lamang isa sa kanila, Ama, at iyan po yaong pinagbuwisan Mo ng buhay.

250 At dalangin ko, Ama, habang nakikita namin silang lahat na binubungkos na ngayon para sa isang nalalapit na atomikang apoy, dalangin ko, Panginoon, na hahayaan Mo ang trigo na mapuspos at bumigat. Ipagkaloob po ito, Panginoon. Yumabong nawa kami at mag-Ilaw, at maging gaya ni Jesus, “Kung hindi Ko ginagawa ang mga bagay na sinabi ng Diyos na gawin Ko, kung gayo’y walang Buhay sa Akin. Ngunit kung ang Diyos ay nangungusap at ipinapakita ang Kanyang Buhay, kung gayon Iyan ay nangungusap para sa Sarili Nito.” Ipagkaloob po ito, Panginoon. Itinatagubilin ko po itong Mensahe sa Iyo, at nawa Iyo pong bantayan Ito, at magdala ng laksana, Panginoon, o, lahat ng Iyong itinalagang mga anak sa Ebanghelyo. Kay Jesus Cristo, na Siyang Salita, dalangin ko sa Kanyang Pangalan. Amen.

I love Him, I love Him
Because He first loved me

And purchased my salvation
On Calvary's tree.

²⁵¹ Itatanong ko sa inyo ang katanungan. Ilan ngayong gabi sa mga tagapakinig na nakikita rito, nitong napakainam na malaking iglesya ng mga tao, o tahanan ng mga tao, pala, sa dakong sambahang ito, na naniniwala nang buong puso ninyo, na ang buhay ninyo'y sumusukat sa hinihingi (kayo) ng Diyos at ng Biblia, at naniniwala kayo riyan, sa pamamagitan ng pagtingin sa sarili ninyong buhay, at sa nakikitang paraan ng pagkilos ng Espiritu sa inyo, na sinasampalatayanan nito ang bawat Salita sa paraan ng pagkasulat Dito, at tinutupad Ito? Sinasampalatayanan ba ninyo Ito? Pagpalain kayo ng Diyos. Nawa'y panatilihin Niya sa tuwina ang Kanyang Espiritu sa inyo.

²⁵² At sa kaibigan ko sa teyp, hangad ko na sana'y nakita ninyo ang mga tagapakinig na narito ngayong gabi, sa palagay ko'y siyamnapung porsiyento man lang sa mga tao ang nagtaas ng kanilang mga kamay, na kanilang sinampalatayanan at tinunghayan ang Biblia, (hindi kung ano ang sinasabi ng iglesya) kung ano ang sinasabi ng Biblia, (hindi kung ano ang sinasabi ng samahan) kung ano ang sinasabi ng Biblia, at nakikita nila ang Buhay ni Cristo na nasisinag Dito.

²⁵³ Alam n'yo, noong araw bago pa sila nagkaroon ng mga pantunaw ng metal, ang-ang panday ay dating pinupukpok ang ginto ng isang martilyo. Palagay ko'y narinig n'yo na 'yon. Bago ito napunta sa tunawan, pinupukpok nila ito. At ang ginto ang pinakamabigat na materyal, mas mabigat ito kaysa tingga. At kaya gumawa ako ng kaunting pananaliksik, at maaari ninyong kunin ang mga buhangin sa daluyan ng tubig sa mga disyerto at ikiskis ninyo ang mga kamay ninyo sa ibabaw ng buhangin, at pagkatapos (whoosh) hipan gaya niyan, at ang alikabok at lahat na ay lilipad palayo, ang mga bato, pero ang ginto ay napakabigat na mananatili ito doon. At pagkatapos kapag dinampot ninyo ang ginto na 'yon, nakabilot ito sa napakaraming dumi hanggang sa matipon nang husto. At sa pagdaraan ng mga panahon ng pagsabog ng bulkan habang natitipon ito, nababalutan ito ng putik at lahat na, bakal na pyrite at iba pang mga materyales na nakahalo dito. Dati-rati'y kinukuha ng tagapukpok itong tipak ng ginto at pinupukpok ito at ibinibiling, at pinupukpok ito at ibinibiling ito, hanggang sa maalis niya ang lahat ng dumi mula dito. At alam n'yo ba kung paano niya nalalaman kung naalis na niya lahat ng dumi? Nasisinag na niya ang sarili niyang larawan dito.

²⁵⁴ At ganyan ang ginagawa ng Diyos sa Iglesya. Pinupukpok Niya ang bawat kredo, bawat denominasyon, bawat dogmang gawa ng tao, hanggang sa makita na Niya ang Kanyang Sariling Buhay na nasisinag sa inyo. "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag Akong sampalatayanan." Kita n'yo?

Kung ano ang nilayon sa Iglesya, ang Buhay na na kay Cristo ay hindi nasisinag sa inyo, huwag kayong huminto kung wala kayong pagtititiis, kagalingan, lahat ng mga bagay na ito, at pagpipigil, at—at mga bagay, at pagiging maka-Diyos, mabuting kalooban sa kapatid, at lahat ng mga bagay na ito na hinihingi sa inyo. Maging ano pa man ang ginawa ninyo, gaano man kayo sumigaw, gaano man karaming iglesya ang nasalihan ninyo, gaano man karaming balahibo ang itinusok ninyo sa sarili ninyo, huwag n'yong gawin iyon. Maghintay hanggang sa tunay, mula sa inyong puso, na magawa ninyong magpatawad, hanggang sa puso ninyo'y magkaroon kayo ng mabuting kalooban sa kapatid. Kahit na kung hatakin pa man nila ang isang dakot na balbas sa isang bahagi, maihaharap n'yo ang kabilang pisngi nang may kababaang-loob, kita n'yo, hanggang sa ang mga kagalingang iyon, ano man ang sabihin nila sa inyo.

²⁵⁵ Nang lagyan nila ng basahan ang buong mukha Niya at hampasin Siya sa ulo, sabi, “Ngayon, sinasabi nila sa akin na isa Kang Propeta.” Ngayon hinatak ang basahan paalis sa Kanyang mukha, at isa sa kanila ang may hawak-hawak ng patpat, sabi, “Sino sa amin ang pumalo sa Iyo? Magproposiya Ka at sabihin sa amin, sa ganoon, saka kami maniniwala na isa Ka ngang Propeta.” Hindi Niya ibinuka ang Kanyang bibig.

²⁵⁶ Kapag narinig ninyong isang propeta ang lumilitaw, na mayroong lahat ng kasagutan sa bawat pakulong kaya ninyong dalhin, alalahanin, hindi siya propeta. Sa panahon ngayon kailangan na alam nila ang lahat ng bagay, kung kailan sasakit ang ngipin ninyo at kung kailan sasakit ang tiyan n'yo, at lahat na ng iba pang bagay, at sasabihin sa inyo ang lahat ng tungkol dito. Hindi ganyan ang kalikasan ng ating Diyos. Masdan ang mga propeta, masdan si Jesus.

²⁵⁷ Tingnan si Pablo, noong magagawa naman niyang bulagin ang isang tao, at hinayaan ang panday ng tanso na palayasin siya sa bansa, “Sa palagay ko'y wala na ang kapangyarihan niyang bumulag.”

²⁵⁸ Si Jesus, Na kayang bumuhay ng patay, at gayunma'y ang sabi may isang lasing na kawal na dumura sa Kanyang mukha, at dumahak at dumura at humatak ng balbas sa Kanyang mukha, at pinalo Siya sa ulo, na may basahang nakabalabal sa Kanya, sabi, “Magproposiya Ka at sabihin Mo sa amin kung sino ang pumalo sa Iyo.” At hindi ibinuka ang Kanyang bibig.

²⁵⁹ Huwag tingnan lahat itong mga manggagawa ng pakulo. Kundi alalahanin, nangungusap lamang sila, nagpapakita lamang ang isang huwad na dolyar na mayroong isang tunay sa kung saan. Kapag nakikita ninyo na dumadami itong mga bagay ng organisasyon at lumalago, gaya nga ng sabi nito “palulusugin ang pagdaraya sa kanyang kamay,” alalahanin lamang, mayroong isang munting Iglesya ng Diyos sa kung saan,

na talagang puspos ng Banal na Espiritu, tunay, na kumikilos paakyat sa hagdan. Huwag tumingin sa malaking organisasyon.

²⁶⁰ Anong mas dakilang iglesya ang binanggit sa Biblia na higit kaysa sa kapanahunan ng iglesya sa Efeso? At nang dumaan si Pablo sa itaas na mga baybayin ng Efeso, at nagtungo sa iglesyang ito, may labindalawang kalalakihan dito. Tama 'yan. At lahat sila'y mabubuting mga tao, sumigaw at nagkaroon ng isang napakagandang sandali, subali't hindi pa natatanggap ang Banal na Espiritu. Sabi ni Pablo, "Hindi pa ninyo natatanggap ang Banal na Espiritu mula nang magsisampalataya kayo?"

Sabi nila, "Aba, hindi namin alam na mayroon palang Banal na Espiritu."

²⁶¹ Sabi niya, "Kung ganoo'y paano kayo nabautismuhan?" Kung wala itong ipinagkaiba, ano'ng sinabi niya sa iglesya doon?

²⁶² Sabi nila, "Nabautismuhan na kami ng isa sa pinakadakilang tao na nabuhay sa mundo, si Juan Bautista, na siyang nagbautismo sa ating Panginoon. Hindi pa ba sapat ang bautismo na 'yon?"

²⁶³ Sabi niya, "Hindi, ginoo. Kailangan ninyong muling mabautismuhan, dahil tinatakan ang Kaharian sa iba pang bagay." At nang marinig nila ito...Sinabi, "Nagbautismo lamang si Juan para sa pagsisisi, hindi sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, na sinasabi na kayo'y magsisampalataya sa Kanya na darating, na samakatuwid baga, kay Jesus." At nang kanilang marinig ito, ay nangagpabautismo silang muli sa Pangalan ni Jesus Cristo. Tama 'yan. Tumpak. Sinunod nila ang Kasulatan.

²⁶⁴ Alam ninyo, sa paghahandog kaninang umaga, sinunod ni Moises ang halimbawa na nakita niya sa Langit, at nagtayo ng isang tolda upang ilarawan ito. Nang itayo ni Solomon ang templo, kanyang (ano ang ginawa niya?) sinunod ang halimbawa ni Moises, sa pamamagitan ng tolda, na sinusunod sa linya ang Kasulatan.

²⁶⁵ At nang magtungo ang Diyos sa Kanyang templo para sa mga huling araw, itong Templo, ang Banal na Espiritu, "isang katawan ang inihanda Mo sa Akin," ang Banal na Espiritu ay bumaba sa Araw ng Pentecostes, ang mensahe ay, "Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Banal na Espiritu. Sapagkat sa inyo ang pangako at sa inyong mga anak, at sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos." Kung nais ninyong tawaging doktor ang inyong ministro, sumulat si Doktor Simon Pedro ng reseta, isang resetang Walang Hanggan. Iyan ang nagbibigay-lunas sa mga maysakit.

²⁶⁶ Hayaan ang ilan dito sa mga huwad na tagagawa ng gamot na subukan, sa pamamagitan ng denominasyon, na punuan ito sa ibang paraan, iyan ang dahilan kaya sila nagkaroon. . . Alam ninyo, kung hindi ninyo idaragdag ang. . . nagdaragdag kayo ng sobra sa reseta, maaaring kayo. . . lubhang marami nang lason, maaari ninyong mapatay ang pasyente ninyo. Kung hindi man ninyo ito lalagyan nang sapat, kayo. . . hindi para sa pangontra, kung hindi, wala itong buting magagawa sa pasyente ninyo. Alam ng manggagamot ninyo kung paano isusulat ang reseta.

²⁶⁷ At si Cristo, ang Banal na Espiritu, ay ang Manunulat ng Reseta, at isinulat Niya Ito. Huwag magdaragdag Dito o aalisin Ito mula Rito, gamitin lamang ang Gamot sa kung ano siya. Ito ang Lunas sa lahat ng karamdaman. Pagpalain kayo ng Diyos. Mahal n'yo ba Siya? Amen.

I love Him, I. . . [Blangkong bahagi sa
teyp—Pat.]
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

²⁶⁸ Ngayon habang inihimig natin ito, bumaling ngayon at kamayan ang katabi ninyo diyan. Oh, isa rin siyang manlalakbay, na napadaan.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And pur- . . . -vation.

[Si Kapatid na Branham ay nakikipag-usap sa isa—Pat.]
Salamat sa iyo, kapatid.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

I love Him, (awitin natin ito ngayon), I love
Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

²⁶⁹ Ngayon ay iyukod natin ang ating mga ulo, ipikit ang ating mga mata, itaas ang ating mga kamay at ang ating mga tinig sa Diyos ngayon, habang itinatagubilin ko kayo sa pastor. Nagagalak kami na makasama kayo rito. Hindi kami denominasyon. Wala kaming batas kundi pag-ibig, walang kredo kundi si Cristo, walang aklat kundi ang Biblia. Walang pakikianib; pakikipag-isa lamang sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo na naglilinis sa atin mula sa lahat ng kawalan ng pananampalataya.

²⁷⁰ Sige, sama-sama lahat ngayon. “I . . . I . . .” Pagpalain kayo ng Diyos. Bumalik kayo at bisitahin kaming muli.

’Cause He first loved . . .

Sige, pastor, kapatid. Ang Panginoon ay sumá . . . Pagpalain kayo ng Diyos. “At . . .” 

BAKIT LABAN AKO SA INORGANISANG RELIHIYON TAG62-1111E
(Why I'm Against Organized Religion)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Nobyembre 11, 1962, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2012 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org